

Daḷúyan

Journal ng Wikang Filipino

TOMO XXX B/LG. 1 2024

TOMO XXX, BLG. 1, 2024



ISSN 01117-1275 (print) | ISSN 2244-6001 (online)

Tomo XXX, Blg. 1, 2024

Ang mga artikulo ng Dalúyan ay pawang opinyon ng mga may-akda
at hindi nangangahulugang opisyal na pahayag ng
Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman.

Jayson D. Petras, PhD
jdpetras@up.edu.ph
Dinektor, Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman

Jem R. Javier, PhD
jem.javier@up.edu.ph

Prop. April J. Perez
ajperez@up.edu.ph
Mga Editor ng Isyu

Larry Boy B. Sabangan
lbsabangan@up.edu.ph
Tagapamahalaang Editor

Jamil Q. Carvajal
jqcarvajal@up.edu.ph
Editor Pangwika

John Vincent K. Forteza
jkforteza@cbzrc.pshs.edu.ph
Tagadiseno ng Aklat at Pabalat

Inilalathala ng Unibersidad ng Pilipinas sa pamamagitan
ng Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman dalawang beses sa isang taon.
Maaaring maakses ang elektronikong bersiyon ng Dalúyan
sa <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/issue/archive>
at sa <https://sentrofilipino.upd.edu.ph/>

Sentro ng Wikang Filipino - UP Diliman 3/F, Gusali ng Linangan ng Maliliit na Industriya (ISSI),
Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

Telepono blg.: +632-8924-4747 at +632-8981-8500 lok. 4583.
Email: daluyan.swf.upd@up.edu.ph

Nilalaman

- 04** Talâ ng mga Editor
JEM R. JAVIER
APRIL J. PEREZ
- 08** Panimulang Pagsusuri sa Talipapa:
Antolohiya ng mga Tulang Pambata:
Isang Meta-Dokumentasyon
R.B. ABIVA
- 16** Pagbuo at Balidasyon ng
Tala ng mga Pang-Unibersidad na Akademik at
Administratibong Termino at
Nomenklaturang Isinalin sa Filipino
ARIEL URSOLON BOSQUE
RICARDO H. MOMONGAN JR.
- 27** Ang Wika ng Mag-asawang
Laykong Lingkod ng
St. Clare of Assisi Parish, Malabon mula sa
Iba't Ibang Konteksto Gamit ang
Pag-aaral ni Maggay
RAMILITO B. CORREA
- 38** Wika ng Lahi: Mga Natatanging Termino sa
Ilang Piling Ritwal at
Paniniwala ng mga Imangali
MARYJOYCE DUPALI-WANGIWANG

Talâ ng mga Editor

JEM R. JAVIER, PhD

jem.javier@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

Prop. APRIL J. PEREZ

ajperez@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

I tinatampok sa isyung ito ng Daluyan ang resulta ng mga pananaliksik na tumatalakay sa panitikan, wika, at ang pagiging kawing ng mga ito sa lipunang Pilipino. Ang kalipunan ay binubuo ng apat na artikulo: “Panimulang Pagsusuri sa Talipapâ: Antolohiya ng mga Tulang Pambata: Isang Meta-Dokumentasyon” ni Rene Boy Abiva, “Pagbuo at Balidasyon ng Tala ng mga Pang-Unibersidad na Akademik at Administratibong Termino at Nomenklaturang Isinalin sa Filipino” ni Ariel Bosque, “Ang Wika ng Mag-asawang Layko ng St. Clare of Assisi Parish, Malabon mula sa Iba’t ibang Kontekstong Gamit ang Pag-aaral ni Maggay” ni Ramilito Correa, at “Wika ng Lahi: Mga Natatanging Termino sa Ilang Piling Ritwal at Paniniwala ng mga Imangali” Mary Joyce Dupali-Wangiwang.

Matutunghayan sa artikulo ni Abiva ang paglalapat ng sosyo-historikal at kritisismong pampanitikan sa pagsusuri sa mga piling tulang nakapaloob sa nasabing antolohiya. Kaakibat ito ng isang gawaing pang-ekstensiyon sa Brgy. Talipapa, Cabanatuan, Nueva Ecija. Sa pagbuo ng pag-aaral na ito, nagsagawa rin ng palihan para sa mga mag-aaral na naging mahalagang lunsaran ng malikhaing produksiyon at diskurso, ayon na rin sa may-akda. Sa pamamagitan din ng palihan, higit na nata-sa ang kakayahan sa pagsulat ng mga kalahok at inilapat ang pagpopook na para kay Abiva ay naglalayong higit pang maisapraktika ang mga teorya. Kolaboratibo ang proyektong ito ng mga mag-aaral katuwang ang ilang organisasyong may kolektibong adbokasiya sa edukasyon para sa komunidad habang isinasaalang-alang ang esensiya ng gampanin ng guro sa lalo pang pagpapahusay ng mga akda. Lumutang ang sari-saring paksa mula sa mga

persona sa tula. Dagdag pa ni Abiva, “nagawa ng palihan na buksan ang isang bagong mundo para sa lahat ng mga nagsipaglahok, mundong sila rin ang lilikha at kanila sa-pagkat natutuhan nilang ipook at bigyan ng kahulugan ang kanilang pinagsanib na mga diwa at praktika.”

Sa kaniyang artikulo, tinalakay ni Bosque ang pagkaklaster, mga konsiderasyon sa pagsasalin, at isinagawa ang pagbuo ng tala ng mga naisaling terminong pang-Unibersidad sa Rizal Technological University (RTU). Inilahad niya ang mga akademik at administratibong termino at nomenklaturang umiiral sa RTU sa pamamagitan ng apat na yugto. Una, ang pangongolekta at pagkaklaster sa mga aytem mula sa mga inilalathalang dokumento sa Unibersidad. Ikalawa, ang pagmamapa sa iba’t ibang konsiderasyon sa teknikal na pagsasalin, gayundin ang paglalapat ng payak na wika. Ikatlo, pagsasakaturapan ng aktuwal na pagsasalang tumatalima

sa pagpapatupad ng mga isinaad na konsiderasyon, at panghuli, ang pagtitiyak sa kaayusan, kawastuhan, at kaakmaan ng mga salin. Itinuring na mga konsiderasyon sa pagsasalin ang posisyon at ayos ng mga salita sa salin, pagsasakonteksto at intensiyon ng salin, at target na mambabasa at tagagamit. Bukod pa rito, siniyasat din ang *lexical choice* ng pagsasalin. Para kay Bosque, lubos na makapag-aambag ang pagsasalin ng ganitong mga termino tungo sa intelektuwalisasyon ng Filipino sa mga institusyon ng lalong mataas na edukasyon.

Samantala, sa papel ni Correa iniugnay niya ang paraan ng komunikasyon sa katangian ng relasyon ng mag-asawa sa naturang parokya. Masinop na tinipon ng may-akda ang iba't ibang salita, idyoma, pangungusap, at kawikaan na sinasabing sumasalamin sa buhay-may-asawa ng kaniyang mga nakapanayam. Ipinakita rin ni Correa kung paanong ang mga panlipunang estruktura, gaya ng relihiyon at organisasyong pangmag-asawa gaya ng Marriage Encounter Foundation of the Philippines, ay maituturing na tagapamagitan o tagapag-ugnay na ang layunin ay panatilihin ang pagkakasundo ng mga mag-asawang kaanib sa kanilang pangkat. Sa gayon, napag-uugnay-ugnay ang iba't ibang kaparaanan ng pakikipagtalastasan, i.e., berbal at di-berbal na komunikasyon at matalinghagang pangungusap, na pawang itinuturing na sangkap sa wika bilang instrumento ng pagkakaunawaan. Ani Correa, "...karaniwan ang paggamit ng pahiwatig sa pagbibigay ng mensahe sa ibang tao...[na] nakakahalubilo natin sa pang-araw-araw na buhay." Gayunman, kinakailangan ang lubos na pag-unawa sa kahulugan ng mga naturang pahiwatig sapagkat ito ang magbibigay-daan upang lubos na maunawaan ang isa't isa. Ang ikaapat na artikulong tampok sa isyung ito ng *Daluyan* na iniakda ni Dupali-Wangiwang, idinokumento ang ilang piling aspekto ng kultura ng mga Imangali, etnolinggwistikong grupong nakatira sa Cordillera. Ang paglalarawan sa mga ritwal, tradisyon, paniniwala, at paraan ng pamumuhay ng naturang pamayanan ay binigyang-paglalarawan sa pamamagitan ng 35 piling termino na sa palagay ng may-akda ay pinakamatingkad na tagapaglarawan ng kultura ng mga Imangali. Ipinamamalas din ng papel na ito ang kaangkuhan ng iba't ibang kuwalitatibong metodolohiyang

ginagamit sa agham panlipunan gaya ng pakikipanayam, pagmamasid, at pakikibahagi o participant observation, sa pagbuo ng etnograpiya ng pamayanan. Nakabuo ng mga pangkat ng mga konsepto sa iba't ibang domain ng pamumuhay ng Imangali si Dupali-Wangiwang. Ang mga konseptong kaniyang inilarawan sa pamamagitan ng pagbibigay-depinisyon sa mga kultural na termino ay pawang may kinalaman sa mga piling ritwal at paniniwala sa iba't ibang yugto ng buhay ng tao, i.e., panganganak, pag-aasawa, at pagkamatay. Itinampok ni Wangiwang ang mga terminong ito na mahirap, kung hindi man hindi matutumbasan ng ibang termino sa ibang wika. Ang ganitong usapin ay mahalaga lalo na sa pagbuo ng modyul at materyales na tumutugon sa pangangailangang magkaroon ng kurikulum na matugunin sa kultura (culturally responsive).

Sa koleksiyon ng mga papel sa isyung ito ng *Daluyan*, mapapansin ang pagsasadiwa ng mga may-akda sa dalawang mahalagang salik ng gawaing pampananaliksik. Una, ang kahalagahan ng kolaborasyon sa pagsasakatuparan ng metodolohiya sa pangangalap ng datos lalo na sa pananaliksik na tao at lipunan ang tampok at tuon. Ikalawa, ang kahalagahan ng pagtanaw sa tiyak na kapakinabangan at tuwirang benepisyong ibubunga ng resulta ng pananaliksik. Ikinagagalak namin, kung gayon, na itanghal ang mga artikulong ito na hindi lamang naglalayong palawakin at palalimin ang pangkalahatang kabatiran sa kani-kanilang disiplina, kundi makapag-ambag sa ikaiinam ng buhay at pamumuhay ng pamayanang pinagsagawaan ng pag-aaral, kung hindi man ng buong sambayanan.

Nagpapailanlang kami ng pagpapasalamat sa mga nag-ambag ng papel-pananaliksik, sa mga kasapi ng pangkat pampatnugutan, sa lupon ng mga editor at tagapayo, at sa palimbagan nitong journal—ang Sentro ng Wikang Filipino – UP Diliman, alang-alang sa pagtitiwala sa aming manguna sa paglalathala ng mga tampok na artikulo sa isyung ito ng *Daluyan*. Sa aming mga mambabasa, nawa ang mga papel na inyong matutug-hayan ay magsimula ng diskurso upang kayo man ay makabuo ng pananaliksik na maaari ninyong ibahagi sa amin sa hinaharap.





Panimulang Pagsusuri sa Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata: Isang Meta-Dokumentasyon

R. B. ABIVA

rbabivamvgallego@gmail.com

Manuel V. Gallego Foundation Colleges

ABSTRAK

Itinatampok sa papel na ito ang halaga ng pagpopook at pagpapakahulugan sa ilang mga piling tula na nakapaloob sa *Talipapâ: Antolohiya ng mga Tulang Pambatâ (2023)*. Sa ganang ito, kinasangkapan ng mananaliksik ang isang matapat, lapat sa lupa, at makatotohanang sosyo-historkal na pampanitikang kritisismo. Bahagi ng ginawang paghihimay sa buong libro ang pag-uugnay sa naging gawain sa ekstensiyon ng Manuel V. Gallego *Foundation Colleges* (MVGFC) sa Talipapa *Elementary School* (TES), Barangay Talipapa, Siyudad ng Cabanatuan, Nueva Ecija.

Ginamit sosyo-historkal na lente upang masipat, masuri, at masiyasat ang mga tula na lagpas sa panuntunan ng kumbensiyonal na pagsusuri sa panitikan, sa tula bilang genre, at sa teksto bilang turnilyo ng/sa talinghaga at pananalinghaga. Hindi lamang ito malikhain kundi politikal din na pagbasa sa buong proyekto sapagkat ang pagkakaroon ng loob at labas ay patunay lamang na maging sa panitikan ay may usapin ng representasyon at re-presentasyon sa espasyo at panahon. Ang palihan naman ay integratibong pamamaraan kung saan kasama sa buong proyekto ang mga piling mag-aaral at fakulti ng MVGFC *High School Department* at *Institute of Teacher Education*. Ang kolaboratibong pedagohiyang ito ang siyang sandigan upang umiral ang batas ng pag-unlad sa buong pagpoproseso at proseso ng palihan. Panghuli, sinisiyasat ng papel na ito ang pagpopook at pagpapakahulugan sa gamit at halaga ng palihan bilang epektibong lunsaran ng diskurso at malikhaing produksiyon.

Diskursibo sa madaling sabi ang papel na ito sapagkat kinakatawan nito ang hindi pasibong preliminaryong pagsusuri sa buong libro sapagkat tampok dito ang kilos at galaw ng kapangyarihan lagpas sa itinakda ng mga teksto sa loob ng mga tula. Nasasapul at sinasapul ng proyektong ito ang pagtatampok sa kakayahan ng mga bata sa paglikha ng isang bagong anyo ng pagpopook at pagpapakahulugan sa loob ng kanilang espasyo at panahon. Sa pamamagitan ng kolektibong paglikha, muli nilang inaangkin ang isang larangan at kanilang sama-samang itinatanghal ang bagong anyo ng paglikha ng/sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pananalinghaga gamit ang sining ng pagtula.

Mga Susing-Salita: Palihan; Gahum; Malikhaing Pagsulat; Pampanitikang Kritisismo

ABSTRACT

This paper examines the value of conscientization, interpretation, and understanding in selected poems included in Talipapa: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatà (2023). The researcher used genuine grounded, and truthful socio-historical literary criticism. Part of the analysis in the entire book involves relating it to the extension work of Manuel V. Gallego Foundation Colleges (MVGFC) at Talipapa Elementary School (TES) in Cabanatuan City, Nueva Ecija.

Socio-historical was employed to examine, analyze, and investigate the poems beyond the confines of conventional literary analysis, looking at poetry as a genre and text as a tool of metaphor. This is not only a creative but also a political reading of the entire project, as the interior and exterior dimensions demonstrate that even in literature, there are issues of representation and re-presentation within space and time. Workshop has integrated as a method of the whole project that includes selected students and faculty of MVGFC High School Department and Institute of Teacher Education. This collaboration served as a pedagogy and as a basis in the whole process of development and workshop. Lastly, this paper explores the interpretation and understanding of the use and value of workshops as effective platforms for discourse and creative production.

In essence, this paper is discursive as it represents a non-passive preliminary examination of the entire book, highlighting the actions and movements of power beyond what the texts within the poems dictate. This engagement captures and is captured by the highlighting of children's capacity to create a new form of conscientization and interpretation within their own space and time. Through collective creation, they reclaim a field and collectively present a new form of empowering creation through metaphor.

Keywords: *Workshop; Hegemony; Creative Writing; Literary Criticism*

MAIKLING PANIMULA

Ang panitikang pambata ng Pilipinas ay nagsisilbing plataporma para sa representasyon ng mga paniniwala at pagpapahalaga ng lipunan sa loob ng mahabang panahon. Ginagamit ito upang pagtibayin o hamunin ang mga ideal ng kolonyalismo sa pamamagitan ng wika at mga kagamitang pampanitikan. Hinaharap naman ng *genre* na ito ang mga hamon sa pag-abot sa mga target na mambabasa dahil sa mga tagapamagitan at kontekstong pang-ekonomiya, gayundin ang *cross-marketing* ayon kay Evasco (107). Nagiging daan naman ito upang talakayin pang lalo ang mga kahulugan ng *genre* sa *science fiction* para sa mga batang mambabasa at isalamin ang mga ideolohiya ukol sa kakayahan, karapatan, at halaga ng mga batang Pilipino sa lipunan lalong-lalo na ang mga nasa liblib na bahagi ng kanayunan gaya ng Barangay Talipapa.

Kaya, sa iba't ibang panahon at genre, ang panitikang pambata ng Pilipinas ay naging isang dinamiko at mahalagang kasangkapan para sa pagpapahayag ng kultura, edukasyon, at komentaryong panlipunan. Ito ay humuhubog sa mga naratibong nakakaimpluwensya sa mga kabataan at nag-aambag sa mas malawak na tanawin ng panitikan kahit pa, ayon muli kay Evasco, nadodominahan din ng dating (*affect*) ang mga aklat pambata kaya mahirap itong madekonstrukta o kritikal na masuri dahil sa impluwensiya ng magulang na bumasa. (107)

Ang lahat ng mga naunang nabanggit ay hinggil sa kapangyarihan, na sa ganang akin ay nagdudulot ng mga suliraning mauugat sa usapin ng kapangyarihan. Tinatangap man o hindi, ang panitikang pambata ay nagagamit sa pagpapanatili ng umiiral na estruktura ng lipunan. Tingnan na lamang ang mga napapanood

ngayon sa kasalukuyan. Gayunpaman, isang malaking hamon na gamitin ang palihan upang makalikha ng isang aklat pambata bilang kasangkapan para sa pagbabagong panlipunan lalo na sa kanayunan at isama na rito ang musmos na pananalinghaga ng mga batang walang pagsasanay sa pagsulat ng tula, na kung tutuusin ay kontra sa namamayaning ideolohiya at gahum na. Isa marahil sa mga patunay nito ang pinupunto ni Evasco hinggil sa patuloy na pagiging propesyonal at matatag nang mga pamantayan sa pagsulat, pagguhit, at maging ang pag-aaral at pagsusuri ng mga panitikan para sa bata. (107) Ang propesyonalisasyon, sa kabilang banda, ay bunsod marahil din ng panlipunang kontradiksiyon.

Marami nang nailabas na mga sanaysay na pumaksa sa pantikang pambata. Isa ay si Karen Coats na naglatag ng pananaw hinggil sa mga suliraning kinahaharap ng panitikang pambata sa kabuoan. Dinudulog ito madalas bilang nakapaloob sa popular at pedagogikal na pagsipat lamang. Ayon kay Evasco, naisasantabi tuloy ang pagsipat dito bilang anyong pampanitikan, kung kaya hindi ito nalalapatan ng mga kritikal na lente sa pagsusuri at pagpapahalaga. (107)

Sa pangkalahatan, lalo na sa kanayunan, partikular sa Nueva Ecija ay hindi pinapansin ang panitikang pambata maging sa mga palihan. Marahil sa kadahilanang malakas ang piyudal at konserbatibong trato sa mga bata. Habang sa kalunsuran ay patuloy ang tinatawag na espesyalisasyon sa larang na ito, lumilikha naman ito ng dibisyon sa pagitan ng mga nayon at lungsod. Ang bunga, dahil sa labis na pagkabangkarote ng kanayunan at pag-abante naman ng lungsod, unti-unti'y may paniniwala na rin ng pag-aakma batay sa edad ang panitikang ito. At dahil ang epektong pabor sa namamayaning kaayusan ang relasyon at kontradiksiyon ng nayon at lungsod, nagiging tapunan at tagatanggap na lamang ng ikalawa ng sobrang kalakal at pamantayan ang una.

Sa puntong ito, kailangang bigyang-diin ang pagbibigay sa pagkukuro, na sa pamamagitan ng palihan, ang indibidwal at kolektibong kasanayan, ang kalidad ng buhay, kilos, at pagkatuto sa sitwasyon bunsod ng suliranin at pangangailangan, na kung pagsasama-samahin lahat, ay humahantong sa isang natatanging porma ng kolektibismo. Ang mga salitang ito, kung susuriing maigi ng isang lingguwista halimbawa ay pawang mga salitang-kilos (*action word*) lamang ito pero maaaring taliwas para sa mga kritiko sa larangan ng sosyolohiya at diskursibong panitikan sapagkat sa post-kolonyal na pagsusuri at tradisyon, manipestasyon ang mga salitang ito ng/sa isang mas mataas na anyo ng diskurso hinggil sa kapangyarihan na maaaring sa indibidwal o sa buong pamayanan. Sa madaling sabi'y mga payak na akto na ito ng pagbalikwas kontra sa namamayaning piyudal na gahum sa kanayunan.

ANG PROSESO

Sa papel na ito, itatanghal ang kuwento ng isang panlipunang eksperimento sa pagtuturo at pagkatutong isinagawa sa pamamagitan ng palihan o *workshop* sa Talipapa Elementary School sa Barangay Talipapa, Siyudad ng Cabanatuan mula Pebrero 6 hanggang Abril 24 kung saan aking mulat na ginamit ang palihan. Sa unang araw ay hinayaan ko munang magsulat ng tula ang mga mag-aaral na kalahok para sa layuning masuri at matasa nang mabuti ang kanilang kakayahan sa pagsulat ng tula bago isagawa ang palihan (*needs assessment* ang tawag ng iba rito na kumbaga'y tinutukoy kung saan talaga nagmumula ang "sakit"). Sila rin mismo ang pumili ng paksang kanilang tatalakayin. Pagkatapos suriin ang kanilang kapasidad ay dito ko pa lamang sinimulan ang pagpopook ng metodong aking ginamit at nang sa gayo'y organikong umangkop ang antas ng teoretikong pag-aaral na aking ibinigay hinggil sa pagsulat ng tula. Ang pag-aangkop ay bahagi ng tinatawag na pagpopook kung saan layunin nitong gawing mas kapaki-pakinabang ang teorya sa pang-araw-araw na praktika. Ang sunod na hakbang ay ang pabibigay sa kanila ng pagkakataong kinisin ang kanilang mga akda sa pamamagitan ng paggamit at paglalapat ng ilan sa mga bahagi ng teorya na sa tingin nila'y kapaki-pakinabang sa kanilang tula at upang ito'y mas maging mahusay at umangat ang antas ng imahen, retorika, at anyo sa kabuuan.

Naglaan ng isang buong araw para maisagawa ang proseso ng palihan kung saan kolektibong sinuri ang akda ng bawat kalahok. Mas pinatingkad ng palihan ang kolektibong paglikha na mas nagbigay ng espasyo sa indibidwalidad na lumabas sa pisikal nitong lunan at lumahok sa tinatawag na kolektibismo. At para maging buo ang malikhain at malayang pedagohiya, ibinigay natin sa isang grupo ng mga kalahok na ang tuon ay sa paglikha ng dibuho at malaya rin nilang ginawa ang tinatawag na *conversion process* o muling pagsasatinig kung saan lumikha sila ng imahen na sa tingin nila ay akma sa mensahe ng tula. Naging kalahok din sa palihan ang mga piling mag-aaral at fakulti ng MVGFC High

School Department at Institute of Teacher Education. Nang maipasok na ang mga mungkahing rebisyon mula sa kanilang antas ay akin nang hinawakan ang tungkulin ng pagiging punong-patnugot na siyang nagtiyak na mabuo ang isang buong manuskrito, nailapit ito sa pablisar, natiyak na magkakaroon ito ng sariling ISBN mula sa *National Library of the Philippines* (NLP), at natiyak na may isponsor na makakatulungan sa pinansiya at produksiyon.

Bahagi ng modelo ang pagbibigay ng pagkakataon para sa mga panlabas na salik gaya ng mga organisasyong pansibiko na maaaring makatuwang sa mga inilatag na layunin ng proyekto. Sa simpleng eksplanasyon, ito ang diyalektikang ugnayan ng loob at labas. Pinunan ng mga panlabas na salik ang malaking pangangailangan ng proyekto sa loob gaya ng mga sumusunod na samahang may kolektibong adbokasiya sa edukasyon at ayuda sa mga nangangailangang komunidad: *Order of the Knights of Rizal* - Cabanatuan at Naga Chapter, *Independent Order of Odd Fellows* - Nueva Ecija Lodge No. 38 at Kafagway Lodge No. 56, Cabanatuan City Masonic Lodge No. 53, Palayan City Masonic Lodge No. 331, *Gran Masoneria Lohia Soberania*, *Knights of Phythias*, at Samahang Lazaro Francisco. At ang bunga ng kolektibisasyon na ito ay ang pagkakalimbag nga ng librong *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata* (2023) na inilimbag ng *7 Eyes Production* (OPC) na may ISBN 978-621-8184-47-2.

Nagamit nang buong kapakinabangan, sa madaling sabi ang kapangyarihan ng sining ng pagsulat ng tula at pagguhit ng imahen sa balangkas na buksan ang silid-aralan sa mundo o pamayanan na kinabibilangan ng mga bata, maiugnay ito sa kanila, at maibigay ang pinakamataas na kalayaan ng pagdalumat kung saan naging malaya ang mga mag-aaral na pumili ng subjek para sa kanilang obra. At sa halip na maging tradisyonal na guro, ay nagsilbi lamang akong tagapagsuri sa mga lumabas na pangangailangan, tagapagpadaloy ng kaalaman, at tagatiyak na mapapahusay ang mga likha ng mga mag-aaral hanggang sa ito'y mailabas sa publiko bilang isang libro na maaaring magamit ng mga bata at guro sa elementarya para higit na maging epektibo ang pagtuturo at pagkatuto at masukat ang pagiging epektibo nito sa kabilang banda. Kung gayon, masusukat lamang ang kapangyarihan ng isinagawang interbensiyon sa pamamagitan ng kolektibisasyon sa mga mag-aaral ng Talipapa Elementary School at iba pang organisasyon na nakasama sa buong proseso sa lundo ng pagtugon ng mga teksto at talinghaga sa espasyo at panahon.

SALALAYAN SA/NG PAG(DA)DALUMAT

Ang pitong baitang ng demokratisadong pedagohiya ay isang malikhain at panimulang eksperimento na bago sa aming probinsiya. Ang pedagohiyang ito ay kritikal na kamalayan bilang isang paraan ng pagtutulak at pag-uudyok sa kamalayan na tunguhin ang realidad na sosyopolitikal at upang baguhin ito. Ang kaisipang pang-edukasyong ito ay nakatuon sa pagtuturo, pagkatuto, at paglikha sa mga

kalagayan ng sosyo-ekonomikong hindi pagkakapantay-pantay at sa paraan kung paano ang mga komunidad na nahaharap sa panlipunang pagkakabansag ay maaaring magsama-samang mangarap at magsikap upang baguhin ang mga kondisyon na nagdudulot sa kanila ng pighati na kanilang kinakaharap. Taliwas ito sa pangkaraniwang paraan ng edukasyon, na kaniyang inihahalintulad sa isang sistemang bángo na nagiging sanhi ng pagiging

pasibo ng mga mag-aaral bilang tumatanggap lamang ng kaalaman. Sa sistemang ito, ang (mga) guro ay nagiging mga tagapag-iwan ng impormasyon sa mga mag-aaral na inaasahang susundan nila ito sa pamamagitan ng pagmememorya. Ang ganitong paraan ay nagdudulot ng pagkakahiwalay sa pagitan ng guro at mga mag-aaral, na nagiging sanhi ng pagkawala ng kanilang pagkatao o *subjectivity*, dagdag pa ang kanilang pagiging atrasado.



Figura 1. Ang Pitong Baitang ng Demokratisadong Pagtuturo, Pagkatuto, at Paglikha.

Ang edukasyon ay hindi maaaring maging *neutral*, at ito ay maaaring mapagpalaya o mang-api sa mga tao. Upang hindi maging kasangkapan sa pang-aapi, dapat magtatag ang edukasyon ng bagong ugnayan sa pagitan ng mga guro, mga mag-aaral, at lipunan. Dagdag pa, ang paggamit ng mga salitang pampolitika ay nagbibigay-daun sa diskusyon at nagpapahayag ng motibasyon sa mga mag-aaral upang maunawaan ang mga dinamismo ng kapangyarihan sa kanilang paligid.

Kung gayon, ang kritikal na kamalayan ay batay sa pagtanggap ng pantay na pagkakataon sa pagitan ng mga mag-aaral at guro, na humahantong sa isang karanasan na kapuwa pareho silang nag-aaral sa ilalim ng isang karanasan at isang halimbawa nga ay ang palihan. Ito ang etika at moralidad ng edukasyon. Ito ay nagpapamalas ng kamalayan na kung tutuusin ay higit sa komun na alam ng lahat sapagkat labas sa mga estruktura ng kapangyarihan, kasama na ang kapangyarihan sa loob ng silid-aralan o yaong nakasanayang *superior* na posisyon ng guro at *inferior* na posisyon ng mag-aaral dahil ito ang isinasaad ng tradisyonal at kumbensiyonal na

nakasanayan sa pagtuturo at pagkatuto na nagtataguyod sa mga hindi pinagkakalooban ng pribilehiyo na gamitin ang kalayaan at responsibilidad bilang mga ahente ng lipunan sa kabuoan at makapagluwal ng praktika na nakabatay sa demokratisasyon at pagiging malikhain na saklaw maging ang takbo at nilalaman ng pagtuturo at pagkatuto upang maipakita ang kanilang mga alalahanin/suliranin sa paraang maaaring lubhang magkaiba sa tradisyonal na pagtuturo at pagkatuto sa/ng isang inilapat na kurso at dahil nga ito sa umiiral na kapangyarihan sa loob ng silid-aralan.

Mahalaga ang pagtinging ito sapagkat ang layunin ng edukasyon ay magliwanag ng konsensiya ng tao at humubog ng isipan ng mga susunod na henerasyon sa buong kasaysayan. Ito ay may epekto sa ugnayan ng tao, komunidad, at lipunan. Ngunit dahil sa globalisasyon, nagbago ang pananaw ng mga tao at ang paraan ng kanilang pagtingin sa mundo, na nagdudulot ng mga pagbabago sa layunin, tungkulin, oryentasyon, at estruktura ng edukasyon. Ang pag-iral ng globalisasyon, halimbawa, ay lalong nagpapalaki sa dibisyon sa pagitan

ng *metropolitan* (bayan) at *peripheral* (nayon) na siyang nagluluwal naman sa tinatawag na diskurso sa kabilang banda.

MGA MUSMOS NA MUSA, KAYA BA NILANG MAGSALITA?

Sa unang bahagi pa lamang ng librong *Talipapá: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatà* ay mababasa ang mensaheng ito ni Dr. Joseph L. Gallego¹:

Ang librong *Talipapá: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatà* ay naglalaman ng mga malikhaing talento at artistikong ekspresyon ng mga mag-aaral sa Talipapa. Sinasalamang ng kanilang mga tula at sining kung paano nila binigyan at binibigyan ng kahulugan ang mundong kanilang ginagalawan. Ipinapasilip nila sa atin ang kanilang mundo – isang mundo kung saan puno ito ng kasiyahan at pag-asa sa hinaharap. (7)

Sa ganang aki'y dapat maglaro sa pagpopook ang dapat pagsipat sa mga piling tula sa librong *Talipapá: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatà* upang matumbok ang pagpapakahulugang nais ihayag ng mga batang madalas ay naisasantabi patunay ang testamento ni Dr. De Guzman na ang *Talipapa Elementary School* ay hindi pinapansin pero ngayon, hindi namin lubos akalain na may kakayahan silang maglabas o gumawa ng isang libro (2023).

Kung susuriing maigi ang pahayag ng opisyal ng DepEd ay litaw na litaw ang pamantayan ng metropolitanismo sa panitikan. Binabasa natin ang mga tula ayon sa antas ng tugmaan, antas ng kahusayan sa imahen, retorika, at anyo na pawang sa inabot na dibisyon ng Lungsod at Nayon at ayon na rin sa itinatakda ng merkadong gamit at halaga. Kaya, kung babasahin nga malamang ng mga makatang lungsod ang mga tula sa *Talipapa* ay hindi malayong bansagan nila itong mga tula sa kaparangan.

Subalit, taglay pa rin ng mga tula ang awtentisidad sapagkat sakop ng mga bata ang kinikulusang *terrain*, ang Barangay Talipapa. Mapagpasya ang pangyayaring ito sapagkat ang mga entidad na tinutukoy ng mga bata ay hindi lamang bunga ng kanilang malikot na imahinasyon kundi, gaya ng isang magsasaka ay dapat kongkretong nakatuntong sa lupa at nang sa gayon ay magkaroon ng masaganang ani. Dagdag pa'y usapin din ito ng karanasan. Kumbaga'y hindi kayang dayain ng isang matanda ang kamusmusan ng isang bata. Kadikit ng usapin sa pagiging awtentiko ang usapin sa edad ng manunulat at makata. Ito ang sinasabi ng persona sa librong *The Little Prince (1943)* ni Antoine de Saint Exupéry.

Sa limang taludturang tula na pinamagatang *Dahilan ng Pagpupuyat* ni Mary Luna T. De Guzman ay litaw na litaw ang epekto ng kosmopolitanismo kung saan ang nagsilbing antagonistikong karakter ang telepono na maaaring negatibong arpektiko ng mapaniil na globalisasyon na simbayotiko ang manipestasyon ng pag-iral sa larangan ng espasyo at panahon. Masaklap pa'y organikong-organiko na pawang may sariling

buhay ang globalisasyon sa pamamagitan ng buhay nitong pagkain sa utak ng bawat batang gumagamit ng telepono, halimbawa ng *android phone*. At hindi ito maaaring itanggi sa inaabot na antas ng lokalisasyon sa lokalidad.

*Telepono, telepono
Napakaraming masamang epekto
Tulad na lamang ng di pagkain
Bakit? Sapagkat ang iyong utak
Ay tahimik niyang kinakain. (21)*

Sa tulang *Wika* ni Ronalyn M. Cruz na may apat na taludturang schema, tila mas malaking suliranin naman sa wika ang kaniyang nais tumbukin. Musmos ang personang nagsasalita sa tula at mapapansin ito sa unang saknong subalit mapapansin ang transgresyon sa ikalawang saknong kung saan ang persona ay maghahayag ng mulat na pagpapahalaga sa wikang namana sa dibdib ng kaniyang ina. Sa ikatlong saknong nama'y may diin nang pagkilos kaya't hindi nakapagtatakang tila may posisyon sa wika ang nagsasalitang persona.

*Nang mata ko ay namulat
At natuto sa pagsulat,
Aking lubos na ikinagulat
Ang wika sa larangan ng pag-uulat.*

*Wikang kinamulatan,
Aking unang natutuhan
Sa loob ng aming tahanan
Mula sa aking magulang.*

*At dahil nais kong matuto
Ng iba't ibang dayalekto,
Aking pinalawak nang husto
Ang kasanayan at pagkatuto.*

*Hanggang sa diwa'y nagising
Sa maraming hinaing
Na minsa'y ipinagkait sa atin
Ang wikang dapat ay pagyamanin. (29)*

Habang sa tulang *Himig ng Paglisan* ni Shenalyn Pascual, hahatakin naman tayong lahat bilang kaniyang mambabasa sa bangin ng pag-iisa sapagkat kaniyang ipinapaalala ang sariling limitasyon ng damdamin ng tao, kahit pa ito'y nagkukuta sa likod ng puso na madalas ay siya namang bumubulag sa katwiran dahil sa pag-ibig at pag-asa:

*Aking batid na nag-iba
Damdamin sa isa't isa,
Dahil nang tayo'y nagtagpo
Ay siya namang paglayo. (30)*

Ang mainam sa tulang ito ni Pascual ay naisalansan niya sa maiksing tula ang tila nihilistang tendensiya ng persona.

¹ Kasalukuyang presidente ng Manuel V. Gallego Foundation Colleges. Apo ni Dr. Manuel V. Gallego.

Ang mga bagay at karanasang nawawala sa isang tao, halimbawa ang utak na kinakain ng telepono, ang wika na kailangang pagyamanin, at ang damdamin na naglaho ay ilan lamang sa mga epekto ng gahum na bunga ng globalisasyon. Inilalagay ng penomenong ito ang tao sa *inferior* na panlipunang posisyon at malinaw itong nailahad ng tulang *Pag-abot ng Pangarap* ni Briana S. Tabora:

*Ako ay isang estudyante
Na may pangarap kaya't anong pagsisikap
At araw-araw kung pumasok
Kahit pa maraming pagsubok.*

*Kaya't magsisikap akong lubos
Kahit lakas ko ay maubos;
Mananatili akong matatag
Kahit ulam namin ay di masarap
Maging sa kabilang bahay, ito ay nalalanghap. (21)*

Ang tugon ng persona sa pang-araw-araw na pasubok ay pagsisikap, bagay na karaniwan at hindi na bago para sa isang komunidad na malaon nang biktima ng malapiyudal na kalagayang panlipunan. Sosyo-ekonomiko ang *inferiority* na estado ng persona sa tula ni Tabora. Ang “pagsisikap” at pananatiling “matatag,” gaya ng maraming mahihirap, ang natitirang paraan para mapanatili ang alab ng kanilang puso.

Ang mga tulang gaya nito, sa kabilang banda ay lumikha ng/sa isang klase ng persona na direktang kumontra sa hegemonikal na pananaw at pang-unawa hinggil sa mga bata bilang mahina at walang-kakayahan. Sa tulang *Ako ay Bata* ni Ivy Clarise G. Tique, awtentiko at epektibo niya itong nailahad:

*Ako ay bata.
Hindi matanda.
Madalas umiyak.
Ako ay bata.
Di ko naiintindihan ang mundo.
Bawal akong bumoto.
Walang boses
At di abot ang tainga ng batas.
Ako ay bata.
Walang kapangyarihan.
Di ko kayang imaneho ang sarili
Sa paaralan
O magbayad ng pagkain sa kainan.
Ngunit kahit ako'y bata
Hawak ko ang pagbabago
Ng aking henerasyon at mundo
Dahil hindi lamang kami
Isang bata
Na inyong inaakala. (25)*

Sa tulang ito, umangat ang tinatawag na antas ng poetika ng makata mula ekonomiko patungong politikal sapagkat may usapin nang kapangyarihan. Hindi lamang ginamit ang mga salitang *bata*, *matanda*, *mundo*, *boto*, *batas*, *paaralan*, at *magbayad* na nasa *neutral* na antas

kundi upang makalikha ng isang lohikal na proposisyon sapagkat, ayon kay Wittgenstein, ang lahat ng mga pangungusap sa lohika ay pangkalahatang pinaikli ng mga tautolohiya at lahat ng pangkalahatang pinaikli ng mga tautolohiya ay pangkalahatang pinaikli ng lohika. Wala nang ibang lohikal na mga pangungusap (1953).

Kung gayon, likas bang matampuhin ang mga bata sa mundo o sa kanilang komunidad gaya ng Barangay Talipapa? *We were all children once and our childhood experiences vary depending on our family orientation, social status, dialects, linguistic communities, and diverse cultural backgrounds among others. But all of these boil down to one thing, innocence, and purity.* (Alfonso 15) Ang komentaryong ito ay mahalaga sapagkat sa pamamagitan ng tula, na bunga marahil ng pagiging inosente at pagkakaroon ng kadalisan ng mga bata, ang mga bagay at pangyayaring mailap maitala sa pang-araw-araw na interaksyon sa loob ng silid-aralan dahil na rin sa kapangyarihang namamagitan sa mag-aaral at kaniyang guro, ay umigpaw na mula sa antas ng pagiging literal. Ang personal na pagsusumikap ay politikal na interpretasyon ng karanasan na pundasyong siyang lumilikha ng bagong kahulugan na nagpapabago sa mga paniniwala at asal.

Kung gayon, hindi *fixed* ang kumbensiyon ng pagtuturo, pagkatuto, at paglikha. Maaari din itong magbago o mabago dahil sa pag-iral ng mga puwersa sa loob at labas ng unibersal at partikular na espasyo at panahon.

UGNAYAN NG LOOB AT LABAS

Sa kabilang dako, ang *dialectical* na ugnayan sa labas ang nagtatakda ng halaga sa/ng antas lokalidad at pambansa. Mainam kaya ito? Maaaring mainam sapagkat nabubuo ang isang identidad. Pero maaaring maglaho ito, gaya rin sa politika, dahil sa *hybridity* na dulot ng globalisasyon. Ang paghahalang ito ay tinatamaan ang lipunan, kalusugan, kalikasan, hayop, pamilya, pagpapakatao, wika, prutas, sarili, bagay, at pangyayari. Pagkaklasipika ang tawag dito. Iginugrupo ang bawat tema para malikha ang partikular at unibersal na kahulugan. Ibig sabihin, dahil sa metodong ito, nagiging buo ang Barangay Talipapa mula sa pananaw at lente ng unang panauhan kung saan binibigyan ng tula na magsalita ang mga persona. Nabubuo pansamantala ang isang identidad, halimbawa ng Barangay Talipapa, dahil sa pamamagitan ng tula at mga imahen ay nakakapagsalita at naokupa ng kanilang panitikan at sining ang espasyo na labas na sa kanilang organikong lunan. Hindi lamang sila sumusunod sa padron ng mga nasa labas kundi ipinapakilala nila ang mga eksistensiya at esensiyal na katangian at lohika ng kanilang pag-iral gaya ng/sa simbayotikong relasyon ng tao sa hangin, hangin sa tubig, tubig sa bangka, bangka sa hangin, at hangin sa tao.

Ang simbayotikong ugnayan ay epektibong naipakita ni Nikhole Reyes Bernardino sa tula niyang *Ang Krayola*:

*Krayola ay ating gamitin sa ating mga likha,
gawin nating makulay mundong sa ati'y
ipinagkatiwala;*

*sining ng buhay ay pintahan ng magagandang
halimbawa,*

*buhay ay magiging makabuluhan sa paggamit ng
krayola. (34)*

Sa tula ni Bernardino, mistulang may sariling buhay, isip, at pagpapasya ang krayola na siyang makakatuwang ng persona sa tula sa paghabi ng isang makabuluhang buhay. Ang simbayotikong ugnayan ng persona sa krayola, sa kabilang banda ay may kapangyarihang gawing makulay ang mundo na para bang *antithesis* ito ng tulang *Himig ng Paglisan* ni Pascual.

Sa *Labintatlong Haiku* ni Dr. Ruth C. Alfonso, maliban sa ipinook niya sa kalagayang Filipino ang banyagang anyo ng pagtulang Hapon na may sukat na 5-7-5, lumilikha ng isang anyo ng malikhaing diskurso ang numerong labintatlo. Kung sisipatin ang pagkakasalansan ng mga pamagat na *Tag-araw*, *Hikab*, *Nanay*, *Himpil*, *Langgam*, *Tsinelas*, *Singhal*, *Sinulid*, *Bundok*, *Palengke*, *Bahay*, *Tampisaw*, at *Damo* ay lumilikha ng isang *subliminal* na imahen na kayang tumagos sa literal na antas tungong metapisikal. Dumadapo sa empirikal na antas ang mga imahen ng pananabik, pag-asa, at pagdurusa na binubuo pa ng dalawa hanggang tatlong antas ng pananalinghaga sa kahulugan gamit ang pinagsanib na anyo ng katutubong re-presentasyon at dayuhang sukat, porma, at rima. Sa puntong ito, matingkad ang *unity* sa banyagang anyo ng tula, ang *haiku*, na nagresulta sa tinatawag na *hybridity*. Kaya, nagbabagong-bihis din ang pagpopook at pagpapakahulugan na ginawa ni Dr. Alfonso. Pansinin ang tulang *Tag-araw*:

*Tuyong dayami
Malutong at mayumi-
Araw ng galak. (45)*

Sa pag-iisang ito ng loob at labas, halimbawa ng Talipapa at bansang Hapon sa kaso ng *Labintatlong Haiku* ni Dr. Alfonso, kolektibong hinawan at hinahawan ang landas tungong mas mataas na anyo at porma ng malikhaing pagsulat na sa dulo'y hindi rin naman sila pupuwedeng magsama sapagkat ang magkatunggaling bahagi ay nakatadhanang gumuho ang isa. Nilamon ng lokalisasyon ang tulang *haiku*, nagkaroon ito ng lokal na lasa, dalawang panahon (tag-ulan at tag-araw) at mga imahen dahilan para maglaho ang partikular na batas sa pagsulat ng *haiku*, ang pangangailangang dapat nagtataglay lamang ito ng *Japanese four seasons* maliban sa sukat na 5-7-5 ng makatang si Basho. Pansinin ang tulang *Tsinelas*:

*Sa'n ka pupunta
Kapares na nawala
Ay, direksyong gala! (45)*

Kung gayon, mainam na nagsalita ang mga bata hinggil sa kanilang sarili at sa paraang kolektibo nila ginampanan ang gawain sa pagsasalita at pagpapahayag ng kanilang pinag-isang danas. Ang pagpasok ng mga tagalabas o *Outsider* sa proseso ng palihan ay upang hindi mabigo ang mapagpalayang pedagohiya. Isa rin itong paglayo sa estriktong pananalig sa puristang katangian ng isang kultura, ng kultura ng Talipapa halimbawa. Hamon kung gayon sa lahat na manunulat na maaaring magsulat ang lahat bilang mga tagalabas nga lamang at dapat tiyaking may kakayahan ang katutubong kapangyarihan na lumitaw na hindi naisasakripisyo ang kaniyang kaakuhan. Pero, kung ibabatay sa mga karanasan ng mga nasa laylayan ng lipunan, hindi sasapat ang pagiging personal, matapat, simpatetiko, at kaalamang humanistiko (na madalas ay nagtataguyod pa ng asimilasyong nakasunod pa rin sa padron ng namamayaning gahum) sa malikhaing pagsulat. Ito ay dapat laging mga pagtatangka sa re- presentasyon at representasyon. Kitang-kita ito sa tulang *Batang Munti* ni Rhea Mae Tayao:

*Isang batang munti
Pangarap niya ay sari-sari
Pagmamahal sa kaniyang magulang,
Ay ginagawa palagi.*

*Munting bata, sa iyong paglaki
Nawa'y matutuhan mo ang wastong pag-uugali
Upang makamtan mo ang mga pangarap
Na iyong minimithi. (32)*

LAGOM: SILIP SA GUWANG AT BUNGA

Ginagayak at igagayak pa tayo ng librong *Talipapâ: Antolohiya ng mga Tulâng Pambatâ* sa isang anyo ng pagsipat na paibabaw (*surface criticism*) patungong pagsisiyasat sa kailaliman (*in-depth criticism*). Itinambad, sa kabilang banda, ng pagbasa ang simbayotisismo, salungatan, at hindi pangkaraniwang kaisahan ng loob at labas. Sa ganang ito, ang salungatang ito'y nagresulta sa tinatawag na *hybridity* na siyang bunga ng pagkakaisa ng magkatunggali. Batayang batas ito ng lipunan. Ang simbayotikong siklo ay epektibong naipakita sa ganitong pormula: tao at lipunan, lipunan at tao. Nagawa ng palihan na buksan ang isang bagong mundo para sa lahat ng mga nagsipaglahok, mundong sila rin ang lilikha at kanila sapagkat natutuhan nilang ipook at bigyan ng kahulugan ang kanilang pinagsanib na mga diwa at praktika.

Kapansin-pansin din ang malaking pintuang nagbukas para sa mga mag-aaral ng Talipapa *Elementary School* pagkaraang maisapubliko ang naging bunga ng kauna-unahang malikhaing palihan sa kanilang lugar. Naimbitahan sila sa programang DepEd *Hour* ng SDO Cabanatuan City para isang espesyal na panayam noong Hunyo 6 ng taong kasalukuyan. Naging laman din sila ng balita sa loob ng Siyudad ng Cabanatuan hanggang sa DepEd Region 3 sa Pampanga, kung бага'y lumikha

ng ingay ang ilaya. Sa bahagi naman ng MVGFC bilang siyang nagdala ng pagkakataong malinang ang mga batang manunulat, makata, at dibuhista ng lugar ay muli nitong napatunayang may kakayahan itong palakasin ang mga komunidad na nasa ilalim ng kaniyang *extension work*. Dahil dito, makailang-ulit silang ginawaran ng pagkilala ng SDO Cabanatuan City dahil sa hindi matatawarang dedikasyon sa pagbibigay ng kaalaman at kasanayang kapaki-pakinabang sa pag-unlad ng indibidwal at pamayanan. Bilang dagdag na resulta, opisyal na nilagdaan ng MVGFC at DepEd-SDO Cabanatuan City ang isang *Memorandum of Agreement* kung saan layunin ng nasabing kasunduan na ipatupad sa 57 Mababang Paaralan ang isang palihan na siyang magiging daan para makalikha rin sila ng kani-kaniyang antolohiya ng mga tulang pambata. Ito ay sa unang taon.

Sa ikalawang taon naman ay sa 14 na hayskul.

Panghuli, ito ang epektibong bisa ng lapat sa lupang interbensiyon sa komunidad. Nahuhulma ang dapat ihulma at nalilikha ang dapat ilikha lagpas sa unang akalang hangganan ng posibilidad at imposibilidad. Kung ano't anuman, sa talabang ito ng pagkakaroon ng bisa, ang laging panukatan ng pagiging epektibo ay ang makabuluhang epekto sa buhay ng mga batang unang inakala bilang mga bata lamang. Hindi kalabisan kung ating sasabihin na sampu hanggang dalawampung taon mula ngayon ay magmumula sa Barangay Talipapa ang bagong bulto ng mga manunulat at makata, wika nga'y huwag manalig lagi sa limitasyon sapagkat ang limitasyon ng lengguwahe ang siyang limitasyon ng iyong mundo.



MGA SANGGUNIAN

Alfonso, Ruth C. "Foreword." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 13.

_____. "Labintatlong Haiku." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 32.

Bernardino, Nikhole R. "Ang Krayola." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 34.

Cruz, Ronalyn. "Wika." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 29.

De Guzman, Julie D. "Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata." *Edukasyon Central Luzon*, DepEd Hour, 2023, https://www.facebook.com/watch/?ref=search&v=960073221782369&external_log_id=8f20b6cc-80ae-4c6e-874c86adbbbb17f1&q=talipapa%3A%20antolohiya%20ng%20mga%20tulang%20pambata

De Guzman, Mary Luna T. "Dahilan ng Pagpupuyat." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 21.

Evasco, Eugene Y. "Pag-aakda at Pagkabata: Ang Namamayaning Tunguhin at Estetika sa Panitikang Pambata ng Pilipinas." *Humanities Diliman*, 2011, pp. 105-144.

Gallego, Joseph L. "Pagbati at Mensahe." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 8.

Pascual, Shenalyn. "Himig ng Paglisan." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 30.

Saint-Exupér, Antoine. *The Little Prince*. Penguin Classics. 1943.

Tabora, Briana S. "Pag-abot sa Pangarap." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 21.

Tayao, Rhea. "Batang Munti." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 32.

Tique, Ivy Clarisse G. "Ako ay Bata." *Talipapa: Antolohiya ng mga Tulang Pambata*, 2023, pp. 25.

Wittgenstein, L. *Tractatus Logico-Philosophicus*. 3rd edition. Routledge, 2001.



Full-time na guro ng Agham Panlipunan, Filipino, Malikhaing Pagsulat, at Panitikan sa Manuel V. Gallego Foundation Colleges si **R.B. ABIVA**. Awtor ng labing-apat na libro (14) ng mga tula, maikling kuwento, dagli, at nobela. Nalathala na ang mga akdang pampanitikan sa Diliman Review, Liwayway, Bannawag, Agos, at marami pang iba. Nagtapos ng kolehiyo sa PUP at kasalukuyang tinatapos ang kanyang tesis sa MA-Malikhiaing Pagsulat sa Paaralang Gradwado ng Kolehiyo ng Arte at Literature sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Tumanggap ng fellowships: Palihang Rogelio Sicat, 2018; Cordillera Creative Writers Workshop, 2018; Jeremias A. Calixto Ilokano Writers Workshop, 2019; UP National Writers Workshop, 2019; Palihang Linangan sa Imahen, Retorika at Anyo, 2021; at Luntiang Palihan, 2022. Hinirang ng GUMIL-Filipinas, Bannawag Magazine, at NCCA bilang Pasnaan 9 Most Outstanding Fellow. Nakasungkit na rin ng karangalan mula sa Saniata Prize, LIRA Prize, British Embassy-Manila, Kagawaran ng Edukasyon, Office of the Vice-Chancellor ng UP Diliman, at marami pang iba. Ginawaran ng Distinguished Service Medal Award ng Order of the Knights of Rizal (OKOR) ng Pinakamataas na Konseho ng kapatirang maka-Rizal dahil sa kanyang aktibong pagtataguyod ng panitikan sa lalawigan ng Nueva Ecija. Siya ang nagtatag ng Samahang Lazaro Francisco (SLF) at aktibong kasapi ng Philippine PEN, LIRA, Unyon ng mga Manunulat ng Pilipinas (UMPIL), Gumil-Filipinas, Pambansang Samahan ng Linggwistika at Literaturang Filipino, Kataga, Order of the Knights of Rizal, at Nueva Ecija Odd Fellows Lodge No. 38.

Pagbuo at Balidasyon ng Tala ng mga Pang-Unibersidad na Akademik at Administratibong Termino at Nomenklaturang Isinalin sa Filipino

ARIEL URSOLON BOSQUE

aubosque@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Los Baños

RICARDO H. MOMONGAN JR.

rhmomongan@rtu.edu.ph

Rizal Technological University

ABSTRAK

Mahalaga ang pagkakaroon ng kultura ng pagsasalin sa isang institusyon ng lalong mataas na edukasyon (HEI) para sa operasyon at *stakeholders* nito. Mula rito, layon ng pag-aaral na: maklaster ang mga salita alinsunod sa mga umiiral na kategorya; maisa-isa ang mga konsiderasyong inilapat sa pagsasalin tuon sa posisyon ng salita, konteksto, intensiyon, at target na mambabasa at tagagamit ng salin; at bilang produkto ng pananaliksik, makabuo ng isang tala ng mga naisaling termino at nomenklatura (aytem). Isinakatuparan ang saliksik sa pamamagitan ng *case study research design*, pagkat maituturing ang nabanggit na gawaing pampagsasalin bilang paniniyasat at pagtataya sa kontekstong pangwika ng isang unibersidad bilang lokal ng pag-aaral. Matapos maisaayos ang pagtatala at mabilang ang *frequency* ng mga salita mula sa nakalap na termino at nomenklatura sa tulong ng AntConc, nakalikom ang mga mananaliksik-tagasalin ng 386 na mga aytem. Minamahalaga sa pagsasalin ang *word order adjustment* upang makamit ang kaangkupan, at maitugma ng pagsasaayos ang kaakmaan nito upang higit na maging katanggap-tanggap ang pagtutumbas. Kabilang din sa mga isinaalang-alang ang konteksto at intensiyon ng salin para sa target na mambabasa at tagagamit. Upang matiyak ang kalidad ng salin, nagdaan ang tala sa balidasyon ng mga panloob at panlabas na *validator*, nakatamo ang labing-isang kategorya ng markang *Lubos na Tinatanggap*. Sa pagtataya naman ng *lexical choice*, nangunguna ang Tagalog bilang batayang wika, bagaman ganoon, umiral din ang mga salitang hango sa mga isina-Filipinong Ingles at Kastila na ibinatay ayon sa sitwasyong pangwika ng pook ng pag-aaral. May mga salita ring nanatili na lamang sa orihinal nitong anyo na bunsod ng ganap na pag-aangkop mula sa simulaang wika. Sa kabuoan, panimulang pag-aadhika ang proyekto upang magamit ang wikang Filipino bilang wika ng pamayanang akademik at administratibo, at malunggati ang pagsilang ng isang inklusibo at transformatibong institusyonal na palising pangwika.

Mga Susing-Salita: Pagsasalin, Termino, Nomenklatura, Lexical Choice, Teknikal na Pagsasalin

ABSTRACT

Acquiring a translation culture is pivotal for the effective functioning of a higher education institution (HEI) and to benefit all stakeholders involved. This study aims: to classify words based on existing categories; to identify the considerations applied during the translation process, focusing on word order, context, intention, and the target readers and users of the translation; and to develop a comprehensive list of translated terms and nomenclature (items) as the outcome of the research. A case study research design was employed in conducting the study, as the translation activity involves exploring and assessing the language context of a university in the research locality. The researcher-translators gathered a total of 386 items by compiling and tallying word frequency from the collected terms and nomenclatures using AntConc. The results indicated that the word order arrangement was critical to ensure appropriate semantic transfer, matching the intended meaning accurately. Additionally, careful consideration was given to the context and intention of the translation to cater effectively to its target readers and users. To ensure the quality of the translations, the list underwent internal and external validations, with all sixteen categories receiving “Highly Accepted” ratings. In assessing lexical choices, Tagalog emerged as the primary base language for the translated items, but some words originated from Filipinized English and Spanish due to varying language situations. Certain words retained their original forms as they were directly borrowed from their source language. In conclusion, this project advocates for using Filipino as the language for academic and administrative communication within the institution. It emphasizes the need for an inclusive and transformative language policy to foster a more unified and effective HEI community.

Keywords: Translation, Terms, Nomenclature, Lexical Choice, Technical Translation

PANIMULA

Tumatayang bentaha ang praktika ng pagsasalin para sa mga institusyon ng lalong mataas na edukasyon (HEI), higit sa mga gumaganap na *stakeholders* na direktang benepisyaryo. Dagdag pa, isinusulong din ng pagsasalin ang pag-iral ng ingklusibong kultura at komprehensibong pag-unawa sa mga lubos na kailangang prosesong akademik at administratibo. Pinagtitiyay nito ang inaargumento ni Philipson hinggil sa imposisyon ng monolingguwalismo sa mga institusyong nagbubunga ng pagkakabura ng kultura at pagkakawala ng lingguwistik at kultural na pagkakakilanlan (3) – pagkat kasabay ng pagtataguyod ng praktika ng pagsasalin ang paglikha ng mga resolusyon sa mga suliraning politikal at kultural (Bhatt, Badwan, at Madiba 425). Sa kasalukuyan, may mga HEI sa bansang primaryang ginagamit ang Ingles bilang *medium* ng instruksiyon, pananaliksik, serbisyong pang-ekstensiyon, komunikasyon, at iba pang mga kaugnay na akademik at di-akademik na gawain. Tumutalay ito sa realidad na bumu(bu)o ang mga ahensiya ng mga polisiyang nagtatakda sa Ingles bilang kanilang institusyonal na wika (i.e., adaptasyon ng mga polisiyang maka-Ingles).

Sa mga nagdaang taon, unti-unti nang nahihiikayat ang akademik at administratibong pamayanan ng *Rizal Technological University* (RTU) sa paggamit ng Wikang Filipino sa mga opisyal na korespondensiya at iba pang gawain ng Unibersidad (i.e., mga programa

at daloy ng iba’t ibang seremonya at pagdiriwang). Pagtugon ang mga nabanggit sa pagpapatupad ng Atas Tagapagpaganap Blg. 335, serye ng 1988, na nag-uutos sa lahat ng mga ahensiya ng pamahalaang gamitin ang Wikang Filipino sa lahat ng mga opisyal na transaksyon at korespondensiya, at bilang isang HEI, mahalagang maisakatuparan ng RTU ang itinatakda nito. Sa katunayan, mula 2021¹ naglalabas ang Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad ng mga kautusang nagsasaad ng paggamit ng Wikang Filipino bilang *medium* ng komunikasyon para sa buong buwan ng Agosto. Hango rin sa karanasan ng RTU ang pinagmulan ng pangangailangan, kontensiyon at kondisyong magkaroon ng estandarisadong salin ng mga termino at nomenklaturang ginagamit ng mga tanggapan, ranggo, opisyal na titulo, iba pang pangkaraniwang panawag sa loob ng Unibersidad, at mga dokumentong palagian sa sirkulasyon ng komunikasyon. Sa bisa ng Kautusang Pantanggapan Blg. 1042², *Approved Request for the Filipino Translation of Nomenclature in the University*³ mula sa Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad na inilabas noong Agosto 1, 2022, naipanganak ang proyekto⁴.

Mula sa mga kondisyong nabanggit, layon ng papel na: maiuri ang mga nomenklatura at mga kaugnay na termino ayon sa nabuong pagkakalaster; matukoy ang mga natatanging konsiderasyon sa pagsasalin; at makabuo ng tala ng mga naisaling nomenklatura at terminong magagamit ng/sa Unibersidad. Naisakatuparan ang mga layon sa pamamagitan ng pagtugon sa sumusunod na

1 Isinakatuparan ang layuning magamit ang Filipino bilang midyum ng komunikasyon sa bisa ng Pag-eendoso ng Pangulo ng Unibersidad, inilabas noong ika-9 ng Agosto, 2021, Kautusang Pantanggapan Blg. 1056, s. 2022, “Paggamit ng Wikang Filipino sa Komunikasyon at Programa ngayong Buwan ng Agosto 2022, inilabas noong ika-6 ng Agosto, 2022, at Kautusang Pantanggapan Blg. 1706, s. 2023, “Paggamit ng Wikang Filipino sa Komunikasyon ngayong Buwan ng Agosto 2023,” inilabas noong ika-7 ng Agosto, 2023.

2 Sa panunungkulan ni Dr. Ma. Eugenia M. Yangco

3 Maliban sa mga kautusang nabanggit, nagkaroon ng inisayatiba ang mga mananaliksik na magpadala ng liham sa Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad upang mailatag ang instruksiyong maisalin ang mga termino at nomenklatura. Nagbunsod ito upang ilabas ang Kautusang Pantanggapan Blg. 1042, s. 2022.

4 Sa kasalukuyan, nakapaglalathala na ng sapat na kopya ang *Publication Office* ng RTU at naipamahagi na sa mga tanggapan ng Unibersidad. Naipatala at nabigyan na ang *output* ng *copyright registration* (CCR 2023-06134-A), gayundin ng ISSN. Nakapagbigay na rin ng pahintulot ang Pangulo ng Unibersidad para sa paggamit at diseminasyon nito. Sa ngayon, nagkaroon na rin ng panibagong *set* ng pagsasalin para sa mga bagong tatag na tanggapan at akademikong programa ng RTU.

mga suliranin:

- 1. Ano-ano ang mga akademik at administratibong termino at nomenklaturang umiiral sa RTU?
- 2. Ano-ano ang mga konsiderasyon sa proseso ng pagsasalin?

- 3. Ano-ano ang mga isinaalang-alang para sa *lexical choice* ng mga isinaling termino at nomenklatura?
- Sa kabuoan, narito ang naging balangkas ng pag-aaral:




Figura 1. Balangkas ng Pag-aaral.

Mula sa mamamalas na pangangalap at pagtitipo ng mga termino at nomenklaturang napabilang sa pag-aaral, minamahalaga ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga konsiderasyon sa teknikal na pagsasaling iminumungkahi ni Sison-Buban tuon sa paglalapat ng pragmatiks, at konteksto ng salin, intensiyon ng orihinal na awtor/salin, at target na mambabasa (124-125). Layong mapalutang sa mga konsiderasyon ang mga natatanging praktika sa pagsasaling lumilitaw sa mga isinakatuparang proseso. Kasabay rin nito ang paglalangkap ng elemento ng payak na wika (*plain language*) nang matamo ang malinaw at tiyak na impormasyong bitbit ng mga naisaling aytem. Sa pamamagitan ng mga pagkokonteksto at panunuri, isinapinal ng mga mananaliksik-tagasalin ang proseso sa pamamagitan ng balidasyon ng mga naisaling termino at nomenklatura. Makikita rin sa pigura ang muling pagbalik ng proseso sa pangangalap, sapagkat posible ang paglitaw at panganganak pa ng mga bagong katawagan sa mga susunod na pagkakataon, makatatayo bilang gabay ang pag-aaral sa mga susunod pang edisyon ng tala.

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral ay kuwalitatibo at gumamit ng *case study research design*. Sa tipo nitong pag-aaral, maituturing na kaso ang isang gawaing pampagsasalin ng anumang produktong maaaring siyasatin at maunawaan sa isang tiyak na konteksto (Susam-Sarajeva 40). Sa ganitong gana,

umaayon ang nabanggit sa nilalayan ng pag-aaral na matukoy ang sitwasyon ng mga dapat na maisaling aytem (kategorisasyon ng mga termino, nomenklatura, at iba pang katawagan) upang maitugma ito sa pangangailangan ng Unibersidad at *stakeholders* nitong primaryang target ng pagpapagamit. Isinakatuparan ang mga proseso sa pamamagitan ng apat na yugto. Sa una, kinolekta at naklaster ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga aytem na hango sa mga akademik at administratibong dokumentong pangkaraniwang nasa sirkulasyon at inilalathala ng Unibersidad, *naka-print* man o nakapaskil sa opisyal na *website* at iba pang kinikilalang plataporma. Nailathala ang mga tekstong pinagmulan ng mga *na-survey* na termino at nomenklatura mula sa dulong bahagi ng 2018, o ang simula ng panunungkulan ng kasalukuyang Pangulo ng RTU, hanggang sa unang *quarter* ng 2023⁵. Nakasulat sa pormal na paggamit ng wika ang halos lahat ng mga dokumento⁶, dahil na rin sa kalikasan ng mga funsiyon nito. Mamamalas din ang paggamit ng wikang Ingles sa komunikasyon ng Unibersidad⁷.

Gumamit ang mga mananaliksik-tagasalin ng AntConc⁸ upang maisaayos at mabilis na mabilang ang mga *token*⁹, sinundan ito ng manwal na pagsusuri sa nilalaman ng *dataset*. Iminapa sa ikalawang yugto ang mga konsiderasyon sa teknikal na pagsasalin at paglalapat ng payak na wika. Sa ikatlong yugto naman isinakatuparan ang aktuwal na pagsasaling may pagtalima sa pagpapatupad ng mga naisaad na konsiderasyon. Bahagi sa mga isinaalang-alang sa

5 Pinili ng mga mananaliksik ang nabanggit na limitasyon sa panahon upang maitugma rin sa pagkakalendaryong itinatakdang *Research and Development Center* ng Unibersidad.
6 Maliban na lamang sa mga paskil sa *Facebook Page* at opisyal na *website* ng Unibersidad na gumamit ng ibang rehistro ng wika.
7 Iilang tanggapan pa lamang ang nagtatangkang makagamit ng wikang Filipino.
8 Ito ay isang *freeware* na ginagamit para sa *concordancing*, at panunuri ng mga teksto at korpus.
9 Tumutukoy ito sa indibidwal na salita sa isang hanay.

proseo ng pagsasalin ang mga katangiang lokalisado, kontekstuwalisado, at katanggap-tanggap sa kultura ng pamayanang RTU. Layon naman ng huling yugtong matiyak ang kaayusan, kawastuhan, at kaakmaan ng mga salin, kaya nagdaan ang naisaling tala sa balidasyon ng dalawang panloob na *validator*¹⁰ at isang panlabas na *validator*¹¹. Kinuha ng mga mananaliksik-tagasalin ang *mean* ($\bar{x}$) upang matukoy kung katanggap-tanggap ang naging pagsasalin. Ginamit sa pagtukoy ang iskalang:

Mean ($\bar{x}$) ¹²	Kuwalitatibong Interpretasyon
1.00 – 1.75	Lubos na Di-Tinatanggap
1.76 – 2.50	Di-Tinatanggap
2.51 – 3.25	Tinatanggap
3.26 – 4.00	Lubos na Tinatanggap

Talahanayan Blg. 2. Interpretasyon ng Iskala

Nilagom din ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga naging puna at mungkahi ng mga eksperto at inilapat sang-ayon sa mga ginamit na konsiderasyon sa salin.

Limitado lamang ang pag-aaral sa pagsasalin ng pangalan ng Unibersidad, katawagan ng mga tanggapan, sentro, dibisyon, kolehiyo, kagawaran, at mga yunit sa ilalim ng iba’t ibang klaster, mga di-gradwado at gradwadong programa, mga katungkulan, mga taunan at palagiang pagdiriwang, paggunita, at opisyal na gawain ng Unibersidad, at mga pangkaraniwang dokumento sa sirkulasyon. Hindi kabilang sa mga isinaalang-alang ang mga dokumentong tiyak lamang sa isang tanggapan ang gamit at funsiyon.

SARBAY NG MGA TERMINO AT NOMENKLATURA

Nakalikom ang mga mananaliksik-tagasalin ng 386 na mga termino at nomenklatura mula sa simulaang wikang binubuo ng 1667 na mga salita¹³. Naiseksiyon ang mga termino batay sa mga sumusunod na pinanggalingan:

Seksiyon	Bilang	Pinanggalingan ng mga Termino at Nomenklatura
A	51	Mga Kautusang Pantanggapan mula sa Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad
B	34	Mga opisyal na dokumentong ginagamit sa sirkulasyon ng Unibersidad
C	15	Mga pabatid mula sa mga opisyal na tsanel ng iba’t ibang tanggapan ng Unibersidad
D	57	Opisyal na website ng Unibersidad at iba pang akademikong dokumentong inilalathala
E	210	Tsart ng Organisasyon ng Unibersidad at iba pang mga tanggapan
F	19	Koda ng Unibersidad
Kabuoan	386	

Karamihan sa mga nasa Seksiyon A ay *multilevel* na pulong, programa, at assemblyang madalas na iniaakyat sa Pangulo ng Unibersidad para sa pagpapalabas ng Kautusang Pantanggapan nang maipakalat sa buong pamayanang RTU, maliban sa nabanggit, kasama rin dito ang designasyong naiaat sa mga kasaping fakulti at kawani sa bisa ng pagtatalaga ng Pangulo. Makikita naman sa ikalawang seksiyon ang mga papel na madalas

na ginagamit sa inter-tanggapang komunikasyon, at iba pang *reportorial* na dokumentong ibinabahagi sa loob at labas ng Unibersidad.

Naihanay sa Seksiyon C ang mga terminong kadalasang mababasa sa mga pabatid ng iba pang mga tanggapan sa Unibersidad, gaya ng mga paskil ng bakanteng posisyon at *plantilla item* na bukas para sa aplikasyon. Napabilang sa Seksiyon D ang mga di-gradwado at gradwadong programang nakalathala sa opisyal na *website* ng Unibersidad at mga opisyal na dokumento gaya ng diploma at *transcript of records*. Pinakamalaki ang komposisyon ng Seksiyon E dahil binubuo ito ng mga nomenklatura ng mga tanggapan, sentro, departamento, dibisyon, at yunit, at herarkiya ng mga katungkulan sa buong sistema ng Unibersidad. Makikita naman sa huling kategorya ang mga opisyal na katawagan sa Unibersidad, mga rehente, at akademikong titulo. Tanging dokumentasyon lamang ang layon nitong pagseseksiyon, maaari pa ring makita ang mga aytem sa iba’t iba pang mga tsanel na umiiral sa RTU.

Mula sa mga na-*survey* na aytem, muling naklaster ang mga naisaling termino at nomenklatura sa labing-isang kategorya. Inihanay ito ayon sa sumusunod na mga pagtitipo: Ang Unibersidad at mga Nangungunang Tanggapan; Mga Sentro at Tanggapan sa ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad; Mga Sentro at Tanggapan sa ilalim ng Tanggapan ng Ehekutibong Ikalawang Pangulo; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Ugnayang Akademik; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananalapi at Pangasiwaan; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pagpaplano at Pagpapaunlad; Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananaliksik, Inobasyon, at mga Serbisyong Pang-ekstensiyon; Mga Programang Akademik sa mga Di-Gradwado at Gradwadong Antas; Mga Taunan at Palagiang Pagdiriwang, Paggunita, at Opisyal na Gawain ng Unibersidad; Mga Pangkaraniwang Dokumento sa Sirkulasyon ng Unibersidad; at Mga Ranggo, Katungkulan, Posisyon, at Daglat.

Matapos ang pagsasalin at balidasyon, nakalikom ng 435 na mga *token* mula sa patunguhang wika. Sa tulong muli ng AntConc, naproseso ng mga mananaliksik-tagasalin ang pagsusuri sa *terminological consistencies*, hangad nitong malinang pa ang paglilipat-impormasyon at pag-unawa sa mensahe ng isinaling aytem (Gaspar, Seljan, Kučič 2) at mga salik na nakakaimpluwensiya sa gamit ng mga salita sa tala.

¹⁰ Kapuwa naghahawak ang dalawang panloob na *validator* ng mga kursong espesyalisasyon sa Filipino sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Unibersidad.
¹¹ Isa namang *University Research Associate* sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman ang panlabas na *validator*. Kalikasan ng kaniyang trabaho ang *proofreading* at *copy-editing* ng mga ipinapasang manuskrito sa kanilang tanggapan.
¹² Nagmula ang pagraranggo kina Wentzel, Fapohunda, at Haldenwang (9).
¹³ Idinaan ang *set* ng mga termino at nomenklatura sa *concordancing* upang maisaayos ang mga salita at mabilang na rin ang *frequency*.

MGA KONSIDERASYON SA PAGSASALIN

Sa anumang gawaing pampagsasalin, parating may mga isinasaalang-alang na praktika upang ganap na makamit ang kaayusan ng salin. Sa pagmamapa ni Sison-Buban, isinasaad niyang dapat maisama ang: estilo ng pagsasalang umaayon sa estruktural na kahingian ng tunguhang wika; paglalapat ng tugmang konteksto ng saling mamamalas sa mga ginagamit na teknikal na salita at rehistrong umiiral; hangarin ng mga tagasalin sa pagsasakaturapan nitong proyekto; at pagtukoy sa mga target na mambabasa nito (124-125). Mula rito, nasuri ng mga mananaliksik-tagasalin ang mga sumusunod na obserbasyon:

Posisyon at Ayos ng Salita sa Salin

Kung lagalagumin ang isinasaad ni Sison-Buban sa pragmatiks ng salin, makikita ang kriteryo ng kadalisayan ng isinasalin na sumasang-ayon sa estilo ng paggamit ng wika ng target na mambabasa kaysa estilo ng may-akda (124). Natural ang ganitong akomodasyon upang mapatingkad ang higit na mapakikinabangan ng madla at hindi maisara ang produkto para sa iilang kayang makaunawa sa rehistrong ginamit. Sa pagkamit nito, pinahalalagan ang binabanggit ni Shen na *word order adjustment* (WOA) o pagwawasto sa ayos ng mga salita ng mga naisalin nang matamo ang maximum na antas ng *dynamic equivalence*¹⁴ (256). Sa ganitong gana, iniaayon ng mga tagasalin ang pagpili sa mga salita sa pagsasalinang wika batay sa kaniyang persepsyon sa teksto at kaniyang ungyan sa target na tagagamit at mambabasa (Yuvarlak). Lumilitaw ritong nakakatulong ang WOA upang akmang mailatag ang angkop at mas katanggap-tanggap na salin. Sa obserbasyon, makikita ang mga tipak (o *segment*) ng mga isinasaling aytem ayon sa estruktural na impormasyon nito.

(a) College of Arts and Sciences
 Kolehiyo ng mga Sining at mga Agham

(b) Department of Biology
 Kagawaran ng Biyolohiya

(c) Bachelor of Science in Architecture
 Batsilyer ng Sining sa Arkitektura

Kapansin-pansin sa unang set ng mga halimbawang nabitbit mula sa simulaang wika¹⁵ ang estruktura ng isinasaling aytem hanggang sa tunguhang wika¹⁶. Nanatili ang ayos ng mga salita at hindi nakompromiso ang *phrasal semantics*¹⁷ nito. Lumilitaw ritong bagaman direktang isinalin ang mga salita, walang nagbago sa katuturang hiling na mapabatid ng pagsasalin. Masusuri sa mga halimbawa ang pananatili ng mga panandang kolehiyo, kagawaran, at batsilyer sa inisyal na posisyon. Konsistent ang ganitong pagpoposisyon ng mga pananda sa iba pang aytem, bagaman nagkakaroon ng minimal

¹⁴ Tumutukoy ito sa pinakamakahulugang saling nakabatay sa katuturang hinango sa kontekstuwal na konsiderasyon. Sa ganitong gana, naglalaan ang mga tagasalin ng konsiderasyon sa kakayahang pangwika ng mga inaasahang mambabasa upang mabilis na maproseso ang mga naisaling materyal, natatamo ang ganitong aspekto kung gagamit ng mga salita at estrukturang mas kauna-unawa at kabasa-basa para sa tiyak na mambabasa at tagagamit.

¹⁵ Ingles. Nakahilig ang mga salita.

¹⁶ Filipino.

¹⁷ Kargadong kahulugan at katuturan ng isang parirala.

¹⁸ Sa talakayan nina Santiago at Tiangco (231), binabanggit nilang simbong (–) ang gagamitin upang katawanin ang proseso ng pag-aangkop sa mga kasangkap na salita.

na pagrereposisyon sa ibang tipak ng isinasalin upang maisaayos ang diwa nito, gaya ng:

(d) Department of Financial Management
 Kagawaran ng Pampananalapi Pamamahala-ng

‘Kagawaran ng Pamamahalang Pampananalapi’

Kapansin-pansin sa itaas (d) at sa mga halimbawa (e) at (f) ang presensiya ng gatlang¹⁸ na namamagitan sa salitang-ugat at pang-angkop. Tanda ito ng pagkakabit ng –ng at –g sa mga salitang inaangkupan. Bunsod ang pagsisingit ng hangaring mapadalisa at mapanatili ang posisyon ng mga salita, at pagsasaalang-alang sa ekonomiya ng mga salita.

(e) Administrative Officer
 Administratibo–ng Opisyal

(f) Annual Report
 Taunan –g Ulat

Sa kabilang banda, may mga naisaling ganap na nailipat ang mga pananda mula posisyong pinal (kung sa simulaang wika) na naging inisyal, tulad ng:

(g) Laboratory School
 Laboratoryo Paaralan–g

‘Paaralang Laboratoryo’

(h) Management Audit Unit
 Pamamahala Awdit Unit

‘Yunit ng Awdit sa Pamamahala’

(i) Internal Audit Services Center
 Internal Awdit mga Serbisyo–ng Sentro

‘Sentro ng mga Serbisyon Awdit Internal’

(j) International Programs Unit
 Internasyonal mga Programa–ng Yunit

‘Yunit ng mga Programang Internasyonal’

Naging makahulugan ang paglipat ng posisyon ng mga salita dahil sa WOA kung ikukumpara sa literal nitong pagsasalin. Nagkabaliktad lamang sa (g) ang posisyon ng mga salita at inangkupan sa tulong ng –g. Makikita naman sa (h) ang paglipat ng mga salita at paglalagay ng ng at sa bilang mga pantukoy sa mga naisaling aytem sa tunguhang wika upang padalisayin

Naging makahulugan ang paglipat ng posisyon ng mga salita dahil sa WOA kung ikukumpara sa literal nitong pagsasalin. Nagkabaliktad lamang sa (g) ang posisyon ng mga salita at inangkupan sa tulong ng –g. Makikita naman sa (h) ang paglipat ng mga salita at paglalagay ng ng at sa bilang mga pantukoy sa mga naisaling aytem sa tunguhang wika upang padalisayin

Naging makahulugan ang paglipat ng posisyon ng mga salita dahil sa WOA kung ikukumpara sa literal nitong pagsasalin. Nagkabaliktad lamang sa (g) ang posisyon ng mga salita at inangkupan sa tulong ng –g. Makikita naman sa (h) ang paglipat ng mga salita at paglalagay ng ng at sa bilang mga pantukoy sa mga naisaling aytem sa tunguhang wika upang padalisayin

ang bigkas ng kabuoan. Masusuri sa (i) ang paglipat mula pinal patungong inisyal na posisyon ng salitang *sentro* at ng *serbisyo* mula midyal-pinal patungong midyal upang mas mapatingkad ang estruktural na kahingian ng isinasalin. Sa halip na *Internal na Awdit*, ipinadron ang ginamit na aytem sa mungkahi ng Komisyon sa Wikang Filipino (11) sa salin ng '*Internal Audit Service*' na '*Serbisyong Awdit Internal*' bagaman may maaaring pagkatig din sa paggamit ng 'panloob na awdit.' Ganap ding nabago ang posisyon ng mga salita sa (j). Napunta ang pananda sa inisyal na posisyon habang naipuwesto ang 'internasyonal' sa pinal upang maturingan ng salitang 'programa-ng.'

(k)
Office of Student Affairs
Tanggapan ng Mag-aaral mga Ugnayan

and Services
at mga Serbisyo

'Tanggapan ng mga Ugnayan at mga Serbisyon Pangmag-aaral'

(l)
University Data Protection Center
Unibersidad Datos Proteksiyon Sentro

'Sentro ng Proteksiyon ng Datos ng Unibersidad'

(m)
University Center for Review
Unibersidad Sentro para sa Rebyu

and Related Instructions
at Kaugnay mga Instruksiyon

'Pang-unibersidad na Sentro ng Rebyu at mga Kaugnay na Instruksiyon'

Masusuri sa (k) ang paglipat ng posisyon ng mga salita upang higit na maging kauna-unawa at makatuturan ang salin, naiposisyon ang inalomorpohang *mag-aaral* (pangmag-aaral) upang mabigyang-turing ng mga salitang *ugnayan* at *serbisyo-ng*. Maihahambing naman ang mga inilapat na tuntunin sa mga salin ng (l) at (m). Mapapansing naging inisyal ang *sentro* sa (l) mula sa pinal na posisyon nito. Inihanay naman ang nalalabing bahagi ng salin, sa ganitong gana, maituturing ang 'datos' bilang *reference point*¹⁹ ng pariralang pantukoy. Nananatili namang inisyal-midyal ang posisyon sa (m) upang tuluyang maturingan ng *pang-unibersidad* (na *University* sa SL) ang *sentro* sa TL. Nangangahulugang ganitong tuntunin din ang inilalapat sa iba pang aytem na gumagamit ng pagrereperensiya ayon sa ayos²⁰ at paggamit ng mga pariralang pantukoy²¹.

Pagkokonteksto ng Salin

Mahalaga ring maisaalang-alang sa pagsasalin

¹⁹ Sa paliwanag ni Malicsi, ang mga pangngalang binibigyang-turing ay nagtataglay ng *relational component* na ang kahulugan ay nakabatay sa itinuturing *reference point* (9), sa kaso nito, nagiging magkakakawing ang mga salitang pinag-uugnay ng pantukoy na ng nang makalikha ng kahulugang may kargadong semantik na impormasyon.

²⁰ Gaya ng *Pang-unibersidad na Sentro ng Pagpapaunlad at Pamamahala ng Yamang Pantao* (*University Center for Human Resource Development and Management*), at *Pang-unibersidad na Sentro ng mga Serbisyon Pamamahalang Pampananalapi* (*University Center for Financial Management Services*).

²¹ Tulad ng *Lupon ng mga Rehente ng RTU* (*RTU Board of Regents*), *Kasunduan ng DPO* (*DPO Agreement*), at *Opisyal na Tagapagprotekta ng Datos* (*Data Protection Officer*).

²² Ito ay pagpapaikli ng pamagat ng nabuong proyekto – Talá ng mga Isinaling Nomenklatura sa Unibersidad.

²³ Ang mga awtor ang nagpormat.

²⁴ Bagaman sa medyoestruktura ng *online* na diksiyonaryo, iminumungkahi ang pagko-*cross reference* ng mga salitang kolehiyo at pamantasan.

ang konteksto ng isinasakatuparang proyekto upang higit na maging makahulugan sa mga mambabasa ang nais maiwang impresyon ng salin. Kabilang dito ang konsiderasyon sa paggamit ng *rehistrong panlahat* (Sison-Buban 125), pagkat parating may pamantayang sinusundan ang pagsasalin, at marapat lamang na kasabay nito ang pag-alalay at akomodasyon sa mga inaaasahang tagagamit at mambabasa. Subalit, bagaman may pagkilala sa rehistrong naaarak ng nakararami, mahalaga ring bigyang-pansing may mga ginamit na termino at nomenklaturang tiyak pa rin sa teknikal na kalagayan ng Unibersidad.

Sa kaso nitong Tala²², isinaisip ng mga tagasalin ang konteksto ng paggagamitan. Bilang isang institusyon ng lalong mataas na edukasyon (HEI), magiging palagian ang *exposure* ng mga tagagamit at mambabasa sa mga isinasalin pagkat parating makikita at maririnig ang mga aytem sa mga pabatid, paskil, programa at gawain, at iba pang opisyal na dokumentong nailalathala sa samot-saring tsanel. Sa ganitong gana, mainam lamang na mabalanse ang paggamit ng wika at pagtutok sa konteksto ng institusyon. Bagaman akademik, may bitbit na pagsasaalang-alang ang mga tagasalin sa paggamit ng payak na wika upang higit na mahikayat ang institusyong gamitin ito. Upang hindi magtunog mapilit sa paggamit, iniangkop ng mga tagasalin ang mga madalas gamiting termino ng pamayanang RTU nang may *reinforcement* sa kawastuhan at kaangkupan nito, gaya ng:

(n)
Rizal Technological University
Rizal Teknolohikal Unibersidad

'Tehnolohikal na Unibersidad ng Rizal'

Sa ibang institusyon, madalas gamitin ang *pamantasan* bilang salin ng *university*, may ilan ding ginagamit ang *unibersidad*, bagaman hindi rin naman nagkakalayo ang kahulugan ng dalawang salita. Sa pagtatala ng KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino, binigyang-kahulugan ang mga salita bilang:

pa-man-tá-san (pangngalan, mula sa 'pantás'²³)

"Paaralang itinatag para sa pagtuturo at pag-aaral ng matataas na sangay ng karunungan (gaya ng teolohiya, batas, medisina, inhenyeriya, atbp.), at binigyang kapangyarihang magkaloob ng mga titulo."

u-ni-bér-si-dád²⁴ (pangngalan, mula sa Kastilang '*universidad*')

"Pinakamataas na paaralan ng ibá't ibáng karunungan (gaya ng abogasya, medisina, inhenyeriya, atbp.) na binigyang-kapangyarihang magkaloób ng titulo."

Mapapansing halos magkatulad lamang ang

isinasaad na kahulugan mula sa siniping diksiyonaryo; samantala, sa UP Diksiyonaryong Filipino (901, 1304), makikita ang mga sumusunod na lahok:

“pa-man-tá-san png [pang + pantas + an]; unibersidad.”

“u-ni-bér-si-dád png [*Esp Universidad*]: institusyon ng kaalaman sa pinakamataas na antas, may kolehiyo ng agham at sining, programang gradwado, at propesyonal.”

Malinaw sa mga nakatala ang semantikong pagkakatulad ng mga salita, gayunman, higit na ginagamit sa lokal ng pag-aaral ang salitang *unibersidad* kaysa *pamantasang* kaya minabuti ng mga mananaliksik-tagasalin na ito ang ilapat na salin. Ganitong padron din ang naging punto ng paggamit ng *Teknolohikal*²⁵ bilang salin ng *Technological* sa halip na *Teknolohiko*²⁶. Sa orihinal na pagsasalin ng mga mananaliksik-tagasalin, *Unibersidad na Teknolohikal ng Rizal* ang unang naitala, ngunit, batay sa balidasyon ng eksperto, naimungkahing mas mainam kung ang *Unibersidad* ang binibigyang-turing ng *Teknolohikal* kaysa bise-bersa, kaya napagkasunduang *Teknolohikal na Unibersidad ng Rizal* ang gamitin. Masusuri din ang paggamit ng pariralang pantukoy na *ng Rizal* sa halip na *ni Rizal* pagkat sa kasaysayan nito, naipangalan ang Unibersidad sa ilalim ng Probinsya ng Rizal at hindi tulad ng mga memoryal na unibersidad/institusyong may direktang kauukulan kay Dr. Jose P. Rizal²⁷. Bagaman naisalin patungong Filipino, ganap sa Tala ang paggamit ng ‘RTU,’ samakatuwid, hindi magbabago ang inisyalismong sasagisag sa Unibersidad.

Masusuri din ang presensiya ng dalawang konteksto ng *kultura* sa set ng mga naisaling aytem:

(o)
University Center for Culture,
Unibersidad Sentro para sa Kultura

Arts, and Events
mga Sining at mga Gawain

‘Pang-unibersidad na Sentro para sa Kultura, mga Sining, at mga Gawain’

(p)
Culture Collection and Conservation Unit
Kultura Koleksiyon at Konserbasyon Yunit

‘Yunit ng Koleksiyon at Konserbasyon ng Kultura’

Pangkaraniwan sa *HEIs* ang institusyonalisasyon ng isang tanggapang mangangalaga sa mga umiiral na tradisyon, kaugalian, pagpapahalaga at iba pang nasasalat at di-nasasalat na kulturang bumabalot sa unibersidad, ito ang nagiging gampanin ng isinaling sentro sa (o) at gayundin ang katuturang kargado ng salitang *kultura* dito.

²⁵ Higit itong ginagamit at ito’y may pagsang-ayon din naman ng mga tagaloob na validator.

²⁶ Bagaman sa pagmumungkahi ng KWF, *Pamantasang Teknolohiko ng Rizal* (46) ang ginamit para sa salin ng *Rizal Technological University*, ganito rin ang ginamit para sa *Pamantasang Teknolohiko ng Pilipinas* (TUP), *Pampamahalaang Pamantasang Teknolohikong Don Honorio Ventura* (DHVTSU), *Pampamahalaang Pamantasang Teknolohikong Ramon Magsasaysay* (RMTSU), at *Pamantasang Teknolohiko ng Cebu* (CTU).

²⁷ Bagaman sa mga ibinabandilang halagahin ng Unibersidad, parati rin namang nailalapat ang mga itinaguyod na pagpapahalaga ni Rizal.

²⁸ Nakatakdang gampanin ng *Mushroom and Biotech Research and Development Center* upang maging *research arm* ng RTU sa mga gawaing pampananaliksik na may kinalaman sa mga espesye ng kabute.

²⁹ Tanda ito ng progresibong hangarin ng RTU na makapagbukas pa ng mga oportunidad para sa multilingguwal at multikultural nitong pamayanan.

³⁰ Sa kasalukuyan, ginagamit ang wikang Filipino sa pagpapadalo ng ilang pang-unibersidad na programa, subalit tuwing Buwan ng Agosto lamang naging prominente ang pagsasa-Filipino ng mga korespondensiya opisyal.

³¹ Tumutukoy sa mga konsiderasyong inilalapat ng mga tagasalang maari ding mangailangan ng *structural adjustments* upang makapaghatid-akomodasyon sa mambabasa at tagagamit.

Sa kabilang banda, napapasailalim naman ang yunit sa (p) sa Sentro ng Pananaliksik at Pagpapaunlad sa Kabute at Biyotek²⁸ – ang tanggapang nakamandato upang mangalaga, magpatuloy, magpaunlad, at makatuklas pa ng anumang madidiskubre hinggil sa mga kabute sa pamamagitan ng pananaliksik, kaya tumutukoy ang *kultura* dito bilang kultibasyon ng mga onggo (*fungi*) gaya ng kabute. Bagaman ginamit ang salitang *kultura* sa magkatulad na anyo, baybay, at ayos, litaw rito ang paglalapat ng magkaibang kontekstong umaayon sa minamandato nitong mga katuturan. Nakakatulong ang kontekstuwalisasyon upang mapanatili ang kalinawan ng mga salitang dumaraan sa pagsasalin nang hindi nakokompromiso ang awtput sa patunguhang wika.

Intensiyon ng Salin

Ginagarantiya ng pag-aaral ang layong makapagbigay ng akomodasyong pangwika para sa pamayanang RTU sa pamamagitan ng pampublikong pagpapagamit ng nabuong proyekto. Bagaman bukas na ang Unibersidad sa paggamit ng wikang Filipino bilang wika ng instruksiyon, pananaliksik, at iba pang serbisyong akademik at administratibo, mahalagang may parating pag-alalay sa hanay ng mga nagtataguyod ng wika upang makamit ang optimal na resulta. Kung ganap ang diseminasyon at pagpapagamit nito sa lahat ng sektor at *stakeholders*, tiyak na mapapansin ang sustantibong kabisaan ng isinusulong na pagpapalakas ng wikang Filipino sa RTU²⁹.

Dagdag pa, bilang tukoy na sitwasyon ang kawalan ng mapapanaligang salin ng mga katawagan at nomenklatura, maigigiya ng Tala na mapagsigla pa³⁰ ang paggamit nito sa lahat ng posibleng komunikasyong ipinapatupad ng Unibersidad, lalong higit sa mga korespondensiya opisyal na palagian namang ipinapaalala ng Atas Tagapagpaganap bilang 335, s. 1988. Sa ganitong gana, tungkulin ng RTU bilang isang pampublikong unibersidad na tuluyang makapagsagawa ng mga natatanging hakbang para sa paggamit at pagpapagamit ng Filipino sa lahat ng posible at opisyal na transaksiyon ng institusyon, kabilang ang reproduksiyon ng mga materyal at gabay, gaya ng Tala.

Target na Mambabasa at Tagagamit

Sa simula pa lamang ng proyekto, intensiyon na ng mga mananaliksik-tagasalin na hindi lamang manatiling nakalathalang dokumento ang Tala, bagkus, primaryang bisyon nito ang makalikha ng mga hakbang ng diseminasyon nito na susundan naman ng pagsasanay upang maipaliwanag sa *stakeholders* ang paraan ng paggamit ng awtput. Pinatitingkad nitong hindi lamang dapat produksiyon ng reperensiya ang maging hakbang sa hangarin, bagkus, paglalapat at pagkokonteksto ng *output* sa target na mambabasa at tagagamit.

Maliban sa paggamit ng payak na wika, tumalima rin ang mga mananaliksik-tagasalin sa paglalapat ng *accomodatory [sic] situations*³¹ (Wills 95 sinipi sa Sison-

Buban 125), upang higit na makapaglaan ng katiwasayan sa paggamit ng mga naisaling aytem na sumasang-ayon sa estilo ng pagwiwika ng mga nakararami sa lokal ng pag-aaral. Kabilang sa akomodasyon ang konsiderasyon sa reperensiya ng salin, paghahanay ng ayos ng mga salita, at pagbibigay-linaw sa ilang kontekstuwal na pangangailangan sa isinakatuparang proseso ng pagsasalin.

Upang matiyak ang kalidad ng salin at lubos na makatugon sa mga binitbit na halagahin sa aktuwal na pagsasalin, nagdaan sa proseso ng balidasyon ang mga termino at nomenklatura. Tinaya ng mga napiling external at internal na *validator* ang kaakmaan, kawastuhan, at kaayusan ng mga isinalin.

Talahanayan Blg. 3.
Lagom ng Numerikal na Balidasyon

Kategorya	Mean ($\bar{x}$)	Kuwalitatibong Interpretasyon
Ang Unibersidad at mga Nangungunang Tanggapan	3.57	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ng Unibersidad	3.52	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ehekutibong Ikalawang Pangulo	3.60	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Ugnayang Akademik	3.60	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananalapi at Pangasiwaan	3.65	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pagpapalano at Pagpapaulnad	3.64	Lubos na Tinatanggap
Mga Sentro at Tanggapan sa Ilalim ng Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananaliksik, Inobasyon, at mga Serbisyong Pang-ekstensiyon	3.57	Lubos na Tinatanggap
Mga Programang Akademik sa mga Di-Gradwado at Gradwadong Antas	3.53	Lubos na Tinatanggap
Mga Taunan at Palagiang Pagdiriwang, Paggunita, at Opisyal na Gawain ng Unibersidad	3.64	Lubos na Tinatanggap
Mga Pangkaraniwang Dokumento sa Sirkulasyon ng Unibersidad	3.63	Lubos na Tinatanggap
Mga Ranggo, Katungkulan, Posisyon, at Daglat	3.65	Lubos na Tinatanggap
Kabuonan	3.60	Lubos na Tinatanggap

Masusuri sa talahanayang nakatamo ang bawat kategorya ng markang tumutumbas sa kalitatibong interpretasyong *Lubos na Tinatanggap*. Makahulugan para sa gawaing pampagsasaling ito ang ipinakikitang resulta ng balidasyon pagkat nagagawa nitong makatugon pang higit sa pakay ng mga tagasalang maging kapaki-pakinabang para sa intensiyong pamayanan ang nabuong salin, patotoo rin ang resulta ng balidasyon sa ipinakikitang kalidad ng salin. Bagaman lagom na lamang ang naitala sa pag-uulat, walang resulta ng balidasyon ng alinmang termino at nomenklatura ang nakatanggap ng markang mas mababa sa ranggo ng *Tinatanggap*.

PANINIYASAT SA LEXICAL CHOICE
NG PAGSASALIN

Mahalaga sa pagsasalin mula sa simulaang wika ang pagpili ng wasto at akmang salita sa tunguhang wika upang higit na maging mabisa

ang pagpaparating ng mensahe. Mamamalas dito ang nagiging gampanin ng *lexical choice* na ipinatutupad ng isang tagasalin, sapagkat isinasaalang-alang sa usapin ng pamimili ng salita ang kontekstuwal na aspekto ng salita sa leksikal at semantikong paglilipat. Isinasaad nina Edmonds at Hurts (108) na tumatayong *lexical resources* ang mga madalas na paggamitan ng salita at mga kolokasyon nito upang makaiwas sa hindi inaasahang implikasyon nito sa pagsasalin. Sa kaso ng pagsasalin sa Pilipinas, marapat himayin ng isang tagasalin ang kaniyang gagamiting wika bilang reperensiya ng kaniyang itatakdang salita. Kaakibat ng isyu ng *lexical choice* ang salimuot din ng pagtanggap at pagpapatanggap nito sa mambabasa, sa kondisyon ng pag-aaral, higit na isinaalang-alang ng mga mananaliksik-tagasalin ang natural na pagpili ng mga kasapi ng pook ng pag-aaral. Mas nagiging makahulugan ang ganitong estilo pagkat natutupad nito ang kanaisan ng pamayanang pinag-aalayan ng salin – pinatitingkad nito ang konsiderasyon sa *stakeholders* bilang salik at mapapanaligang reperensiya.

Sa proseso ng pagsusuri at paghihimay sa mga salitang na-*survey*, ginamit ng mga mananaliksik-tagasalin ang KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino at UP Diksiyonaryo para sa pagtukoy ng etimolohiya ng mga salita. Naisagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagko-*cross reference* ng maykroestruktra ng mga lahok. Karamihan sa mga nairehistrong salita sa mga naisaling termino at nomenklatura ay nagmula sa Tagalog at mga katutubong wika sa Pilipinas.

Office of the Vice President
Tanggapan ng ang Ikalawang Pangulo
for Finance and Administration
para sa Pananalapi at Pangasiwaan

Tanggapan ng Ikalawang Pangulo para sa Pananalapi at Pangasiwaan

Kolehiyo ng mga Sining at mga Agham

Mapapansin sa *content morphemes* ng mga isinasaling aytem na may iba pang anyo (mula sa iba pang wika) ang mailalapang bilang salin. Maaari kasing masalin ang *tanggapan* sa anyo nitong isina-Filipinong Kastilang *opisina*, o ang *ikalawang pangulo* bilang *bise presidente* na madalas ding ginagamit sa ibang institusyon (e.g., gaya ng paggamit ng *opisina* ng Opisina ng Tsanselor mula sa UP Diliman) at palagiang mababasa sa mga nailalathalang materyal, anunsiyo, at iba pang kamukhang pabatid (e.g., paggamit ng *bise presidente* noong panahon ng pangangampanya). Nangibabaw ang paggamit ng ordinal na *ikalawa*—ng bagaman sa pagpapakahulugan sa salitang *bise* makikita ang pagkakasinonimo nito:

bi-se

“Pangalawang pinakamataas na katungkulanng sumusunod sa pinakamataas na gaya ng pangulo, gayundin sa gobernador, alkalde, atbp.” (KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino)

Mapapansin kaagad ang kalantaran ng pagkakatulad sa semantikong impormasyong taglay ng dalawang salita. Ganito rin ang kapalaran ng ilang salitang may iba pang anyo ngunit sa halip naging pangunahing reperensiya ng wika ng salin ang Tagalog gaya ng: *kalihim* kaysa *sekretarya*, *panlabas* kaysa *eksternal*, *pangulo* kaysa *presidente*, *pandaigdig* kaysa *pangmundo*, *panturo* kaysa *instruksiyonal*, *pagpapaunlad* kaysa *debelopment*, mag-aaral kaysa *estudyante*, *kasapi* kaysa *miyembro*, *kagawaran* kaysa *departamento*, *lungsod* kaysa *siyudad* at iba pang salitang may iba pang varyant mula sa mga umiiral na anyo sa bansa.

Bagaman may ganitong leksikal na pagpili sa Tagalog, hindi pa rin maiiwasan ang obserbasyon sa mga salitang naisa-Filipinong Kastila at Ingles na umiiral sa *set* ng mga isinalin. Bunsod ito sa pag-*overlay* ng mga salitang Kastila sa Tagalog at iba pang mga wika sa bansa na naging kultural na produkto ng matagal na kolonisasyon ng Espanya (Javier 92) sa bansa. Sa paglaon, nagawa nang maipadron ang mga salita sa kontemporaneong ortograpiya, tumutugmang *phonological representation*, at ispeleng (Lopez sa Javier 92) na mas kilala ng mga gumagamit nito sa bansa.

Kabilang sa mga salitang nakitaan ng potensiyal para sa leksikal na pagpiling isina-Filipinong Kastila ang *sentro* kaysa *lunduyan*³² na higit na ginagamit sa konteksto ng pook ng pag-aaral, ganito rin ang pagraron sa paggamit ng mas masaklaw na salitang *ehekutibo* kaysa *tagapagpaganap*, *tagapagpairal*, *tagapangasiwa*, at *tagapagpatupad*. Kasama rin sa pag-uuri ang *fakultad*, kaysa *kaguruan*, *legal* kaysa *pambatas*, *publikasyon* kaysa *lathalaan*, *seguridad* kaysa *kaligtasan*, *superbisor* kaysa *tagamasid* at *tagapanuto*, at iba pang mga salitang kakikitaan ng kamukhang katangian sa *set* ng mga isinalin. Patunay ang mga nabanggit na may

parating pagpapahalaga sa kagaangan ng pagpapabatid sa inaaahang tagabasa at tagagamit, tumutupad ang ganitong prinsipyo sa funsiyon ng payak na wika.

Ang mga salita tulad ng *sabstreyt* para sa *substrate*, *awdit* para sa *audit*, *telekom* para sa *telecom*, *multimidy* para sa *multimedia*, *kinetiks* para sa *kinetics*, *literasi* para sa *literacy*, *rebyu* para sa *review*, *iskolarsyip* para sa *scholarship*, *medikal* para sa *medical*, *rekord* para sa *record*, *landscape* para sa *landscape*, *prokyurment* para sa *procurement*, *kostumer* para sa *customer*, *biyotek* para sa *biotech*, *tsarter* para sa *charter*, *nars* para sa *nurse*, *awditor* para sa *auditor*, at *adbokeyt* para sa *advocate* ay itinuturing bilang mga isina-Filipinong Ingles. Inireispel ang mga naitala batay sa pagbikas nito. Nagaganap ang ganitong tuntunin upang maiayon sa kadalisan ng pagbigkas ng mga Pilipino ang salitang hinihiram at upang maiwasan din ang kalabisan sa pagsasalin (i.e., pilit na paggamit ng mga salita sa tunguhang wika na hindi na nakatatamo ng anumang kabanayaran) na kadalasang nagbubunga ng kalituhan sa sinumang tumatanggap.

Makikita naman sa *akawntansi* para sa *accountancy*, *akawnting* para sa *accounting*, at *akawntant* para sa *accountant* ang paggamit ng *derivational affixes* na ikinakabit sa *root* na *akawnt* na isa ring isina-Filipinong Ingles. *Lexical hybridization*³³ naman ang naging kondisyon ng salitang *pamfild* pagkat nagkaroon ng paglalahok ng katangian ng dalawang wika, sa kaso nito, makikita ang *pam*-³⁴ na ginamit bilang alomorpo sa *root* na *fild* mula sa *field*.

May *loanwords* ding ganap nang hiniram at hindi na nagawang maisalin sa bantang magdulot ito ng mapagmalabis na panghihiram (Almario 10), tulad ng mga salitang *network*, *web*, at *alumni*. Samantala, hindi na rin nagbago ang salitang *dental*, subalit, kung bibigkasin, maaaring mailipat ang prinsipal na tunog mula malumay patungong mabilis upang katawanin ang naging pagsasalin.

KONGKLUSYON

Nagmula ang konseptuwalisasyon ng pag-aaral sa hangarin ng mga mananaliksik-tagasalin na higit pang mapalakas ang paggamit ng Wikang Filipino sa loob ng Unibersidad, tukoy na suliranin ang kawalan ng salin ng mga termino at nomenklatura sa mga akademik at administratibong sektor. Matamang sininop ang mga aytem upang manaig ang *terminological consistency* at hindi magkaroon ng suliranin pagdating sa pagpopreso ng mga isinalin.

Makatwiran ang pagsasaalang-alang sa posisyon at ayos ng mga salita sa salin na kadalasang hindi gaanong napapansin pagkat nakatutok naman sa iba pang aspekto ng pagsasalin ang mga tagasalin. Hudyat na rin ito upang mas mapatingkad pa ang paggamit ng *word order adjustment* bilang kasangkapan para sa *dynamic equivalence* nang makamit ang kawastuhan, kaangkupan, tiyak na katuturan ng mga termino at nomenklatura. Sa obserbasyon, naitutugma ang pagsasaayos ng mga salita upang akmang maihanay ang angkop at higit na katanggap-tanggap na tumbas.

Kinikilala rin ng nabuong pagsasalin ang konsiderasyon sa konteksto nito, umimbulog ang

³² ‘Lundayan’ sa ibang varyant.

³³ Sa pagtalakay ni Gonzales (170) tumutukoy ito bilang proseso ng pagbuo ng mga bagong sistema at prosesong pangwika na naipapanganak ng mga natatangi at magkakaibang sistemang nasasalamain sa pamamagitan ng palagian ding paggamit ng madla rito.

³⁴ Mula sa alormopong ‘pang-.’

pagbibigay-akomodasyon sa mga inaasahang mambabasa at tagagamit sa pamamagitan ng paggamit ng rehiyong pamilyar sa madla, bagaman hindi maiiwasan ang paglalangkap ng mga teknikal na salitang tiyak na ginagamit sa Unibersidad.

Pangunahing salik naman sa intensiyon ng salin ang paggagarantiyang makapaghatid-akomodasyon ang mga isinalin sa sitwasyong pangwika ng lokal ng pag-aaral. Makatutulong ang pagpapagamit ng tala sa madla upang makamit ang optimal na resulta ng pagtataguyod ng paggamit din ng Wikang Filipino bilang opisyal na wika ng mga gawaing akademik at administratibo. Kaugnay ang nabanggit sa lunggating makapanganak ng ingklusibo at transformatibong institusyonal na polisiyang pangwika. Hindi rin maiiaalis na hangarin ng mga mananaliksik-tagasalin ang diseminasyon nitong nabuong tala para sa mga target nitong *stakeholders* upang maisakatuparan ang *accommodatory situations* na maglalaan ng konsiderasyon sa sinumang may hangaring magamit ang mga naisaling aytem.

Kaakibat ng mga nabanggit na konsiderasyon

ang pagtupad sa pagseseguro ng kalidad, patunay ang pagtamo ng labing-isang kategorya ng markang *lubos na tinatanggap* mula sa balidasyon ng mga panloob at panlabas na *validator* bilang komitment upang higit pang makatugon sa pakay na maging kapaki-pakinabang sa pamayanan ang isinalin at nang mataya rin ang dating nito.

Sa pagtataya naman ng *lexical choice*, nangibabaw ang paggamit ng Tagalog bilang batayang wika at reperensiya ng salin. Nasuri din ang pag-iral ng mga salitang hango sa mga isina-Filipinong Ingles at Kastila na ibinatay pa rin kahingian at kakayahang pangwika ng mga mambabasa at tagagamit. May ilang salita ring nanatili na lamang ang orihinal nitong anyo pagkat ganap na inangkop mula sa simulaang lengguwahe.

Sa kabuoan, matingkad ang hangarin ng mga mananaliksik-tagasaling maging panulukang-bato ang pagsasalin ng mga termino at nomenklatura para sa paglikha ng mga hakbang pa sa intelektuwalisasyon ng Filipino sa institusyon ng lalong mataas na edukasyon, kapwa sa akademik at administratibong mga sektor nito.



MGSA SANGGUNIAN

“Pamantasan.” *KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino*, 2021. Naakses noong 1 Hul 2023.

“Pamantasan.” *UP Diksiyonaryong Filipino*, edited ni Virgilio Almario, Ikalawang Edisyon, 2010, UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 901.

“Unibersidad.” *KWF Diksiyonaryo ng Wikang Filipino*, 2021. Naakses noong 1 Hul 2023.

“Unibersidad.” *UP Diksiyonaryong Filipino*, edited ni Virgilio Almario, Ikalawang Edisyon, 2010, UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 1304.

Almario, Virgilio. *Batayang Pagsasalin: Ilang Patnubay at Babasahin para sa Baguhan*. Maynila, Komisyon sa Wikang Filipino, 2016.

Bhatt, Ibrar, Badwan, Khawla, Madiba, Mbulugeni. “Critical Perspectives on Teaching in the Multilingual University.” *Teaching in Higher Education*, bol. 27, blg. 4, 2022, 425-436. <https://doi.org/10.1080/13562517.2022.2058295>.

Buban-Sison, Raquel. “Ang Pagsasaling Teknikal: Pagsipat sa Praktika at Pagpapahalaga.” *Malay*, bol. 26, blg. 1, 2014, 117-127.

Edmonds, Philip at Hirst, Graeme. “Near-Synonymy and Lexical Choice.” *Computational Linguistics*, bol. 28, blg. 2, 2022, 106-144.

Gašpar, Angelina, Seljan, Sanja, Kučič, Vlasta. “Measuring Technology Consistency in Translated Corpora: Implementation of the Herfindahl-Hirschman Index.” *Information*, bol. 13, blg. 2, 2022, 43. <https://doi.org/10.3390/info13020043>.

Gonzales, Wilkins. “Hybridization.” *Philippine English*, edited ni Ariane Borlongan, Routledge, 2022, 170-183.

Javier, Jem. “Sosyolinggwistikong Pagsusuri sa Lexical Choice ng Kontemporaryong Gamit ng Wikang Filipino.” *The Legacy of Consuelo J. Paz: A Festschrift*, edited ni Wystan de la Peña, UP Center for International Studies, 2022, 90-108.

Komisyon sa Wikang Filipino. *Mga Pangalan ng Tanggapan ng Pamahalaan sa Filipino*. 2013.

Lopez, Cecilio. “Spanish Overlay in Tagalog.” *Lingua*, bol. 14, 1965, 467-504.

Malicsi, Jonathan. *Grammar ng Filipino*. UPD-Sentro ng Wikang Filipino, 2013.

Philippson, Robert. “Linguistic Imperialism.” *The Encyclopedia of Applied Linguistics*, edited ni Carol Chapelle, John Wiley & Sons, Ltd, 2018, 1-7.

Republika ng Pilipinas. Executive Order No. 335. *Enjoining All Departments/ Bureaus/ Offices/ Agencies/ Instrumentalities of the Government to take such steps as are Necessary for the Purpose of Using Filipino Language in Official Transactions, Communications, and Correspondence*. 1988. <https://www.officialgazette.gov.ph/1988/08/25/executive-order-no-335-s-1988/>.

Santiago, Alfonso at Tiangco, Norma. *Makabagong Balarilang Filipino*. Rex Bookstore, 2006.

Shen, Yifu. “Research on the Word Order Adjustment of Translation from the Perspective of Thematic Meaning.” *Advances in Social Science, Education and Humanities Research (ASSEHR)*, bol. 300, 2018, 255-258.

Susam-Sarajeva, Sebnem. “The Case Study Research Method in Translation Studies.” *The Interpreter and Translator Trainer*, bol. 3, blg. 1, 2009, 37-56. <https://doi.org/10.1080/1750399X.2009.10798780>.

Wentzel, Lance, Fapohunda, Julius, at Haldenwang Rainer. “The Relationship between the Integration of CSR and Sustainable Business Performance: Perceptions of SMEs in the South African Construction Industry.” *Sustainability*, bol. 14, blg. 2, 2022, 1-22.

Yuvarlak, Bünyamin. “Pragmatics and Translation: A Relevance-Theoretic Approach.” *Grin*, 2016, <https://www.grin.com/document/998170>. Naakses noong 1 Hul 2023.

Si **ARIEL URSOLON BOSQUE** ay isang lisensiyadong propesyonal na guro at kasalukuyang katuwang na propesor sa Dibisyon ng Wika, Departamento ng Humanidades, Kolehiyo ng mga Agham at Sining, Unibersidad ng Pilipinas-Los Baños. Siya ay nagtapos ng programang Master ng Sining sa Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, at programang Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon, Medyor sa Filipino, sa *Rizal Technological University*, at nakatamo ng karangalang *Magna Cum Laude*. Nakapagsulat na siya ng mga teksbuk at reperensiyang aklat sa mga antas-sekondarya at tersiyaryo. Nakapaglathala na rin siya ng mga saliksik sa ilang lokal at internasyonal na akademikong *journal*, at nakapagrehistro na rin ng *copyright*, gaya ng mga isinaling materyal at produkto ng pananaliksik. Gumaganap din siya bilang Kawaksing Kasapi ng *National Research Council of the Philippines* sa ilalim ng Dibisyon VIII, Agham Panlipunan. Kabilang sa kaniyang interes sa pananaliksik ay ang Araling Wika, Araling Pilipino, IKSP, Etnoagham, at Pagsasalin.

Si **RICARDO H. MOMONGAN JR.** ay nagtapos ng Batsilyer sa Sekondaryang Edukasyon, medyor sa Filipino sa *Rizal Technological University* (RTU), Cum Laude. Kinilala siya bilang RTU *Most Outstanding Students* (Rank 2). Natapos naman niya ang kaniyang Master sa Sining sa Filipinolohiya sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina. Kaugnay nito, kasalukuyan niyang tinatapos ang programang Doktor ng Pilosopiya sa Edukasyong Pangwika sa Filipino sa *Philippine Normal University*.

Bilang isang lisensiyadong guro, nagsilbi siya bilang *Classroom Teacher at Grade Level Team Leader* sa *College of San Benildo-Rizal* noong akademikong taon 2018-2019. Sa kasalukuyan, siya ay nagtuturo sa Kagawaran ng mga Sining, Letra, Wika, at Humanidades ng RTU. Maliban dito, siya ay naitalaga rin bilang Puno ng Dibisyon ng Paglinang ng mga Programang Pangkomunidad at gumampan din bilang Koordineytor ng Serbisyong Pangkomunidad ng Kolehiyo ng mga Sining at Agham. Bunga nito, siya ay kasalukuyang nakatalaga bilang Direktor ng Tanggapan ng Ekstensiyon at mga Serbisyong Pangkomunidad ng RTU.

Bilang gurong-mananaliksik, nakapagbahagi siya ng mga saliksik sa institusyonal, rehiyonal, nasyonal, at internasyonal na kumperensiya at palihan. Bahagi ng kaniyang interes sa saliksik ay ang wika, panitikan, midya, at araling kultural. Higit sa lahat, siya ay mangingibig sa bayan kaya patuloy na nakikisangkot sa mga gawaing pangkomunidad at mga pananaliksik na nagsusulong ng Araling Maka-Pilipino.

Ang Wika ng Mag-asawang Laykong Lingkod ng *St. Clare of Assisi Parish*, Malabon mula sa Iba't Ibang Konteksto Gamit ang Pag-aaral ni Maggay

RAMILITO B. CORREA

ramilito.correa@dlsu.edu.ph

Pamantasang De La Salle - Manila

ABSTRAK

Ang *marriage encounter weekend seminar* ay isang uri ng programa para sa *post-cana* na isinusulong ng *Marriage Encounter Foundation of the Philippines* upang mapagtibay pa ang relasyon ng mga mag-asawa. Bilang mga laykong lingkod ng *St. Clare of Assisi Parish*, na sumasakop sa ilang mga bloke ng Brgy. NBBS, Navotas City at Brgy. Longos, Malabon City, ang mananaliksik at ang kaniyang mga kasamang mag-asawang naglilingkod sa *Family and Life Ministry* ay naging bahagi nito at napansin niya ang postibong pagbabago sa kanilang buhay mag-asawa.

Pumili ang mananaliksik ng sampung pares ng mag-asawang laykong lingkod ng *St. Clare of Assisi Parish* na sumailalim dito at ginamit naman ng mananaliksik ang pag-aaral ni Maggay upang suriin ang mga wika ng mag-asawa sa iba't ibang konteksto.

Naging batayan ng kaniyang pananaliksik ang tatlong batis ng pag-aaral: liham o *love letter*, pinatnubayang talakayan o *focus group discussion* (FGD); at testimonya ng sampung mag-asawang itong sumailalim sa *marriage encounter*.

Mga Susing-Salita: *marriage encounter*, wika ng mga laykong lingkod, liham, testimonya, pinatnubayang talakayan

ABSTRACT

The marriage encounter weekend seminar is a post-cana program being practiced by the Marriage Encounter Foundation of the Philippines to solidify the relationship of a couple. As lay servants of St. Clare of Assisi Parish located in the vicinity of Brgy. NBBS, Navotas and Brgy. Longos, Malabon, the researcher and his fellow servant couples from the Family and Life Ministry became part of this encounter. The researcher noticed the positive changes among the lives of these servant couples.

The researcher chose 10 lay servant couples of St. Clare of Assisi Parish who underwent the marriage encounter weekend seminar, and he thoroughly studied the language of these servant couples in different context using the studies of Maggay.

The bases of his studies are the following sources: love letters from every couple, transcripts of their focus group discussions (FGD), and transcripts of their testimonials.

Keywords: marriage encounter, language of lay servants, love letters, tesminionials, focus group discussion

INTRODUKSYON

Ang marriage encounter weekend seminar (MEWS) sa pamamagitan ng Marriage Encounter Foundation of the Philippines ay itinatag bilang post cana sa mga mag-asawang nagkakaroon ng mga problema sa kanilang buhay mag-asawa. Ang pangunahing layunin nito ay maisalba ang kanilang relasyon bilang mag-asawa sapagkat mahalaga ang doktrina ng Simbahan sa kasagraduhan ng kasal na ‘ang pinagsama ng Diyos ay hindi maaaring paghiwalayin ng tao.’ Nag-aral at bumuo ng module ang yumaong founding priest na si Fr. Ruben Tanseco, SJ, para sa gawaing ito kasama ang tatlo pang pari na sina Fr. Jess Fernandez, Fr. Pat Lim, at Aureo Nepomuceno. Sumailalim rin ang mga module na ito sa ilang rebisyon batay sa naging karanasan ng team priests at team couples na nagsagawa ng marriage encounter weekend seminar na nagsimula noong Oktubre, 1969.

Ang mga piling mag-asawang laykong lingkod ng St. Clare of Assisi Parish na sumasaklaw sa 11 bloke ng Brgy. NBBS, Navotas at 12 ng Brgy. Longos, Malabon ay sumailalim rin sa weekend seminar na ito simula noong 2014 hanggang 2018. Pumili ang mananaliksik ng sampung mag-asawang dumalo sa kabuuang batch na dumanas ng bisa o talab ng wika matapos ang pagdalo sa seminar na ito batay sa nakitang obserbasyon ng mananaliksik sa loob ng ilang taon niyang nakasama ang mga mag-asawang ito sa Family and Life Ministry ng kanilang parokya.

Ang sampung mag-asawang ito ang hiningian niya ng permiso na mahiram ang kani-kanilang journal, at nagbigay rin ng patotoo o testimonya tungkol sa naging pagbabago sa kanilang relasyon bilang mag-asawa, at kinapanayam ng mananaliksik sa pamamagitan ng Pinatnubayang Talakayan o Focus Group Discussion (FGD). Ang tatlong saligang ito ng pananaliksik ay sinuri sa iba’t ibang konteksto gamit ang pag-aaral ni Maggay (2002).

Mula sa aklat na sinulat ni Maggay (2002) na may titulong Pahiwatig Kagawiang Komunikasyon sa Filipino, iniugnay naman ng mananaliksik ang ilang binanggit sa kabanata tungkol sa mga katutubong pamamaraan ng interpersonal na komunikasyon pati na rin ang mga pahiwatig at ang berbal at di-berbal na sistema ng komunikasyon.

Kabilang na rito ang pagbubunyag ng mga salitang kinikim sa dibdib at kaloob-looban. Halimbawa ay pagtatapat o pagsambulat ng mga nararamdaman.

Sa liham na sinuri ng mananaliksik, hinalughog


niya ang mga pahayag ng bawat mag-asawa na nakapagsambulat ng kanilang tunay na nararamdaman isa’t isa. Maging ang mga usapan nilang humantong sa sigawan at pag-aaway. Gayundin sa transcript ng kani-kanilang testimonya sa isinagawa nilang sharing sa isang regular na pagpupulong ng Buhay at Pag-ibig ME Community.

Mga Tiyak na Layunin:

1. Maipakita ang mga katangian ng relasyon ng mga mag-asawa ng St. Clare of Assisi Parish;
2. Mailarawan ang paraan ng komunikasyon ng mga mag-asawang ito;
3. Matukoy ang mahahalagang salitang maituturing na muhon sa pagpapatatag ng kanilang relasyong mag-asawa bilang lingkod-parokyano ng St. Clare of Assisi Parish;
4. Masuri ang wika ng mga mag-asawang laykong lingkod ng St. Clare of Assisi Parish, Malabon mula sa iba’t ibang konteksto gamit ang pag-aaral ni Maggay.

BATAYANG KONSEPTUWAL


Ang singsing ay mahalagang simbolo ng pag-iisang dibdib o pagpapakasal. Bukod sa simbolo ito ng pagiging isa, nangangahulugan din ito ng walang hanggang pag-ibig at pagsasama. Ito naman ang nagsilbing framework ng mananaliksik para sa kaniyang batayang konseptuwal.



Ang nasa kaliwang singsing ay sumisimbolo sa yugto ng pagsasama ng mag-asawa noong hindi pa sila sumailalim sa MEWS. Dumaranas pa sila ng hindi pagkakaunawaan sa isa't isa at iba ang paraan nila ng paglutas sa mga suliraning kanilang kinakaharap. Ang singsing sa kanang bahagi ay ang nabagong pananaw ng bana sa kaniyang asawa at ng asawa sa kaniyang bana matapos silang sumailalim sa *marriage encounter*. Mula sa kanilang naipong karanasan at pananaw bilang mag-asawa bago at pagkatapos ng *marriage encounter*, nagtatagpo ang mga salitang nagsilbing muhon sa pagpapatatag ng kanilang relasyon. Ang dalawang karanasang ito, kapag pinagsanib ay tila pag-iisang dibdib na rin. Nagtagpo ang kanilang mga karanasan at ang mga salitang mabubuo nila upang ilarawan ang panibagong karanasan bilang mag-asawa. Ang mga salitang ito ang tinuklas at hinimay ng mananaliksik.

BATAYANG TEORETIKO

Sa kadahilanang ang pagpapakasal ay katumbas ng pagbuo ng tahanan ng mag-asawa, ginamit ng mananaliksik ang *framework* ng isang tahanan para sa kaniyang batayang teoretiko.



Ang pag-aasawa ay pagsasama sa iisang bubong upang makabuo ng isang tahananang may matibay na relasyon. Sa isang tahanan, ang relasyon ng mag-asawa ay ang magsisilbing bubong na magiging matatag na proteksiyon sa mga dumarating na unos, bagyo, o mga pagsubok. Ang komunikasyon naman ay pinto at pintuan ng mag-asawa upang sila ay magtagpo kung mayroon man silang hindi pagkakaunawaan. Komunikasyon ang nagbibigay daan sa pagkakaunawaan. Komunikasyon din ang magsasara kung mayos na ang usapan upang hindi na panghimasukan pa ng iba. Samantalang ang salita, wika, at idyoma ay mga dingding na nag-uugnay sa mag-asawang bumubuo ng isang tahanan.

Ang pag-aaral naman ni Maggay ang magsisilbing bintana upang sipatin ang mga relasyon ng mga mag-asawang napiling kalahok sa pag-aaral pati na rin ang kanilang mga ginamit na salita, wika, at mga idyoma bilang daan ng kanilang komunikasyon.

Sa papel na ito, ginamit ng mananaliksik ang terminong *bana* mula sa wikang Hiligaynon at Cebuano upang tukuyin ang lalaki sa mag-asawa o katumbas ng *husband* sa Ingles samantalang ginamit ng mananaliksik ang terminong *asawa* upang tukuyin naman ang *wife*.

Sa pagsusuri naman ng mga pahayag, ginagamit ng mananaliksik ang mga terminong *bana* at *asawa* kapag ang pinaghanguan ng teksto ay mula sa na-transcribe na testimonya ng mag-asawang sumailalim sa MEWS sa naganap na regular nilang pagpupulong sa parokya kasama ang ilang miyembro ng *Family and Life Ministry*.

Kapag binanggit naman ng mananaliksik ang palayaw ng mag-asawa gaya ng Myra, Larry, Neng, Ronnie, Anna, Obet, at iba pa, nangangahulugan namang ang FGD at *journal* ang pinaghanguan niya ng datos.

PROFILE NG MGA KALAHOK

Dahil sa limitadong bilang ng pahina, hindi na maisa-isa ng mananaliksik ang detalyadong *profile* ng bawat mag-asawa kabilang na ang kanilang sosyo-ekonomikong estado sa buhay, hanapbuhay, tagal ng pagsasama bilang mag-asawa, at dami ng mga anak. Ibuuod na lamang ito ng mananaliksik sa pangkalahatang paglalarawan.

Sa mga parokyanong nasasakupan ng St. Clare of Assisi Parish, bibihira sa kanila ang may sariling bahay na pag-aari nila. Karamihan sa kanila ay nangungupahan. Bihira din sa kanila ang may regular na hanapbuhay. Ang lugar na kanilang tinitirahan ay isang *reclamation area* na dati lamang palaisdaan. Ang malaking bahagi nito ay ginawang proyekto ng dating Unang Ginang Imelda R. Marcos noong Dekada '80 (na may posisyon ding *Minister of Human Settlements* at *Governor* ng *Metro Manila*) para sa mga dating nakatira sa Tundo na hindi nila pag-aari ang lupa at naapektuhan ng pagpapagawa ng C-2 o Capulong Hi-way hanggang Road 10. Subalit ang ipinambayad sa *resettlement area* na ito ay buhat sa buwis ng mga Pilipino.

Ang mga taal na taga-Navotas at Malabon naman ay nasa pamilya ng mga mangingisda, mga obrero, mga arawang manggagawa, *tricycle driver*, tindera ng isda at iba pang hanapbuhay na walang sapat at regular na kinikita. Samakatuwid, ang mga miyembro ng *Marriage Encounter Buhay* at Pag-ibig *Community* ay halos nasa 70-80% ang mahihirap o nasa laylayan ng lipunan batay sa sariling datos ng St. Clare of Assisi Parish mula sa mga profile nito ng mga laykong lingkod. Karamihan ay hindi nakatuntong ng kolehiyo man lamang na ang hanapbuhay ay manggagawa sa mga pabrika, *security guard*, *tricycle driver*, tindero/tindera ng isda, karpintero, at kung minsan ay wala pa ngang permanenteng trabaho. Ang mga asawa (*wives*) ay karaniwan namang walang hanapbuhay. Ibig sabihin, ang mga parokyano ng St. Clare of Assisi Parish, partikular ang mga mag-asawa ay gumugul ng panahon para sa paghahanapbuhay upang makaraos sa pang-araw-araw na pamumuhay ang kanilang pamilya. At dahil nga sa kanilang pananampalatayang Katoliko, biyaya na para sa kanila ang hindi sumala sa oras, ang may makain sa araw-araw,

at namumuhay nang payak ang pamilya. Kaya naman hindi naging madali para sa kanila ang lumahok sa *Marriage Encounter weekend seminar* dahil ang mga araw na gugugulin nila rito ay magiging kabawasan sa kanilang kinikita at lalo't higit na hindi nila kayang magbayad sa akomodasyon ng isang *retreat house* sa loob ng tatlong araw. Libre lamang itong ibinibigay sa kanila sapagkat ang *sponsoring batch* ang gumagastos dito sa pamamagitan ng mga *income generating project at fund raising activities* sa loob ng isang taon bago isagawa ang pagpapaklase.

ANG WIKA NG MAG-ASAWANG LAYKO MULA SA IBA'T IBANG KONTEKSTO GAMIT ANG PAG-AARAL NI MAGGAY

Sa aklat na *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*, tinukoy ni Maggay (2002) ang ilang nakagawiang pamamahayag sa loob ng konteksto ng ating kultura. Kabilang na rito ang pagbubunyag ng mga salitang kinikimkim sa dibdib at kaloob-looban. Halimbawa ay pagtatapat o pagsambulat ng mga nararamdaman. May mga mag-asawang maisasambulat nila ang kanilang nararamdaman o maaaring ang isa lamang sa kanila. Subalit may mga pagkakataong itinatago o ikinikimkim na lamang nila ang kanilang sama ng loob sa kabiya.

Kung minsan naman ay nauwi ito sa pagtatalo, sigawan, at balitaktakan. Ang mag-asawang ay parehong hindi patatalo sa kani-kanilang mga argumento at pangangatwiran. Ang bawat isa sa kanila ay hindi tumatanggap ng nagawang pagkakamali. Humahantong pa nga ito sa pananakit kung minsan.

Ayon pa rin kay Maggay, nasa kultura rin nating mga Pilipino ang gumamit ng *tulay* o tagapamagitan. Hindi masabi ng isa ang gusto niyang sabihin sa kaniyang bana o asawa kung kaya't naghahanap siya ng taong puwedeng magsabi nito sa kaniya. Halimbawa ay ang biyenang sa siyang kumakausap sa manugang o ang magulang sa kanilang anak. Kung minsan naman ay kapatid, malapit na kamag-anak o matalik na kaibigan. Kapag mayroon silang anak na nasa wastong gulang, posible ring siya ang nagsisilbing tagapamagitan.

May mga di-berbal din na paraan ng paghahatid ng mensahe ng asawa o bana. Halimbawa ay ang hindi pag-imik o pagkibo, hindi nagpapahawak sa kahit saang parte ng katawan (kadulasang ang babae) kapag nagtatampo o nagagalit, o malayo ang kanilang pagitan sa paghiga kung matutulog na sa kama o higaan.

Tinukoy rin ng mananaliksik ang mga di-berbal na sistema ng komunikasyon ng mga mag-asawa batay sa isasagawa niyang FGD gayundin ang paggamit ng mga tagapamagitan ng mga kalahok sa pag-aaral bago nahikayat na sumali sa MEWS.

Simula pa lamang sa pagiging magkasintahan, patungo sa pagpapakasal, hanggang sa pagbuo ng pamilya, ang mag-asawa ay nakabubuo ng iba't ibang wika para lamang sa kanilang mag-asawa. Dahil sa

pang-araw-araw na takbo ng kanilang pamumuhay, iba't ibang pangyayari sa buhay ang kanilang nararanasan. Nariyan ang kasiyahan, kapighatian, pagsubok, di-pagkakaunawaan, pagtatalo, pagkakasundo at iba't iba pang damdamin at sitwasyon ng kanilang pagiging mag-asawa. Sa kabanatang ito, hinimay ng mananaliksik ang iba't ibang wika at diskursong naganap sa mga mag-asawa batay sa tatlong anyo ng sanggunian: testimonya, pinatnubayang talakayan (FGD), at liham mula sa kanilang ME journal.

MGA SALITA, IDYOMA, AT PAHIWATIG SA BUHAY NG MGA MAG-ASAWA

Kabilang sa mga dahilan ng hindi pagkakaunawaan ng mag-asawa ay ang labis na pakikipagbarkada ng isa sa kanila. Kung minsan ay parehas silang mag-asawa na mabarkada ngunit mas madalas ay ang bana. Ang kabarkada ay maaaring kapitbahay, kasama sa trabaho, naging kaklase noong nasa kolehiyo, *high school*, o elementarya, o kaya'y kababata na nakasama niya sa kaniyang paglaki. Narito ang ilang pahayag ng mag-asawa sa kani-kanilang bana o asawa tungkol sa ilang naging problema nila sa buhay mag-asawa:

“...noong nagsama kami barkada doon, barkada dito eh! Nahihirapan po akong magsabi sa kaniya na huwag na kayong pumunta doon... baka puwede naman sumama kayo na may limitasyon?”

(Testimonya ni Asawa 2: 2017)

“Hoy! ‘Wag ka na mambato bababa na ‘ko,”

(Junpik: batay sa FGD, 2020)

Sa unang pahayag, para kay Asawa 2, ang pagkakaroon ng barkada ng kaniyang bana ay nakakapagbigay sa kaniya ng alalahanin. Bukod sa kulang ang panahong iniuukol sa kaniya ng kaniyang bana, iniisip din niya ang kapahamakang maaaring idulot ng pakikipagbarkada ng kaniyang asawa dahil kung saan-saan ito nagpupunta at nais niyang ipabatid sa kaniyang bana na bilang isang pamilyadong tao, mahalagang magkaroon siya ng limitasyon sa pagsama sa barkada dahil mayroon na siyang pamilya – mga anak at asawa. Ang pahayag na “baka puwede naman sumama kayo na may limitasyon?” ni Asawa 2 ay *pahiwatig* sa kaniyang bana na bawasan nito ang oras sa pagsama-sama sa barkada, gayundin ang pakikipag-inuman, at ang paglalaan nito ng oras kaniyang pamilya.

Sa konteksto naman ng ikalawang pahayag mula kay Junpik, batay sa isinagawang FGD, ito ang sitwasyong nakikipag-inuman siya sa bahay ng kaniyang barkada at ang kaniyang asawa na si Jen ay pinuntahan siya doon at binato niya ng martilyo ang ikalawang palapag ng bahay ng pinag-iinuman ni Junpik kasama ang kaniyang barkada. Ang pagtawag niya ng *Hoy!* sa kaniyang asawa ay nangangahulugan ng pagtawag-pansin sa kaniyang kabiya ngunit pagpapakita ng hindi

pagsang-ayon sa ginawa nitong pambabato ng martilyo sa bahay ng kaniyang kabarkada habang nakikipag-inuman siya. Ang buong pahayag na *Hoy! Huwag kang mambato bababa na 'ko*, ay nagbibigay rin ng *pahiwatig* na ayaw ng bana na mag-eskandalo pa ang kaniyang asawa sa lugar na iyon.

Narito naman ang pahayag ni Asawa 12 batay sa kaniyang testimonya tungkol sa kaniyang bana at kung ano ang mga ginamit niyang termino dito:

“Yun lang, ang dami na niyang pinagbago, good boy na siya. Hindi na siya babaero.”

(Testimonya ni Asawa 12: 2017)

Ang testimonya ni Asawa 12 ay tungkol sa naging pagbabago ng kaniyang asawa mula sa dating *babaero* patungo sa pagiging *good boy* nang dahil sa pagdalo nila sa MEWS. Palasak naman ang terminong *babaero* ngunit sa konteksto, ang ugali o gawaing ito ng kaniyang bana ay tinatanggap na niya. Hindi ginamit ng asawa ang salitang taksil o nakikiapid. Para sa asawa, ang ugali o gawaing ito ng kaniyang asawa ay tila isa lamang bisyo na mahirap alisin. Ginamit naman ni Asawa 12 ang salitang *good boy* bilang paglalarawan ng positibong pagbabago sa kaniyang asawa. Ang ibig niyang sabihin ay matino na ang kaniyang bana, wala nang bisyo, hindi na nambababae, maganda na ang disposisyon sa buhay at maaayos na ang kanilang pagsasama bilang mag-asawa.

Narito naman ang ilang pahayag ni Nene batay sa pinatnubayang talakayan (FGD) tungkol sa naging relasyon nila ng kaniyang bana:

“Yung mga babae diyan nagkalat diyan sa kalsada. Yun bang mga bayaran na babae ganun. Lalo na ‘pag nasasakay sa kaniya.”

(Nene: batay sa FGD, 2020)

“Napaka-nagger ko talaga noon. Masama talaga ugali ko noon.”

(Nene: batay sa FGD, 2020)

“Konting pagkakamali, wala akong sinasanto kahit yung mga nagtitinda ng shabu? Di ko pinapatawad ‘yan.”

(Nene: batay sa FGD, 2020)

Ang tatlong pahayag na ito ay tungkol sa ibinahagi ni Nene tungkol sa kaniyang bana noong panahong ito ay namamasada pa ng traysikel. Sinasabi niyang palikero o babaero ang kaniyang bana.

Sa unang pahayag, ginamit niya ang idyomatikong salitang *bayaran* na tumutukoy sa mga babaeng nagbibigay ng panandaliang aliw kapalit ng maliit na halaga. Marami pang salitang maaaring gamitin para dito na balbal tulad ng *pokpok* o *puta* at puwede ring matayutay tulad ng *kalapating mababa ang lipad*. Ang paggamit ni Nene ng salitang *bayaran* ay paggamit ng katimpian o kahinahunan upang ilarawan kung anong uri ng babae ang lumalapit sa kaniyang bana.

Sa ikalawang pahayag, bagamat may salitang *bungangera* bilang pinakamalapit na katumbas ng *nagger* mas pinili ni Nena itong termino sa Ingles marahil upang hindi masyadong maging bulgar ang salita dahil ito ay isang pinatnubayang talakayan.

Sa ikatlong pahayag naman ni Nena ay ginamit niya ang idyomang *wala akong sinasanto* bilang *pahiwatig* sa pagiging matapang niya bilang asawa ngunit kung minsan ay wala sa lugar.

Lumitaw ang mga salitang ito na kaniyang ipinahayag upang ilarawan ang mga pangyayari sa kanilang buhay mag-asawa noong panahong hindi pa sila sumailalim sa MEWS.

Narito naman ang ilang idyomang ginamit niya Bubong, Sheryl, Jonjon, at Agnes batay sa kanilang pagtalakay kung anong uri sila ng bana at asawa noong mga panahong hindi pa sila sumasailalim sa MEWS at paano ito nabago matapos silang sumailalim dito.

“Parang galit ako sa mundo noong mga panahon na ‘yun.”

(Bubong: batay sa FGD, 2020)

“Hindi, kasi mayroong issue na-resolve din, sa tagal ng pagsasama namin na ano eh na nabigyan ng ano tuldok na kaya maganda yung ano naging ano. Kinalabasan.”

(Sheryl: batay sa FGD, 2020)

“...ano, kaya ko pala umalis sa putik (droga) na pinanggalingan ko.”

(Jonjon: batay sa FGD, 2020)

“Nandoon ‘yung ‘pag dumarating siya, parang may bago kang estrangherong pakikisamahin.”

(Agnes: batay sa FGD, 2020)

Sa unang pahayag, inilarawan ni Bubong na siya ay ‘parang galit sa mundo’ nang siya ay hindi pa sumasailalim sa MEWS. Ito ay mga ‘pahiwatig’ na wala pa siyang maayos na disposisyon sa buhay bilang bana at ama na may binubuong sariling pamilya. Ibang-iba ito sa kaniyang naging *aura* ng pagiging masayahin, palabiro, at may takot sa Diyos matapos siyang sumailalim sa MEWS at hindi naglaon ay naging miyembro ng *Extraordinary Minister of the Holy Communion* o *lay minister*.

Sa ikalawang pahayag naman, ginamit naman ni Sheryl ang idyomang *nagkaroon na ng tuldok* bilang *pahiwatig* nang ibahagi niya ang kanilang buhay mag-asawa noong bago sila sumailalim sa MEWS at ang naging malaking pagbabago sa kanilang buhay-mag-asawa pagkatapos nito. Sinabi niyang pagkaraan nilang sumailalim ay natapos na rin ang hindi magandang pangyayari sa kanilang buhay-mag-asawa ni Jonjon.

Sa ikatlong pahayag naman, ginamit ni Jonjon ang idyomang *umalis sa putik* bilang *pahiwatig* sa kaniyang naging pagbabago sa nakaraan niyang buhay tungkol sa paghinto niya sa pagkalulong sa droga. Ibinahagi niya na naging malaking tulong ang MEWS sa naging

pagbabago ng kanilang buhay mag-asawa. Si Jonjon ay naging aktibong miyembro na rin ng *Extraordinary Minister of the Holy Communion*.

Sa ikaapat at huling pahayag, inilarawan naman ni Agnes ang kaniyang sitwasyong kapag dumarating mula sa abroad ang kaniyang *seafarer* na bana na siya raw ay parang may kasamang *estranghero* ay isa paraan pa rin ng *pahiwatig* na parang hindi niya kilala ang kaniyang bana o kaya’y siya ang hindi kakilala nito dahil napaikli lamang ng kanilang panahon para magkasama at kulang ang mga panahong iyon upang higit nilang makilala ang isa’t isa.

Ang mga sinuring pahayag ng mananaliksik ay batay sa mga salita, pahayag, at diskurso ng mga mag-asawang sumailalim sa MEWS batay sa kani-kanilang testimonya at pinatnubayang talakayan.

Narito ang ilang mga salita, idyoma, at kawikaan sa buhay ng mga mag-asawa:

Mga Salita	Kahulugan batay sa Konteksto
Hoy!	Tawag ng bana sa asawa kapag inaaway siya.
<i>good boy</i>	Tawag sa bana ng asawa kapag hindi na nambababae
Bayaran	Tawag sa babaeng nagbibigay ng panandaliang kaligayahan kapalit ng pera
<i>Nagger</i>	Tawag sa asawang mahilig magbunganga sa bana
<i>hindi nagwa-war freak</i>	Hindi nagwawala o hindi nakikipag-away kapag nagagalit sa asawa
Pader	Pagwawangis sa bana bilang matibay na sandalan ng relasyon at pamilya
abnormal na buhay	Buhay ng laging umiinom at nakikipag-away sa asawa, mas madalas na lasing kaysa hindi lasing
<i>nagiging open minded</i>	Naging katangian ng isang bana na nagngahulugan na mas lumawak na ang pang-unawa matapos sumailalim sa MEWS na dati ay mahirap paliwanagan
Barkada	Karaniwang isa sa mga pangunahing dahilan ng pag-aaway ng mag-asawa dahil sa mas binibigyang-prioridad ng bana kaysa sa kaniyang asawa
pinatos	Pinatulan o panandalian at hindi sineryosong pakikipagrelasyon ng bana sa ibang babae
<i>hinanting (hunting)</i>	Pilit na paghahanap ng asawa sa isang babaeng nakakarelasyon ng kaniyang bana na may layuning gumanti, manakit, o murahin ito
Ineskandalo	Karaniwang ginagawa ng asawa na may layuning ipahiya ang bana sa harap ng maraming tao dahil sa ginawa nitong kalokohan
Maldita	Negatibong ugali ng isang asawa na higit pa sa pagiging pilya kapag naloloko ang kaniyang bana
<i>Darling</i>	Karaniwang tawag ng mag-asawa sa isa’t isa bilang tanda ng kanilang pag-mamahalan
<i>nag-extra-extra</i>	Terminong ginagamit sa mga trabahong hindi regular at maliit lamang ang bayad o kinikita tulad ng pagtatraysikel, paglalako ng mga paninda sa bahay-bahay, <i>helper</i> ng mga karpintero o mason, at iba pang katulad nito
<i>beer house</i>	Isang lugar na pinupuntahan o tinatambayan ng mga lalaki para uminom o maglasing at karaniwang magaganda at seksing babae ang serbidora. Sa lugar na ito kadalasang nalululong ang kalalakihan, lalo na ang mga bana na naghahanap ng panandaliang aliw.

Ang ilan sa mga salitang ito ay nagbuhat sa iba pang pahayag at testimonya ng mga mag-asawang hindi nabanggit sa papel na ito dahil sa limitadong bilang ng pahina para sa publikasyon.

Mga Idyoma	Kahulugan batay sa Konteksto
galit sa mundo	Galit sa sinapit niyang kapalaran kung kaya, galit na rin sa ibang tao. Ito ang dating pag-uugali ng banang si Bubong sa kaniyang asawa at pamilya bago sumailalim sa MEWS.
nagkaroon na ng tuldok	Idyomang ginamit ni Sheryl na nangangahulugang natapos na rin ang hindi nila pagkakaunawaan ni Jonjon matapos silang sumailalim sa MEWS.
umalis sa putik	Ang idyomang ito ay ginamit ni Jonjon na nangangahulugang itinigil na niya ang pagdodroga at mas naging maayos ang kanilang buhay-mag-asawa ni Sheryl matapos sumailalim sa MEWS. Pahiwatig din ito ng pagbabagong-buhay ni Jonjon.
gusto ko siyang durugin nang buo	Ekspresyong ginamit ni Nena sa kaniyang bana dahil gigil na gigil siya sa ginagawa nito at ang nasa isip lamang nito ay ang paghihiganti. Pahiwatig din ito ng pagkagalit ni Nena sa kaniyang bana.
parang may estrangherong kasama sa bahay	Damdaming ipinahayag ni Agnes sa kaniyang banang si Louie na <i>seafarer</i> na kapag bagong dating at habang magkasama sila sa bahay ay hindi naman sila gaanong nag-uusap at malamig ang pakikitungo sa isa't isa. Pahiwatig din itong unti-unti nang nagkakalamat ang relasyon nilang mag-asawa.
Anong klaseng utak meron ka?	Pahiwatig ito na mababa ang pagtingin ni Nena sa kaniyang bana dahil mahina ang ulo nito o hindi marunong mag-isip kaya nasisira ang relasyon nilang mag-asawa.
walang sinasanto	Ito ang ekspresyong ginamit ni Nena na ang ibig sabihin ay walang kinatatagan o pinangingilagan kahit sino. Pahiwatig din ito ng pagiging matapang ni Nena.
putak ka nang putak	Idyomang ginamit ni Nonoy sa kaniyang asawang si Nena na naglalarawan bilang sobrang bungangera na inihahambing sa maingay na manok.
nanahimik lang sa isang sulok	Pahiwatig na ginawa ni Myra kapag lasing at nagwawala ang kaniyang banang si Larry na ayaw niya ng gulo. Nagdarasal siya sa isang sulok ng bahay sa halip na magalit at makipagsagutan sa bana.
napakabigat sa dibdib ko ang nangyari	Mula sa isang testimonya, ginamit ng bana ang idyomatikong pahayag na ito dahil may pangyayaring hindi niya matanggap na nawalan siya ng trabaho at walang maipakain sa pamilya.
para akong isang ibong nakahawla	Mula pa rin sa isang testimonya, ito ang naging pakiramdam ng asawa nang ayaw siyang payagan ng kaniyang bana na lumabas ng bahay at mamasyal samantalang hindi naman ibang tao ang kaniyang kasama kundi ang kanilang anak.
nagpanting 'yung tenga	Dahil sa narinig, ginamit ng asawa ang idyomatikong ekspresyong ito dahil nagalit siya sa narinig mula sa sinabi ng kaniyang bana na hindi siya pinapayagang umalis ng bahay.
Wala akong give puro take lang.	Paglalarawan ng bana sa kaniyang sarili kung paano niya trinato ang asawa bago sila sumailalim sa MEWS ngunit sa bandang huli ay nagkaroon naman siya ng realisasyon na mali ang kaniyang ginawa.
Gusto ko lagi, ako nasusunod.	Ito ay isang patriyarkal na prinsipyo ng bana sa kaniyang asawa noong hindi pa sumasailalim sa <i>marriage encounter</i> na kailangang lagi siyang masunod dahil siya ang <i>padre de familia</i> . Ang pagiging patriyarkal sa lipunang Pilipino ay tinalakay naman ni Medina sa kaniyang aklat na <i>The Filipino Family</i> (2005).
Ayoko ng sinusuway ako.	Katulad ng naunang ekspresyon, ito ay isa pa ring patriyarkal na prinsipyo ng bana sa kaniyang asawa noong hindi pa sumasailalim sa <i>marriage encounter</i> .
Lumilipad na pinggan at takip ng kaldero	Ginamit itong idyomatikong ekspresyon bilang paglalarawan sa matinding pag-aaway ng mag-asawa na karaniwang ginagawa ng asawa sa kaniyang bana ang paghagis o pagbato ng pinggan, kaldero, at iba pang gamit sa kusina

Ang ilan sa mga idyomatikong pahayag na ito ay nagbuhat sa iba pang pahayag at testimonya ng mga mag-asawa ay hindi na nabanggit sa papel na ito dahil sa limitadong bilang ng pahina para sa publikasyon.

IBA'T IBANG USAPIN AT KAGAWIAN SA BUHAY NG MGA MAG-ASAWA

Sa buhay ng mag-asawa, hindi maiiwasan ang iba't ibang diskurso na maaaring magdulot ng hamon sa kanilang pagsasama at pagbuo ng pamilya. Dahil sa hindi pagkakaunawaan o hindi pag-uusap nang maayos, kung minsan ay nauwi pa ito sa paghihiwalay. Sa bahaging ito ng pag-aaral ay tatalakayin naman ng mananaliksik ang mga diskursong lumutang sa pagitan ng mag-asawa na maiuuri sa mga sumusunod na kategorya:

Pagtatalo

Madalas na ang sanhi ng pagtatalo ng mag-asawa ay ang pag-iral ng makitid na pag-iisip at kawalan ng malawak na pag-unawa sa asawa o bana. Kung minsan ay hindi siya bukas sa komunikasyon o laging naniniwala na siya ang tama o mas magaling kaysa sa kaniyang katuwang sa buhay.

Narito ang ilan sa mga testimonya o pagtatapat ng mga mag-asawa mula sa kanilang testimonya kung paano at bakit sila nagkakaroon ng pagtatalo mula sa *sharing* na isinagawa noong 2017 sa santuwaryo ng *St. Clare of Assisi Parish* batay sa isang *reunion*:

“...dati sabi ko, hindi muna ako makakauwi nang maaga mamasyal muna kami ang mga anak mo, ang sagot niya “ay sige diyan ka na tumira!”.

(Testimonya ni Asawa 1: 2017)

“Eh, kasi ako ‘pag nagagalit hindi ako nagwa-war freak. Nanahimik ako sa isang sulok, nagdadasal. Naku, ano ang gagawin ko dito sa asawa ko gusto ko siyang durugin nang buo.”

(Testimonya ni Asawa 1: 2017)

“Anong klaseng utak meron ka? sabi kong ganun sa kaniya. O sige, kung gusto ninyong dalawang magsama, hoy! ‘wag niyo akong gagawing alila sa mga anak mo! Ayan lahat ng anak mo dalhin mo ‘yan sa babae mo bitbitin mo ‘yan sabi kong ganun. ‘Wag mo akong iiwanan ng anak, sabi kong ganun, bahala ka diyan sa buhay mo, sabi nung nanay ko “sira ulo talaga ‘tong batang ‘to bitbitin mo lahat ng anak mo iuwi mo ‘yan dun.”

(Testimonya ni Asawa 3: 2017)

“Siguro elementary pa lang ‘yung anak namin nagkaroon kami ng pag-aaway. Hiniwalayan ko siya. Nagalit ako, putak ka nang putak. Sa isip-isip ko, diyan ka nang mag-isa naglayas na ako!”

(Testimonya ni Bana 9: 2017)

Sa unang pahayag mula sa testimonya ni Asawa 1, maganda naman ang intensiyon at pagpapaalam ng

kaniyang bana. Hindi man makakauwi nang maaga ay ginagampanan naman nito ang tungkulin bilang responsableng ama dahil kasama niya ang kaniyang mga anak at ipapasyal ang mga ito. Sa halip na pumayag at matuwa, binulyawan pa ng asawa ang kaniyang bana nang *ay sige diyan ka na tumira!*. Malinaw ang *pahiwatig* ng di-pagsang-ayon dito ni Asawa 1 sa intensiyon ng kaniyang bana na ipasyal muna ang anak kaya hindi agad makakauwi. Kung minsan, may mga pagtatalong mababaw naman ang dahilan tulad ng argumentong ito.

Sa ikalawang pahayag mula pa rin sa testimonya ni Asawa 1, hindi bukas ang komunikasyon niya sa kaniyang bana. Sa halip na makipag-usap, mas pinili pa niyang manahimik. Ang pananahimik ay isa ring di-berbal na uri ng *pahiwatig* na nangangahulugang ayaw na ng asawa na umabot pa sa mainitang pagtatalo. Hindi man siya mang-away, matindi naman ang iniisip niyang gawin para sa kaniyang bana, ang *durugin nang buo*. Bagaman ito ay isang tayutay na pagmamalabis, maliwanag na matindi ang naging galit niya sa kaniyang bana na hindi naman niya sinasabi rito nang hayagan ang kaniyang nararamdaman.

Sa pahayag naman ni Asawa 3, may pagmamaliit siya sa kaniyang bana na hindi ito marunong mag-isip. Ang pahayag na *Anong klaseng utak meron ka?* ay isang *pahiwatig* ng pangungutya. Bagamat may katuwiran, itinuturo sa *marriage encounter* na hindi dapat kinukutya ng sinuman sa mag-asawa ang kakayahan nito bilang tao. Mahalaga ang pagtanggap ng mag-asawa sa kani-kanilang kahinaan at kakulangan sa bawat isa. Nagiging dahilan ito ng pagtatalo hanggang sa humantong sa pag-aaway at di-pagkakaunawaan ng mag-asawa.

Batay naman sa testimonya ni Bana 9, ang naging dahilan ng paglayas niya sa kanilang bahay ay ang pagiging bungangera ng kaniyang asawa batay sa kaniyang ginamit na idyomatikong pahayag na *putak siya nang putak eh!* o ang labis na pagiging bungangera ng asawa. Ito ay nangyari noong panahong maliliit pa ang mga anak nila at hindi pa sila sumailalim sa MEWS.

Narito naman ang pagsusuri ng mananaliksik sa sumusunod na mga pahayag:

“...Ta’s ang problema po ay sa aking biyenang Talagang tutol po siya na mapangasawa ko ang kaniyang anak dahil sa wala po akong trabaho noon.”

(Nonoy: batay sa FGD, 2020)

“Sa amin naman bilang mag-asawa, magmula noong kami ay magsama, totally talaga ay financially.”

(Bubong: batay sa FGD, 2020)

“...siguro isang beses lang, buntis ako no’n. Ah, dumayo siya ng bilyaran umaga na wala pa siyempre maghahanap ka no’n ‘di ba ayon ‘yun lang ‘yon.”

(Fem: batay sa FGD, 2020)

Mula naman sa pahayag ni Nonoy, ang bana ni Nene, inilahad niya ang naging problema nilang mag-asawa na karaniwan ding problema ng mga mag-asawa sa mga unang taon ng kanilang pagsasama, ang kaniyang biyenang. (Tinukoy din ni Medina sa kaniyang aklat na

The Filipino Family ang tungkol sa *extended family*.) Sa mga panahon namang iyon ay wala siyang trabaho pero nagsama sila ni Nene. Tipikal sa mga biyenang, lalo na ang mga babae, na magkaroon ng malasakit sa kaniyang anak lalo pa ngat babae pa ito. Subalit kung minsan, hindi niya naiisip na nasa wastong gulang na ang kaniyang anak at kaya na nitong magdesisyon sa sarili niya lalo pa ngat may kaugnayan ito sa pag-aasawa.

Sa pahayag naman ni Bubong, ang bana ni Tata, pinansiyal naman ang kanilang naging problema na karaniwan ding problema ng mga mag-asawa lalo na't kung nagsisimula pa lamang silang magsama. Mahirap din para sa kaniyang asawa na si Tata ang magbadyet ng pera lalo pa ngat si Bubong lamang ang naghahanapbuhay sa kanilang mag-asawa. Lalong nagiging mahigpit ang problemang pinansiyal ng mag-asawa kung nadaragdagan ang anak na habang lumalaki ay kailangang pag-aralin liban pa sa mga pangangailangang pangkalusugan dahil bahagi ng paglaki ng mga ito ang pagkakasakit.

Sa ikatlong pahayag naman ay nabanggit ni Fem na minsan lamang silang nag-away ng kaniyang Bana na si Jun. Iyon ay noong minsang inumaga ito ng pag-uwi dahil sa pagbibilyar na hindi nakapagpaalam sa kaniya. Maliban sa pagiging OFW, si Jun ay isang mahusay na manlalaro ng bilyar. Dagdag sa kaniyang kinikita ang pagsali sa mga *tournament* sa *abroad* o kaya nama'y pakikipagpustahan nang malakihan sa mga kilalang bilyaran. Sa katunayan, marami na rin siyang pinanalunang *billard tournaments* sa Dubai at sa iba't ibang bansa. Nagkataon pala noong gabing iyon ay napalaban na sa malaking pustahan si Jun. Hindi na siya makauwi dahil malaki na ang natatalo ng mga pumusta sa kaniyang kalaban. Sa bandang huli ng kaniyang laban, pinilit na lamang niyang magpatalo upang makauwi na siya dahil kung hindi siya magpapatalo, maaaring may mangyari sa kaniya nang hindi maganda. Naunawaan naman ito ni Fem nang maipaliwanag ito sa kaniya ni Jun.

Sa lahat ng mga sinuring pahayag ng mananaliksik, lumilitaw na iba-iba ang sanhi ng pagtatalo ng bawat mag-asawa at iba-iba rin ang kanilang nagiging solusyon subalit walang naresolba sa mga ito dahil hindi naging bukas ang bawat isa sa komunikasyon.

Rekonsilyasyon

Kung may mga wika at pahayag na lumilitaw sa diskurso ng pagtatalo, mayroon din namang mga wika at pahayag sa diskurso ng rekonsilyasyon. Sa bahaging ito, tatalakayin naman ng mananaliksik ang ilang diskurso ng rekonsilyasyon ng mga mag-asawa:

"Binigyan ko siya ng rosaryo 'ito rosaryo para bumait ka naman'". Kaya nagpapasalamat po talaga ako sa pagsali sa ME malaking bagay talaga 'yun! Maraming salamat po."

(Testimonya ni Bana 3: 2017)

*"Kasi ang ugali nito kahit na mali siya o tama ako, ako talaga susuyo sa kaniya (*natawa). Susuyo talaga ko sa kaniya andyan yung lalambingin ko yan pero*

matagal siyang umoo."

(Jonjon: batay sa FGD, 2020)

"...natutunan ko 'yung kahit papano pala mas maganda yung kung ano yung nasa loob ko sinasabi ko din sa kaniya."

(Fem: batay sa FGD, 2020)

Sa unang pahayag batay sa testimonya ni Bana 3, isa sa paraang ginamit niya ay ang magbigay ng rosaryo sa kaniyang asawa. Tinanggap naman iyon ng kaniyang asawa at naging bukas siya sa pagtanggap ng kaniyang mga pagkakamali. Inamin niyang naging malaking bagay talaga ang pagsali nila sa *marriage encounter*.

Sa paniniwalang Katoliko, ang pagrorosaryo ay pangalawa sa pinakamataas na pamamaraan ng pagdarasal, pinakamataas ang misa. Naniniwala ang mga Katoliko kay Birheng Maria bilang tagapag-ugnay (*mediatrix*) kay Hesus at sa Diyos Ama. Hindi naging bayolente ang reaksiyon ni Asawa 3 sa pagbibigay sa kaniya ng rosaryo ng kaniyang bana dahil bilang Katoliko, naniniwala siya sa bisa ng pagdarasal lalong-lalo na ang pagdarasal ng santo rosaryo. Si Bana 3 ay malakas din ang pananampalataya na isa sa mga paraan upang mapabuti pa niya ang kaniyang asawa ay sa pamamagitan ng pagdarasal ng rosaryo. Ang pagbibigay ni Bana 3 ng rosaryo sa kaniyang asawa ay *pahiwatig* din ng kaniyang pakikipagkasundo sa mga nakaraan nilang alitang mag-asawa.

Batay naman sa pinatnubayang talakayan, ang paraan naman ng rekonsilyasyon para kay Jonjon ay suyuin ang kaniyang asawa na si Sheryl. Ipinagluluto niya ito ng pagkain – almusal, tanghalian, at hapunan. Ipinagtimpla niya ng kape. Nilalambing niya ang kaniyang asawa. Di-maglalaon, magkakasundo rin sila at kalilimutan na ang mga nagdaang alitan. Ang pagtimpla ng kape ni Jonjon sa kaniyang asawa pati na rin ang pagluluto nito ay mga di-berbal na pahiwatig bilang paraan ng pagsuyo sa kaniyang asawa at nagbibigay ng mensahe ng rekonsilyasyon.

Kung may kasabihan sa Ingles na, *the way to a man's heart is through his stomach*, kabaliktaran naman ito kay Jonjon. Hindi muna pakikipag-usap ang paraan niya ng pakikipagkasundo kung mayroon silang alitang mag-asawa. Ipinagluluto niya ito ng almusal, tanghalian, at hapunan, pati na ang pagtimpla ng kape (mga di-berbal na pahiwatig). Hindi naman ito tinutulan o tinaggihan ng asawang si Sheryl. Samakatuwid ay naging mabisang paraan ito rekonsilyasyon para kay Jonjon. Mabisa rin pala ang *the way to a woman's heart is through her stomach*, dahil nagbubunga ito ng rekonsilyasyon sa kanilang mag-asawa.

Batay pa rin sa pinatnubayang talakayan, sinabi nama ni Fem na mas maganda pala na naging bukas siya sa kaniyang nararamdaman para sa asawa. Bahagi ito ng *'mutual empathy'* na pangunahing itinuturo sa *marriage encounter*. Ito ang paglagay sa sitwasyon ng asawa sa kaniyang bana at gayundin ang bana sa kaniyang asawa. Sa ganitong paraan higit mauunawaan ng bawat isa ang kanilang kasama sa buhay na nagbubunga ng

rekonsilyasyon sa kanilang mag-asawa.

Bagamat may ilan pang diskursong lumutang sa pagitan ng mag-asawa sa kategorya ng pangarap, kabiguan, at pagtugon sa hamon ng buhay ay hindi na ito isasama pa sa pagtalakay dahil sa limitadong haba ng sanaysay para sa publikasyon.

Narito naman ang ilang tala ng mga pahayag buhat sa mga bana at kanilang asawa na nagsilbing instrumento ng pagkakaunawaan sa kanilang relasyon bilang mga mag-asawa:

<i>Ang Wika bilang Instrumento ng Pagkakaunawaan: Ilang Pahayag bilang Pahiwatig ng Pagkakaunawaan</i>
Inilabas ko na lahat (ang sama ng loob) kaya habang binabasa ko ‘yun, iyak ako nang iyak.
Nag-uusap na kami bago matulog.
Nagdadasal ako madalas.
Kaya gusto ko yung time na ‘yun na nagkakaroon ng mga sulat-sulat.
Idinikit ko sa ref namin (‘yung sulat). Basahin mo ngayon ‘yan.
Nagiging open na kami sa isa’t isa.
Ia-adjust ko ‘yung mga bagay na hindi na dapat pag-awayan.
Pero as a <i>couple</i> , ang ginawa namin talaga na pinag-usapan namin na ano mangyayari sa amin.
So talagang mayroong nangyari na nag-agree kaming dalawa.
Hindi naman mawawala ‘yung pagtaas ng boses ko pero simpleng-simple at maya-maya lang ay nagbibiruan na ulit kami.
Pero ngayon, ‘pag may problema ako sasabihin ko sa kaniya, “may problema бага ako tulungan mo ako” so, nagiging <i>open minded</i> ang kaniyang kaisipan tapos nagshe- <i>share</i> na siya akin na ‘yun din ang opinion niya na mag-usap kami.”
‘Pag hindi magkasundo ano raw po, <i>long bench</i> humarap kami para mare- <i>resolve</i> agad at tsaka pagkatapos nun naipaliwanag ko na ‘yung nararamdaman ko sa kaniya siya naman ganun din <i>happy-happy</i> na kaming dalawa.
‘Pag kayo nagkakaintindihan, ‘yung mga problema naaayos maaga pa lang.
Nung pumasok kami sa ME ‘yung literal na pag-uusap namin dalawa kasama namin sa pagitan si Lord, nagka-kaunawan kami.
Pero mula noong nag-ME, ayan na eto na siya lahat nagpapaalala “oh, may <i>meeting</i> ka sa ganun”, “oh, may <i>meeting</i> ka sa ganito” kumbaga siya lahat nagpapaalala sa akin.
Pero ngayon na napasok kami pareho sa ME pag halimbawa kulang sa pinansyal “uy wala na tayong ganito ‘yung anak mo may kelangang ano...ano sabi niya, “bahala na si Lord”, may Lord ka? ‘yun ang nakakatuwa.

PAGWAWAKAS

Sa kulturang Pilipino, karaniwan ang paggamit ng *pahiwatig* sa pagbibigay ng mensahe sa ibang tao – kaibigan, kasama sa trabaho, malapit o malayong kamag-anak, mga mahal sa buhay, at ibang pang taong nakakahalobilo natin sa pang-araw-araw na buhay. Dahil hindi tuwiran ang ibinibigay na mensahe, mahalaga ang lubos na pang-unawa sa kahulugan ng mga *pahiwatig* dahil ito ang magbibigay-daan sa lubos na pagkakaunawaan. Sa buhay mag-asawa, mahalaga ang bukas na komunikasyon at lalong mahalaga ang pag-unawa sa ibinibigay o ipinapakita nilang *pahiwatig*. Nailimita lamang sa mananaliksik ang paglalapat ng pag-aaral ni Maggay sa gamit ng mga *pahiwatig* at *di-berbal na komunikasyon* dahil na iyon lamang ang nagamit sa pagsusuri ng mananaliksik.

Sa pagpapatatag naman ng relasyon ng mag-asawa, nakatutulong ang mga organisasyong pangmag-asawa tulad ng *Marriage Encounter Foundation of the Philippines* upang muling sariwain ng mag-asawa ang kasagraduhan ng pagpapakasal sa simbahan at alalahanin ang isinasaad sa Banal na Kasulatan mula sa Marcos 10:9 *Ang pinagsama ng Diyos ay huwag paghiwalayin ng tao*.

Mahalagang matutuhan ng bawat mag-asawa ang *mutual empathy* o ang paglalagay ng bana sa sitwasyon ng asawa bilang babae sa loob ng tahanan at ina ng kanilang mga anak upang maunawaan niya nang lubusan ang tunay na katayuan nito sa kanilang pagsasama. Dapat ding maunawaan ng asawa ang kalagayan ng kaniyang bana sa pamamagitan ng paglalagay niya sa sitwasyon nito.

Ganoon pa man, hindi garantiya ang sumailalim sa MEWS na maisasalba nito ang relasyon ng mag-asawang naghihingalo na ang pagsasama lalo na’t kung hindi ito ganap na seseryosohin ng mag-asawa. Nasa mag-asawa pa rin kung paano nilang dapat na ayusin ang kanilang relasyon at kung paano sila magkakaroon ng isang masayang pamilya. Nasa kanilang mag-asawa ang kahahantungan ng isang maganda o hindi magandang pagsasamahan. Kasabihan nga, *sa tao nanggagaling ang kaniyang ikinagagaling at sa tao rin nagmumula ang kaniyang ikinasasama*.

MGA SANGGUNIAN

MGA AKLAT:

Ocampo, Leo Martin R., nagsalin. *AMORIS LAETITIA ng Banal na Papa Francisco Ukol sa Pagmamahal sa Loob ng Pamilya*. Claretian Communications Foundation, Inc. Quezon City. Philippines. 2016.

Escriva, Josemaria. *Ang Pag-aasawa: Isang Bokasyong Kristiyano*. Sinag-Tala Publishers. Manila. Philippines. 2000.

Maggay, Melba, P. *Pahiwatig Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Ateneo de Manila University Press. Quezon City. Philippines. 2002.

Medina, Belen T.G. *The Filipino Family*. University of the Philippines Press. Quezon City. Philippines. 2005.

MGA LINK:

“5 Kalimitang Dahilan ng Paghihiwalay ng Mag-asawa.” RadyoMaN, 23 Agosto, 2018, rmn.ph/5-kalimitang-dahilan-ng-paghihiwalay-ng-mag-asawa.

“Hindi Masayang Pagsasama ng Mag-asawa.” gotquestions.org, www.gotquestions.org/Tagalog/hindi-masayang-pagsasama-magasawa.html

“Kung Paano Maiiwasan ang Pagtatalo.” jw.org, Gumising, Pebrero, 2013, www.jw.org/tl/library/magasin/g201302/pagtatalo-kung-paano-maiiwasan-ng-mag-asawa/

“Kung Paano Pag-uusapan ang mga Problema.” jw.org, Gumising, Hunyo, 2016, www.jw.org/tl/library/magasin/gumising-bl3-2016-hunyo/pag-

uusap-ng-mag-asawa-problema/

Lacanalale, Jam, “*Kahalagahan ng Komunikasyon sa Pagpapatatag ng Pamilya*.” slideshare.net, 2024, www.slideshare.net/JamLacanalale/kahalagahan-ng-komunikasyon-sa-pagpapatatag-ng-pamilya-63941864

PAKIKIPANAYAM (via ZOOM):

Aventajado, Robert, pangulo ng Marriage Encounter Foundation of the Philippines, Enero 31, 2021.

PINATNUBAYANG TALAKAYAN (FGD), DYORNAL, at TESTIMONYA NG MGA MAG-ASAWA:

Ronnie at Neng Moreno, Agosto, 2021

Larry at Myra Benitez, Agosto, 2021

Junpik at Jen Salaver, Agosto, 2021

Jonjon at Sheryl Montebon, Agosto, 2021

Jun at Fem Dela Rama, Agosto, 2021

Robert at Anna Baguion, Agosto, 2021

Bubong at Tata Dela Cruz, Agosto, 2021

Willie at Juliet Rosal, Agosto, 2021

Nonoy at Nene Buenvenuto, Agosto, 2021

Louie at Agnes Balbin, Agosto, 2021



Si **RAMILITO B. CORREA** ay isang *Associate Professor* sa Departamento ng Filipino sa De La Salle University-Manila at nagtapos ng *Doctor of Arts in Language and Literature-Filipino*. May mga publikasyon siya sa araling Filipino – (nasyonal at internasyonal), pagsasalin, kasaysayang pampanitikan, tula, sanaysay, maikling kuwento at mga salin ng maikling kuwento at tula sa Filipino sa iba’t ibang *journal*. May Gawad Pagsulat ng Sanaysay Gantimpalang Collantes, Komisyon sa Wikang Filipino noong 2003 at 2012 (Karangalang Banggit). Nakapaglalathala rin ng mga pananaliksik gaya ng “Ang Paglitaw ng *Anime*, Paglaganap Nito sa Mundo, at Pagpasok Nito sa Pilipinas” 2003, *Kulturang Popular na Asyano, Department of Social Sciences, University of the Philippines-Manila*, ISBN 978-xxx-xxxxx-x-x (Print), *Terminus* (Salin sa Filipino ng *Terminus* ni Ralph Waldo Emerson) *SALIN Journal*, Setyembre 2022, Tomo 1, Blg. 1 ISSN Print 2961-3205 ISSN Online 2961-3213, at Sampung Araw ng Bilanggo (Sanaysay), Mayo, 2022 *Luntian Journal Online*, Ikaanim na Isyu ISSN 2719-0463 (Online) <https://sites.google.com/view/luntianonlinejournal/ikaanim-na-isyu-pamumukadkad-mayo-2022/sanga-sangang-sanaysay#h.j388wtf4r6lc>

Wika ng Lahi: Mga Natatanging Termino sa Ilang Piling Ritwal at Paniniwala ng mga Imangali

MARYJOYCE D. WANGIWANG

mdwangiwang@ksu.edu.ph

Kalinga State University

ABSTRAK

Bawat pangkat ng mga taong naninirahan sa isang komunidad ay may natatanging kaibhan sa wika, paniniwala, mga ritwal, mga gawain, at ibang sangay ng kultura. Ito ang mga tatak ng isang lahing nagbuklod at nagpakilala sa kanilang kasarinlan. Ito'y mapapatunayan sa pag-aaral na ito na may layong maidokumento ang mga natatanging paniniwala at ritwal, matukoy ang mga wikaing ginamit mula pagkapanganak, pag-aasawa, at pagkamatay ng isang Imangali at ang mga pahiwatig na nakapaloob sa mga wikang ginamit, ganoon din ang mga ritwal at paniniwalang napili.

Kuwalitatibong palarawang pamaraan ang ginamit sa pag-aaral. Pakikipanayam, pagmamasid, at pakikibahagi ang mga pangunahing instrumentong ginamit. Nakatulong din ang pagbasa sa mga etnograpiya ng Kalinga at mga librong may kinalaman sa ugnayang wika at kultura.

Natuklasang may labindalawang natatanging wikain sa mga piling ritwal at paniniwala sa panganganak, labing-isa sa pag-aasawa, at labindalawa sa pagkamatay. Sa kabuuan ay may tatlung limang natatanging wikain ang mga Imangali na natatagpuan sa mga piling ritwal at paniniwala. Ang mga wikaing nagamit ay natatangi at walang katumbas sa ibang wika sapagkat nakaugat ang mga ito sa kanilang kultura, ang pagtangkilik nila sa mga ritwal at paniniwala ay mga tatak ng kasarinlan na siyang humubog sa kanilang pagiging Imangali. Ang mga naturang termino ay maaaring isanib o isama sa mga asignaturang kultural at sa iba pang araling panlipunan upang itaas ang pag-unawa, pagtanggap, at pagpapahalaga sa mga kulturang Pilipino.

Mga Susing Salita: wika, lahi, ritwal, paniniwala, Imangali

ABSTRACT

Every community has a distinct language, set of customs, set of beliefs, and other cultural elements that define its members. Beyond itself, language always has meanings and references: the cultural norms of a given social group are reflected in the meanings of a certain language. Interacting with a language entails interacting with its reference culture. Because of their close relationship, we could not comprehend a culture without having direct access to its language. This study aims to document the selected rituals and practices, identify the distinct language expressions used from birth to death, and to determine the implication of these language expressions.

Descriptive qualitative research methodology was utilized in the study because understanding concepts, opinions, or experiences requires collection and analysis. Results shows that there are 35 distinct language expressions used in the selected rituals and practices of the Imangali from birth to death. Twelve (12) on birth, eleven (11) on marriage, and twelve (12) on death. The language expressions used are distinct, these cannot be translated in any language but used as it is since these are in the context of the Imangali culture, these rituals and practices serve as a means of preserving their identity and will always speak of their being an Imangali. The linguistic expressions may be integrated or incorporated into cultural studies courses as well as other social science courses to promote understanding and acceptance, and appreciation of Filipino culture.

Keywords: *linguistic expressions, rituals, beliefs, Imangali*

TATLONG BAHAGI

I. Panimula

Bawat pangkat ng mga taong naninirahan sa isang pook, bayan, pamayanan o bansa ay may sariling kultura. Kulturang sumasalamain sa pamumuhay ng mga taong nananahanan sa isang pamayanan, tulad ng kanilang sining, literatura, paniniwala, at kaugalian. May dalawang uri ng kultura, ito ay ang materyal na kultura at di-materyal na kultura. Binubuo ng materyal na kultura ang mga bagay na nakikita at nahahawakang pisikal, nabibilang dito ang mga kasangkapan, kasuotan, kagamitan, bahay at pagkain, samantala, ang mga kaugalian, tradisyon, panitikan, musika, sayaw, paniniwala at relihiyon, pamahalaan at hanapbuhay ay sumasaklaw sa di-materyal na kultura (Garcia, 2009).

Kasabay ng pagpapanatili sa kultura ay ang pagpapanatili sa wika, wika na siyang magbubuklod sa mga tao sa lipunang kinabibilangan at sa bansang sinasakupan. Mahalagang pagtuunan ng pansin kung paano pananatilihin ang mga terminong nagiging tatak ng ating lahi, mga salitang magpapabatid kung sino at ano tayo sa pamamagitan ng mga bagay-bagay at pangyayari na isinisimbolo.


Isa sa mga baryo ng probinsiya ng Kalinga ang pagtutuunan ng pag-aaral ng mananaliksik dahil sa mga natatangi nitong termino na nagbabantayog sa kanilang pagkakakilanlan bilang Imangali (mga taong naninirahan sa Mangali). Mga terminong nagbubuklod sa pagiging Imangali nila na nakaugat sa kanilang kultura. Sa kanilang mga ritwal at paniniwala sa panganganak, pag-aasawa, at pagkamatay ay may mga terminong ginagamit na magpapakita sa kanilang kaibhan sa ibang baryo ng Kalinga, dito makikilala ang ugnayan nila sa kanilang pamilya, sa kapuwa at sa lipunan. Masasalamain din ang kanilang mga kaugalian tulad ng pagiging matulungin, magiliw, magalang, at pakikiisa sa lahat ng kanilang mga gawain maging sa oras ng kalungkutan at kasiyahan.

Mga pagpapahalagang hindi dapat mabura kundi lalong isagawa upang mapanatili ang magandang tatak ng lahang Imangali. Kung ihahambing ang mga termino mula sa mga ritwal at paniniwala ng mga Imangali sa ibang lugar ng Cordillera, mayroon din silang mga ritwal at paniniwala at may sariling tawag o termino ngunit kaiba sa mga Imangali. Halimbawa sa Ifugao, isa sa mga ritwal na ginagawa sa patay ay ang tinatawag na *Ammuhu* – bago ilagay ang mga labi sa kabaong ay kailangang ilipat-lipat ito sa bahay ng mga anak bilang pagtanggap, pati na rin sa mga kaanak kung nais. Sa Benguet man ay mayroon din tulad ng tawag na *Nangmesan Sha*. Ito ay isinasagawa sa unang araw kung saan ang katawan ng patay ay pinapaliguan bago ilagay ang kaniyang mga damit pagkatapos ay pauupuin sa *sangashelas* – yari ito sa kawayan na parang upuan, hawig ng *sangadil* sa mga Imangali. Ang terminong *ngorab* ay *pre-burial* na ritwal ng mga taga-*Mountain Province* na may layuning bigyan ng pahintulot ang mga miyembro ng pamilya na makiisa sa mga gawain sa lamay (Celino 1990).


SINO ANG IMANGALI?

Ang Mangali ay isang *ethnolinguistic cluster* sa Tanudan na binubuo ng anim na barangay: Poblacion, Mangali Centro, Anggacan Sur, Anggacan Norte, Lower Mangali, at Bawak. May sarili silang wika bagamat nagkakaunawaan sila sa mga karatig baryo ng Tanudan ay magkakaiba sa maraming termino at lalong magkakaiba sa tono at paraan ng pagbigkas tulad ng salitang **pilapil**, sa Mangali – *banong*, na *katel* sa baryo ng Taloctoc, at *pigor* sa baryo ng Dacalan, bukod pa rito ang magkakaibang tono. Mula sa siyudad ng Tabuk, kailangang sumakay ng mga tatlong oras hanggang sa may ilog at simulang lakarin ang mga pilapil ng kabukiran nang isang oras bago marating ang unang barangay.

Baryo ng Mangali



Mangali Rice Terraces



Tulad ng ibang lugar sa Cordillera, ang mga Imangali ay nagtatanim din ng palay, kape, at gulay na siyang pinagkukunan ng kanilang pang-araw-araw na pangangailangan, lalo't sila ay malayo sa sentro ng kabihasnan. Kadalasan ang mga produkto nila ay hindi naibebenta sa palengke dahil sa kalayuan kaya't nangyayari ang *barter system*. Sa kasalukuyang panahon na halos lahat ay iniaasa sa paggamit ng modernong teknolohiya, ang mga Imangali ay nananatili sa katutubong paraan ng pagsasaka dahil naniniwala silang mas mapepreserba ang kalikasan ng mga bukirin at taniman nila at lalong hindi sila gumagamit ng mga kemikal na pataba. Isa sa kakaibang paraan nila ng pagpapatuyo ng palay ay ang pagsasalansan ng mga naaning palay na binibigkis gamit ang pinanipis na kawayan upang madaling matuyo. Makikita sa ganitong paraan na kahit iniwan sa bukid ang mga palay ay walang mawawala, nagpapakita ng kabutihang-loob, tiwala sa kapuwa at pagrespeto sa kultura.

Mahal nila ang kanilang kultura, ang kanilang sayaw, awitin, mga ritwal at ito'y naipapakita sa iba't ibang mga sitwasyon sa kanilang lugar. Makikita sa mga larawan ang masayang pagsali ng mga bata, Kabataan, at matatanda sa mga gawain sa kanilang komunidad.

Paraan ng Pagpapatuyo ng Palay



Pagtutulungan- Pag-aalay ng inandila (kakanin) at paglalagay ng pera sa ibabaw (nakaipit sa piraso ng kawayan) ng mga kamag-anak ng matandang may sakit para gumaling



Pag-awit at Pagsayaw



Likas din ang pagiging matulungin nila, ang salitang bayanihan ay buhay na buhay pa, ang pakikiisa sa anumang kaganapan maging sa kasiyahan o sa kalungkutan ay ugaling laging ipinapaalalang huwag kalimutan ng mga magulang sa kanilang mga anak. Lahat ng miyembro ng komunidad ay may kani-kaniyang gagawin bilang pagtulong sa may okasyon o sa pamilyang nangangailangan.

Matatandang babaeng sama-samang nagluluto ng kanin para sa mga taong naglalamay at mga kalalakihan naman sa pagparte ng baboy o kalabaw na uulamin ng mga tao.



Pagbuhat mula sa malayo ng kakataying Baboy para sa ikakasal



Pagturo sa mga bata kung paano ang katutubong pagluto ng kanin para hindi masunog.



Ang mga larawan ay kuha mismo habang nagaganap ang mga pangyayari gamit ang *cellphone*. Ilan lamang ito sa mga kaugalian at katangian ng mga Imangali na nagpapakita ng kanilang kaibhan sa ibang karatig na baryo at probinsya. May mga katulad din ang mga ganitong kaugalian ngunit sa ibang pamamaraan, ang iba naman ay napasok na ng modernong teknolohiya at pangangalakal kaya't hindi na gaanong isinasagawa.

Isa sa mga hamon sa kasalukuyang panahon ay ang posibilidad ng unti-unting paglaho ng mga ritwal at paniniwalang ito dahil na rin sa paglipat ng ilang Imangali sa ibang lugar upang mag-aral, mamuhay, at ang iba ay nakapangasawa na rin sa ibang lahi. Kasabay nito ang mabilis na pagbabago sa larangan ng teknolohiya na nakaaapekto sa pagpapanatili ng pagkakakilanlan ng mga Imangali. Dahil dito, may pangangailangan sa pagdodokumento ng mga ritwal at paniniwala upang mapanatili ang magagandang termino na ginagamit sa pakikipag-ugnayan sa pamilya, sa kapuwa, at sa lipunan ng mga Imangali at nang maiwasan ang posibleng pagkakaroon ng krisis sa identidad.

Kung hindi mapapanatili ang karunungan ng bata sa kaniyang katutubong wika, maaaring may mahahalagang bagay na mawawala tulad ng kaniyang ugnayan sa pamilya at sa lipunang ginagalawan. Upang maiwasan ang tuluyang pagkamatay ng mga wika, iginiit ni Quintayo ang kahalagahan hindi lamang ng paggamit ng wikang katutubo bilang paraan ng komunikasyon, ngunit pati na rin ang patuloy na pananaliksik at pagdodokumento ng mga wikang ito (Eberhard, David M., Gary F. Simons, 2023).

Ang pag-aaral ay isang *survey*, dokumentasyon ng mga ritwal at paniniwala ng mga Imangali at pagtala sa mga terminong ginagamit o napapaloob sa mga ito. Ito ay naisagawa sa pamamagitan ng indibidwal na pakikipanayam, pagmamasid, pakikibahagi at *focus group discussion*, ang kalalabasan nito ay magsisilbing dokumentasyong magpapanatili

sa kahalagahan ng kultura at wika para sa susunod na mga henerasyon ng mga Imangali. Tiyak na layunin ng pag-aaral na maisadokumento ang ilang piling ritwal at paniniwala ng mga Imangali batay sa kapanganakan, pag-aasawa, at pagkamatay, matukoy ang mga natatanging terminong ginagamit sa ilang piling ritwal at paniniwala, at matukoy ang kahulugang taglay ng mga ito.

MGA TERMINO SA ILANG RITWAL AT PANINIWALA NG MGA IMANGALI SA PAGANGANAK, PAG-AASAWA, AT KAMATAYAN


Ang paglalahad ng mga ritwal at paniniwala ay naaayon sa yugto ng buhay, ang pagkapanganak, pag-aasawa hanggang sa kamatayan. Sa bawat yugto ay may mga prosesong sinusunod ayon sa kanilang kultura kaya ang ayos ng mga terminong ginagamit ay hindi sumusunod sa ayos alpabeto kundi nakabatay sa kung anong ritwal ang dapat mauna, ganoon din sa mga paniniwala.

Ang mga larawan ay kuha sa mismong pinangyarihan ng mga ritwal. Samantalang ang ibang walang larawan ay sa dahilang ang mga ito ay hindi inirerepresenta ng isang bagay, kung hindi kabuuan, o kaya isang hindi kongkretong bagay o mga paniniwala.

A. PANGANGANAK

AGANGYAYAWAN (Mabilis ang bigkas)

Ang bayong na puno ng *moma* o nganga ay inihahanda sa bahay pagkatapos manganak ang ina upang may ngunguyain ang mga taong bibisita sa sanggol na bagong panganak. Ang *moma* sa mga Imangali ay isang bagay na napakamakabuluhan sa kanilang buhay sapagkat ito ang nagbibigay gana upang maisagawa ang anumang mga gawain nila.



KONTAD

(Binibigkas ng walang tunog ang k)

Ito ang unang ritwal na gagawin pagkapanganak sa sanggol, magkakatay ng isang manok (*native*) sa unang gabi. Ito ay sa dahilang ang ina ay nangangailangan ng masustansiyang sabaw para may maipasuso sa sanggol ngunit ito ay hindi dapat nilalagyan ng asin para hindi raw makaranas ng sakit sa kutis tulad ng *scabies*. Ipinapakita rito ang pangangalaga sa ina at sa kaniyang sanggol sa pamamagitan ng paghahanda ng masarap at masustansiyang pagkain.

Samantala sa resulta ng pag-aaral na *Maternal and Infant Care Beliefs and Practices of Aeta Mothers in Central Luzon, Philippines*, ang mga nanay na kapapanganak pa lamang ay bawal kumain ng maaalat na pagkain para hindi matuyuan o makulangan ng sabaw ang suso ng ina (Leabres Jr. et al., 2019).

Kapag ito ay naluto na ay magyayaya ang ama ng pamilya sa buong baryo at isisigaw ang salitang *ANNA KONTAAAD*. Kapag ito ay narinig ng mga tao ay agad silang pupunta dahil ang ibig sabihin ay *may bagong panganak na sanggol* kaya sila magkakatay ng manok upang makibahagi sa pagkain kahit sabaw lamang. Ginagawa nila ito upang ipagbigay-alam sa buong baryo na may bagong miyembro sa kanilang pamilya. Nakikita sa ritwal na ito ang labis na kasiyahan ng pamilya sa bagong miyembro na kahit sa simpleng paghahanda ay naibabahagi pa sa iba. Mga bagay na nagpapakita ng pagpapahalaga sa buhay ng mga Imangali.



MASAMA/KABATI

(masama - malumay ang bigkas) (kabati - maragsa ang bigkas at walang tunog ang k)

Pagkaraan ng limang araw, ang mga magulang ng inang kapapanganak ay magluluto ng malagkit at magkakatay ng isang baboy. Aanyayahan lahat ang mga kapitbahay at ang mga kaanak sa kanilang baryo para makibahagi sa naturang pagdiriwang. Ang ritwal na ito ay ginagawa bilang pasasalamat at pagbati ng *maligayang pagdating* sa bagong panganak na sanggol. Ang ritwal na ito ay ginagawa lamang sa una o panganay na anak babae man o lalaki, hindi katulad ng KONTAD na ginagawa sa lahat ng bagong panganak.

Ang salitang MASAMA o KABATI ay nakaugnay sa pagdiriwang ng bagong panganak na panganay na lalaki at ang panganay rin na babae. Ito agad ang unang maisip ng mga tao sa Mangali kapag inaanyayahan mo silang dumalo.



SIPAT

(Binibigkas nang malumay)

Isang paniniwala na kapag ang sanggol ay naipanganak ay lalagyan ang pulso ng tinaliang piraso ng luya o maliit na piraso mula sa buntot ng musang o *mutit* bilang proteksiyon ng sanggol sa masasamang espiritu, lalo kung siya ay ibibiyahe sa ibang lugar. Maiiwasan dito ang tinatawag na ***Doknal***. Ang paniniwalang ito ay nangyayari kapag kinakausap ng mga di makitang espiritu ang sanggol na siyang dahilan ng walang tigil na pag-iyak at pagkabalisa.

Nagpapahiwatig ng mga natural na kaalaman ng mga sinaunang tao na hininog ng panahon at mga karanasan na siyang dahilan ng lalong pagtangkilik hanggang sa kasalukuyang panahon. Sa Albay naman, kapag nagkasakit ang sanggol, naniniwala ang ina na nakagagamot ang paghaplos gamit ang laway na ihalalo sa nginuyang dahon ng *lawod* (*betel leaves*) para gumaling ang anumang sakit ng tiyan (Palacio et al., 2014).



TAYU-TAYU/SALDOY

(tayu-tayu - binibigkas nang malumay) (saldoy - binibigkas nang malumay at ang L ay may bar line sa taas)

Ito ay salitang binabanggit ng taong may hawak sa bata habang naglalakad sa biyahe upang maiwasan ang mga di nakikitang espiritu na tumingin o kausapin ang sanggol. Halimbawa, ***tayu-tayu tubun di kayu adikayu angudu gudu, tubun di bogaw adi kayu anpokapokaw, adipun maila ikimit yu da ata yu adi kayu gumima-u, na nangagahulugang, tayu-tayu dahon ng mga puno, huwag kayong bumulong, dahon ng mga damo, huwag kayong magsisigaw, mga di nakikitang elemento ipikit ang mga mata, huwag kayong umawat***. Isang paniniwalang nagpapakita ng pagprotekta sa bata sa anumang masamang maaaring mangyari sa kaniya. Ipinapakita rin dito ang pagrespeto sa anumang elementong mayroon ang kalikasan.

PASAP-UY

(Binibigkas nang malumay at may glottal na pasara sa pagitan ng P at U)

Sa paglaki ng bata at kung hindi pa siya nakakalakad sa tamang edad ay isasagawa ang ritwal na ito. Ipinunta ang bata sa bahay ng mga lolo at lola upang isagawa ang **sap-uy**, ito'y ginagawa sa pamamagitan ng pag-ihip sa katawan ng sanggol at bubulong ng panalagin ng ganito: *Anginga ginga ka, an-ayaayag ka, anla-ay ka, annodtoddak ka, natnatnatton ka ta anodtoddak kad paway, awatom bilog ni ugsa*. Ibig sabihin, *maging masalita ka sana, maging mapagbati sa kapuwa, maging mabait, makalakad nang matuwid at mabilis tulad sa lakas ng usa*. Ang salitang *sap-uy* ay nangangahulugang panggamot sa anumang nararamdaman ng bata, mga sanhi kung bakit siya hindi makalakad. Bagay na nagpapahiwatig sa likas na pangangalaga ng mga Imangali sa kanilang mga anak, ipinapakitang ginagawa nila ang kanilang pinapaniwalaangmakagagamot upang mapalakas ang bata at makalakad.

DOMANG/UMAPU

(domang - binibigkas nang mabilis) (umapu - binibigkas nang maragsa)

Isa itong mahal na okasyon na inihahanda ng magkabilang panig na kaanak ng mga magulang ng bata. Magkakatay sila ng kalabaw upang pasalubungan ang pagdating ng mga apo sa kanilang bahay. Bago ang araw ng pagdiriwang, ipinapaalam sa mga ninuno ng ama ng bata na sadyang bibisita ang kanilang apo sa kanilang bahay at ipagsasabi rin sa lahat ng kaanak upang mapaghandaan ng lahat ang naturang okasyon. Samantala ang mga panig naman ng ina ng bata ay maghahanda ng espesyal na kakanin na tinatawag na *Inandila*. Sa paggawa nito'y may kahirapan kaya inaanyayahan ang lahat ng kababaihan sa baryo upang tumulong sa paghahanda nito. Ito'y isang espesyal na kakanin ng mga taga-Kalinga mula sa nabayong malagkit na babalutin ng isang dahong damo (*takung*) na hugis parihaba. Ito ay hahaluan ng maraming latik upang maging malasang-malasa. Kapag naluto na ang *Inandila*, ilalagay ng kababaihan sa mga *langaya* o parang bayong na lalagyan. Pagkatapos maiayos lahat ang matitirang inandila ay ibabahagi sa bawat isang nakitrabaho bilang pagtikim sa kanilang niluto. Kasabay ng pagbisita ng bata ay ang pagbuhat ng *langaya* na may inandila upang dalhin sa bahay ng mga ninuno ng ama ng bata, at sa pagdating nila ay maligayang tatanggapin ang pagdating ng kanilang apo. Ipinapakita dito ang pagmamahal ng mga lolo at lola sa kanilang mga apo, isinasagawa ito sa abot ng kanilang makakaya maging may kaya o wala sa buhay, mapasaya lamang ang kanilang mga apo.

AWIL

(awil - malumay ang bigkas)

Ang dalang *inandila* ay ibabahagi sa mga kaanak ng bata na naroon at bilang pagsubali at pagpapakita ng pagmamahal sa bata ay hahandugan siya ng manok, bungor, o maaari din namang pera. Hindi lingid sa ritwal na ito ang malapit na ugnayan ng magkakamag-anak, ang pakikibahagi at pakikiisa ay kitang-kita, ganoon din ang pagsuporta sa pagpapalaki sa bata.



Sa parehong araw ay magkakatay naman ang mga lolo sa ama ng bata ng isang kalabaw o maaaring malaking baboy kung kukulangin ang badyet o depende rin sa estadong kanilang buhay.

SIPAT

(sipat - binibigkas nang malumay)

Ito ay bahagi pa rin ng ritwal na *domang* kung saan ang mga ninuno ng bata ay magbibigay ng *sipat*. Ito ay isang uri ng *bongor*, *lumyang* o *addongan* - mga mamahaling *bongor* ng mga Ikalunga na ginawang pulseras, maaaring isabit sa leeg o sa kamay ng bata. Bukod sa mga ninuno ng bata ay maaariding magbigay ng sipat ang iba pang kaanak ng bata.

Addongan na bongor ng Kalinga (kuwintas)



Isa sa pinakamahalagang materyal na kultural sa mga Imangali ay ang bongor, isang kayamanang maraming gamit bilang simbolo ng halaga. Ang mga *Kalinga Heirloom Beads (bongey)* ay mga materyal kultural ng kagandahan na nagpapaalala sa kanilang nakaraan (Tuguic, 2016).

SALAW-AT

(salaw-at - binibigkas ito nang malumay na may glottal na pasara sa pagitan ng W at ikatlong A)

Ito ay kumot o *oban* na ibibigay sa nagdala at kumandong sa bata sa pagpunta sa bahay ng lolo at lola niya sa okasyon ng *domang* bilang pasasalamat. Para naman sa mga nagbuhat ng *inandila* o malagkit sa *langaya* ay binibigyan ng pera o maaaring maliit na baboy kung ito lamang ang mayroon. Ito ay pagkilala sa kagandahang-loob na ginawa, bagay na nagpapakita ng halagahan ng pasasalamat sa kapuwa.

OBAN



SIBIT

(sibit – binibigkas ito nang malumay)

Kahawig ito ng *domang*, ang kaibhan lamang ay mga lolo at lola ng bata sa ama ang gagawa nito, samantala sa *domang* ay parehong maaaring gawin ng magkabilang panig. Sa ritwal na ito, magkakatay ang mga lolo at lola ng bata sa ama at yayain ang buong tribu upang makikain. Manifestasyon ito ng pagmamahal ng mga lolo at lola sa apo sa abot ng kanilang makakaya. Ito ang mga bagay na pinakamataas na pagpapakita ng pagmamahal sa ngalan ng kultura, hindi lamang ito tungkol sa pagkatay ng hayop kundi ang magandang layunin ng okasyon.

POLOT

(polot – binibigkas nang mabilis na may bar line sa taas ng L)

Tumutukoy ito sa unang paggupit sa buhok ng bata. Sa unang paggupit sa bata mula nang maipanganak ito ay kailangang magkatay ng isang tandang upang ang bata ay lumaking malakas at matapang parang sa tandang. Ipinapakita sa ritwal na ito ang lubos na pag-aalala sa kapakanan ng bata habang lumalaki. Nais ng mga magulang na lumaking malakas at malusog ang bata sa kaniyang pagkakalikha bilang isang lalaki.

B. PAG-AASAWA

May dalawang uri ng pag-aasawa sa mga Imangali, ito ay ang:

1. Kontrak (Contracted Marriage)

Tumutukoy ito sa uri ng pag-aasawa kung saan ang mga magulang ang may kasunduan. Madalas itong nangyayari sa mga panganay na anak na kailangang ihanap ng panganay din na anak na kaparehong may minanang ari-arian sa mga magulang. Maaari ding hindi panganay ngunit may kapantay na ari-arian (Manisem, 2014). Ang ganitong uri ng pag-aasawa ay walang katiyakan. Maaaring sa paglaki ng mga bata at kung sila ay may sarili nang pagiisip, sila ang mamimili ng aasawain. May mga pagkakataon ding magkakatuluyan ang mga ito lalo kung pinapahalagahan nila ang nakagisnang kultura at kontrolado ng mga magulang ang mga desisyon nila. Maaari ding magkakatuluyan ang mga ipinagkasundo kung nagkataon din na mahal nila ang isa't isa. May mga dahilan ng sistemang kontrak (A. Reyes, 2014): ginagawa ito ng mga may kayang pamilya upang manatili ang kayamanan ng magkabilang panig at upang manatili rin ang estado nila sa lipunan; upang mapanatili ang ugnayan ng lahi kung hindi man ay magiging malapit pa lalo ang magkabila; upangmagkaayos ang dalawang panig bilang isang solusyon, lalo kung may mga alitan sa pagitan ng dalawang pamilya; at minsan ay para sa seguridad ng babae sa anumang maaaring panganib sa buhay niya.





Ayon sa natuklasan ni Reyes sa kaniyang pag-aaral, hindi kaiba ang pag-aasawa ng mga Ifugao, ipinagkakasundo rin ng mga magulang at ang mga nakatatanda sa kanilang komunidad. *The Ifugao wedding is a well-established ritual in Chaja interwoven with traditional ceremonies and rites and requires material and financial offerings in the observance of the ceremonies.* Sa karamihan, ang ganitong okasyon ay magastos dahil ito ay dinadaluhan ng lahat ng kaanak, mga kaibigan at lahat ng tao sa sinasakupang komunidad (A. Reyes, 2014). Ang pagbibigayan ng anumang bagay mula sa parehong panig ng babae at lalaki ay isang kontrol o kondisyon upang ang dalawang ipinagkasundo ng mga magulang ay magkakatuluyan (Pauls, 2023).

Kung matuloy ang kasunduan, narito ang proseso.

BADONG

(badong - binibigkas ito nang mabilis)

Ang *badong* ay isang *dote* o *dowry* na ibibigay ng mga magulang ng lalaking anak sa mga magulang ng babaeng anak bilang palatandaan na magsisimula na ang pormal na kasunduan ng magkabilang panig. Ito ay sa pamamagitan ng *bongor* (kuwintas), maaaring *addongan/kinubal/malda-u o impit* – ito'y mga uri ng bongor ng mga Imangali na mamahalin. Sa oras na tinanggap ito ng kabilang panig, pag-uusapan na ang araw ng *balbalikas*. Ipinapakita dito ang halaga ng kasunduan ng dalawa, bagay na hindi basta ipagwalang-bahala kundi pakaiingatan panghabang-buhay ng mag-asawa. Ayon sa pag-aaral ni Twala (2007) sa pamamahala sa buhay-panlipunan ng mga tao sa Zulu at Swazi, ang mga *bongor* (*beads*) ay itinuturing na panlipunang parusa sa mga kadahilanang ito ay ginagawang mga tanda o *token* ng pagmamahalan ng dalawang tao mula sa magkabilang tribu.



DADDAWAY

(daddaway – binibigkas nang mabilis)

Bago ang araw ng *balbalikas*, ang magkabilang mga magulang ay magkakaroon ng *daddaway* o kaya *ak-katod*. Ito ay ang pagbibigayan ng mga gulay o prutas na mayroon bilang palatandaan na bahagi sila ng pamilya ng kabilang panig. Likas sa mga Imangali ang pagbibigayan ng mga gulay, prutas o anumang bagay na maaaring ipamigay lalo sa mga produkto ng agrikultura, gawa ng walang kalsada upang ibenta sa palengke. Ngunit sa daddaway, madalas na nagbibigayan ang dalawang pamilya kahit kaunti lamang basta may maibigay. Ito'y pagpapakita ng respeto sa pamilya ng mapapangasawa.

BALBALIKAS

(balbalikas - binibigkas ito nang mabilis)

Bago ang araw ng *balbalikas*, lahat ng mga kaanak ng dalawang panig at ang mga tao sa buong nayon ay inanyayahan

na dumalo upang makibahagi. Ito ay gaganapin sa bahay ng babae na magiging asawa. Dito na gagawin ang pagkatay ng kalabaw kung saan hahatiin ito sa dalawang bahagi. Ang kalahati ay siyang iluluto at kakainin ng lahat ng dumalo, samantala ang bandang ulo o **lungus** ay ibibigay sa panig ng lalaki na iuuwi at susundan ng ilang katao. Isinasagawa ito bilang pagpapakita ng buong pagsuporta ng mga pamilya ng dalawang magkontrak. Hindi lamang ang mga pamilya kundi ang suporta ng buong tribu, magsisilbi rin silang saksi sa kasunduang ito kaya hindi ito basta madaling masira. Kung masisira man o hindi sila magkakatuluyan ay kailangan ding dumaan sa maraming ritwal at nang maiwasan ang hindi pagkakaintindihan ng magkabilang panig.



SUBBAT

(subbat – binibigkas ito nang malumi)

Pagdating sa bahay ng lalaki ay magkakatatay din sila ng baboy bilang **subbat**. Ito ang magiging hapunan ng mga taong dadalo. Dito na pag-uusapan ang tungkol sa **salaw-at**. Pagkakapantay ang ipinapahiwatig nito anumang estado ng pamilya sa buhay. Nagpapakita rin ito ng pagbati sa pagdating ng magiging manugang sa pamilya.



SALAW-AT

(salaw-at – binibigkas ito nang malumay na may glottal na pasara sa pagitan ng W at ikatlong A)

Ang **salaw-at** ay anumang bagay na ibibigay sa mga nagdala ng **lungus** o ulo ng kalabaw. Maaaring damit o pera, depende sa kung anong mayroon ang maghahandog, bilang tanda ng pasasalamat at pagrespeto sa mga tumulong at nakibahagi sa okasyon. Pagkatapos ng **subbat** at **salaw-at**, ang mga kaanak ng lalaki naman ang magdadala ng **lungus** ng baboy sa bahay ng babae. Hindi na kailangang samahan ng ibang tao.

Mga halimbawa ng mga bagay na maaaring ibigay bilang *salaw-at*



Maaaring bilang pasasalamat at pagrespeto sa mga kaanak na nagdala ng *lungus* ay aalayan ng basi o maaaring pakainin lamang. At katulad ng nagyaring *salaw-at* sa una ay gagawin din sa mga kaanak na naghatid ng *lungus*. Ito ay pagkilala sa tulong o pakikiisa sa okasyon ng *balbalikas*, pagpapahalagang hindi dapat kalimutan sapagkat ang lahat ng bagay na ipinagpapasalamat ay may karagdagang biyaya.

MITALOG

(maitalog– mabilis bigkasin na may bar line sa taas ng L)

Ito ang pagtira ng babae sa bahay ng mga magulang ng lalaki ngunit ito ay mangyayari kung ang babae ay nasa edad na kayang gawin ang mga trabaho sa bahay tulad ng paghuhugas ng mga pinaglutuan at pinagkainan, pag-iigib ng tubig, pagbabayo ng palay, paglalaba at iba pang gawaing bahay. Maaari ding ang lalaki ang makitira sa bahay ng mga magulang ng babae kung marunong din siyang gumawa ng mga gawaing panlalaki sa bahay tulad ng pagsibak ng kahoy, pangangahoy at iba pa. Ito ay upang masanay sa pagiging kaisang pamilya. At dahil mga bata pa sila ay hindi muna papayagang magkasiping hanggat hindi narating ang tamang edad. Sa kaugaliang Imangali ang paggawa ng mga trabahong bahay sa pamilyang dinatnan ay pagpapakita ng pagrespeto at pagmamahal. Dito sinusubok kung siya ba talaga ay karapat-dapat na maging asawa ng kanilang anak at ito ay paraan na rin upang magkaroon ng sapat na pagkakataon na makibagay sa pamilyang dinatnan.

2. Ang Pangkaraniwang Pag-aasawa

Bukod sa kontrak na paraan ng pag-aasawa, karamihan din sa mga Imangali, katulad sa iba pang mga lugar, ang pag-aasawa ay maaari ding sa ngalan ng pag-ibig. Sa karaniwang pag-aasawa, ang indibidwal ay may sariling pamantayan sa pagpili ng nais niyang maging asawa tulad ng pagiging magalang, mapagpakumbaba, mabait, masipag, marunong makipagkapuwa lalo sa mga magulang ng aasawain at iba pang dahilan (**Barton, 1994**). Noong unang panahon, ang unang hakbang ng panliligaw ay sa pagbibigayan ng *moma* o nganga ng mga Imangali. Kapag nagugustuhan ng binata ang isang dalaga ay mag-aalay ng nganga sa dalaga at kapag ito’y tinanggap ng dalaga, ibig sabihin ay may gusto rin ang dalaga sa binata, kasabay noon ang pagkukwentuhan nila tulad ng *Idawawak de moma ta an-ig igammuwanta* (Ibibigay ko ang nganga upang tayo’y magkakilala). Kapag hindi tinanggap ay nangangahulugang hindi siya gusto. Ang ganitong kaugalian ay naipakita rin sa kuwento ng *ullalim - The Magical Birth of Banna* ni **Francisco Billet** (2001) kung saan ang pag-ibig ni Dulliyaw kay Dulaw ay nagsimula sa pagnguya ng nganga kaya nabuo ang anak na si Dulliyaw. Ipinakita sa kuwento ang kapangyarihan ng *moma* sa mga Ikalanga.



GAGGAKAY

(gaggakay – malumay bigkasin, walang tunog ang K)

Ang sumunod na hakbang ay ang *gaggakay* – naipakita na may palatandaang may gusto ang babae dahil sa pagtanggap ng moma kaya isusulong na ng binata ang panliligaw. Ang binata ay aakyat ng ligaw sa dalaga sa gabi kapag tulog na ang mga tao para walang makakita at nang maiwasan ang ibang taong makikialam nang hindi pa nabubuo ang pagliligawan. Para papasukin sa loob ng bahay ay haharanain muna ng binata sa pamamagitan ng *kullitong* o *baladong* – mga instrumentong yari sa kawayan ng mga Imangali. Sa puntong ito, hindi kaaya-ayang tingnan kung bubuksan ng dalaga ang pintuan para makapasok ang binata dahil ang ipinapahiwatig nito ay madali lamang makuha ang babae, kaya ang bahay ng dalaga ay saradong-sarado at ang binata na ang maghahanap ng paraan upang makapasok. Hindi ito nagpapahiwatig ng kawalang galang dahil ito talaga ang nakaugalian upang hindi masabing mababang uri ka ng babae. Kailangang maghirap ang lalaki bago siya makapasok. Wala rin itong bahid malisya na maaaring magnakaw ang tao o manloloko kung hindi, ito ay bahagi lahat ng isang panliligaw upang masubok ang katatagan ng manliligaw. Kung nagkasundo na ang dalawa ay hahakbang na sa *badong*.

“Courtship whistling” is a way for couples to plan meetings together later on. Formerly, it was done with a flute until 1915. Each couple has their own unique tone, recognizing the other and creating their own code of whistles that no one else can understand. Although only short messages are usually exchanged, the Kickapoo can carry out entire conversations — adding new meaning to the phrase: “left me breathless.” (Global Citizen, 2023)



BADONG

(badong - binibigkas nang mabilis)

Kung may kasunduan na ang dalawa na magkakatuluyan, ang binata ay hihingi ng **bongor** - karaniwang **impit** (uri ng **bongor**) sa mga magulang niya para ibigay sa dalaga bilang tanda ng pagmamay-ari na niya sakaniya. Ibig sabihin hindi na siya puwedeng ligawan ng iba at hindi na rin maaaring manligaw ng iba ang binata. Isang pangako ang pagbibigay ng **bongor** na hindi dapat mabalewala at tanda ng malinis na layunin sa nililigawan.

NGILIN


(ngilin - binibigkas nang malumay)

Ito ang araw kung saan ipapahayag sa mga tao na ang dalawa ay mag-asawa, magkakatay ang mga magulang ng lalaki sa kanilang bahay sa dakong umaga bilang pagtanggap sa dalagana kaniyang mga manugang. Ang pagdiriwang ay lalahukan ng mga kaanak ng magkabilang panig at ang mga kanayon upang sila ay magbibigay ng mga payo sa kung paano maging matagumpay ang pagsasama ng dalawa. Ipinapaalala din dito ng matatanda ang tatlong pinakaesensiyal na mga pagpapahalaga ng mga Ikalanga: ang **paniyaw**, **ngilin** at **ba-in**. Ang **paniyaw** ay isang napakahigpit na pagbabawal sa isang kilos base sa paniniwalang ang kaugalian ay sagrado at hindi ginagawa ng isang ordinaryong tao sapagkat ito ay may kaakibat na parusa mula sa mga *sobrenatural*. Ang **ngilin** naman ay tumutukoy sa mga limitasyon na dapat sundin ng isang pangkat-etniko. Ang **ba-in** ay tumutukoy sa anumang gawaing may kinalaman sa pagrespeto sa sarili, sa kapuwa at kay kabunyan (S. Reyes, 2001).

AN-IYAKTOY

(an-iyaktoy – binibigkas ito nang malumay na may *glottal* na pasara sa pagitan ng N at I)

Isang ritwal ang pagbasa sa atay ng kinatay na baboy na isasagawa ng isang matandang bihasa sa ganitong gawain. Sa kaniyang pagbasa, kapag ang atay ay may sugat o kaya'y may mga itim na bahagi, ibig sabihin may nagbabadyang suliranin sa mag-asawa o maaaring hindi sila magkasundo at kapag naman ang atay ay malusog at walang bahid na sugat nangangahulugan naman itong magkakaroon ng magandang pagsasama ang mag-asawa. Ang ngilin ay dapat na panandalian lamang upang maiwasan ang anumang gulo na maaaring magawa ng mga lasing na kalalakihan sapagkat paniyaw, maaaring ang pagsasama ng mag-asawa ay magiging magulo rin habambuhay.




LAPA o ang malamang hita ng nakatay na baboy, pagkatapos ng **ngilin** sa bahay ng lalaki ay iuuwi ang hita ng baboy sa bahay ng babae bilang tanda na siya ay *naingilinan* (tapos na ang ngilin) at siya na ay ganap na asawa. Sa puntong ito ay magkakatay naman ang mga magulang ng babae upang ipaalam ang pagtanggap sa asawang lalaki, magkakaroon din ng programa upang ipahayag din ng matatanda ang kani-kanilang mga payo sa mag-asawa.



ATOD

(atod - binibigkas ito nang mabilis)

Ang atod ay isang ritwal na isasagawa kapag ang mag-asawa ay hindi nabibiyayaan ng anak, ito ay sa pamamagitan ng pagluluto ang mga magulang ng asawang babae ng *inandila* (espesyal na kakanin ng mga Ikalanga) upang ihatid sa bahay ng mga magulang ng asawang lalaki kasama ang isang matandang tagapagsalita o *mediator*. Sa bahay ng mga magulang ng lalaki, bilang tugon ay magbibigay sila ng mga piling *bongor* o kuwintas, dalawang pirasong *lumyang*, isang pirasong *impit*, limang pirasong (bogas) mamahalin, isang *tinukduwan*, *tinali (patundanum)*, *tinali (kinubal)*. Ang mga ito ay mga uri ng *bongor* o kuwintas ng mga Imangali na ibibigay sa layong magdadala ng magandang kapalaran sa mag-asawa at magkakaroon ng maraming anak ang mag-asawa, at dahil mamahalin ang mga ito ay pinaniniwalaan ding magdadala ng magandang pamumuhay sa mag-asawa. Sa pagwawakas ng ritwal ay bibigyan ang *mediator* ng *salaw-at*, maaaring pera o gamit bilang pasasalamat sa pagsama at sa maayos na daloy ng kaganapan.



C. Pagkamatay

BOGGA

(bogga - binibigkas ito nang malumay)

Ito ay agarang pagsigaw sa oras na nalagutan ng hininga upang ipaalam sa buong tribu na may namatay. Isinasagawa ito ng tatlong beses para marinig ng lahat, sa oras na may nag**bogga** (*wooo!*), agad magsisidatingan ang lahat ng tao upang makiramay at tumulong sa mga gawain sa bahay ng namatayan. Sa ganitong pagkakataon, lahat ng mga tao sa komunidad ay magtutulon-tulong upang maisagawa ang paghahanda sa bahay ng namatayan, indikasyon ng pakikiisa at pagtutulungan ng buong komunidad.

SANGDIL

(sangdil - malumay ang bigkas nito)

Halos kasabay ng *bogga*, ang *sangdil* ay ang pagkatay ng maliit na baboy upang ialay sa mga hindi nakikitang elemento o multo. Kailangang marinig ang pag-iyak ng biik para mabaling ang atensiyon ng mga multo at hindi maagaw ang bangkay. Habang pinapatay ang biik ay may binubulong ang isang matanda, kinakausap ang mga di nakikitang elemento para sila'y lumayo-layo at nang wala nang kikitlin pang buhay.

TONGYAB

(tongyab - binibigkas ito nang malumay)

Ito ay pag-inom ng *bayas* o alak bilang kapares ng *sangdil* o ang maliit na baboy na kakatayin para maamoy ng masasamang espiritu at makalayo-layo sila sa bahay ng namatayan. Ito ay pagpapakita ng pagrespeto sa mga elementong hindi nakikita na bahagi ng kalikasan, pagsasaalang-alang sa ibang nilalang na bahagi ng sanlibutan.

BAWI

(bawi – ito ay binibigkas nang malumay)

Isang damayan na ritwal kung saan ang mga katribu ay sama-samang magtatayo ng mga kahoy o kawayan sa harap mismo ng bahay ng namatayan at ito ay lalagyan ng mga *kumut* o dahon ng mga saging upang pagsilungan ng mga tao sa araw-gabi na pagbabantay sa patay at pakikiramay sa pamilya. Sa mga Ibaloi naman, nagbabayanihan din sila sa mga gawain sa panahon ng paglalamay tulad ng pagpapaligo sa katawan ng namatay ng mga malayong kaanak habang ang ibang katribu naman ay abala sa paggawa ng upuan ng bangkay.

SANGDIL

(sangdil - binibigkas ito nang malumay)

Ito'y paraan ng pag-ayos sa bangkay kung saan pauupuin sa isang parang upuang pasadyang ginawa na yari sa kawayan. Ito ay ginagawa upang ipakita ang kagandahan ng namatay sa pamamagitan ng pagsuot o paglagay ng mga ari-arian tulad ng *bongor*/kuwintas na ilalagay sa may noo at sa leeg, *lubay* na ilalagay sa tainga, *tinali* (maliliit na *bongor*) sa may pulso, *panay*/porcelain upang pagpatungan ng kamay, *gusi* na ilalagay sa may paanan at ang pagsuot ng *ginamat*/kain (saya ng mga Imangali). Katulad din ng mga Tingian, sinusuotan ang bangkay ng pinakamagandang damit at ito ay isinasayos sa upuan at nilalagyan ng *suwaho* sa bibig, samantala sa mga taga-Benguet naman ay pinipiringan ang mga mata ng bangkay bago iayos sa upuan sa may entrada ng bahay. Sa Sagada naman ay ibinibitin ang bangkay sa matatarik na bahagi ng bundok sa paniniwalang para lumapit sa langit (Newcomb, 2023)

Panay



Lubay



Ginamat



Gusi



Tinali



Bongor



LUBANG

(lubang - binibigkas ito nang malumay)

Isang kagawian sa unang araw ng lamay kung saan, bata man o matanda ay magtutulungan sa paghukay ng libingan (matatanda) at paghakot ng bato (mga bata at matatanda) na gagamitin sa libingan. Magkakatatay ang namatayan ng baboy at ibabahagi ang karne na hindi pa luto sa lahat ng tumulong bilang pasasalamat. Manipestasyon ito ng pagkilala sa kagandahang-loob ng mga katribu, at pagpapakita rin ng komunidad sa pakikiisa at pakikiramay nila sa pamilya ng namatayan sa mga oras ng pighati na kanilang nararanasan.

Sa pag-aaral naman ni Agnes Reyes (2014), isang ritwal ng mga Ifugao sa patay ang tinatawag na *ammuhu* na isinasagawa bago ilagay ang bangkay sa loob ng kabaong. Kailangan muna nilang ilipat-lipat sa bawat bahay ng mga anak at kung ninais pa ay maaaring pati sa bahay ng mga kaanak, ang bawat paglipat ay may kaakibat na tulong pinansiyal. Tulad din sa Mangali, bawat kainan ay magkakatatay sila ng baboy na iluluto para may kakainin ang mga taong nakikipaglamay. Sa Mangali ay hindi lamang baboy ang puwedeng katayin dahil maaari din ang kalabaw o baka, depende sa kung ano ang kaya ng pamilya.

Samantala sa mga Ibaloi naman, ang pagkatay sa mga hayop para sa mga patay ay kailangang pares (*even numbers*). Pinaniniwalaang ang ganitong pagkatay ay isang sakripisyo upang magbigay ng kasiyahan sa kaluluwa ng namatay, kasalungat naman ng mga *Karaos* kung saan kailangan namang isa-isa (*odd numbers*) ang pagkatay (Celino, 1990).

UTUNG

(utung - binibigkas ito nang mabilis)

Ito ay pagkatay ng isang kalabaw na karaniwang isinasagawa sa ikatlong araw ng lamay, bawal kainin ito ng mga kapamilya at kaanak ng namatay dahil kapag kinain mo ito, para na ring kinain mo ang inyong kaanak na namatay. Sadyang para lamang ito sa mga taong hindi kaano-ano ng namatay na dumalo sa lamay. Sa Kaigurutan, karaniwan ang pagkatay ng mga hayop tulad ng baboy, baka, at kalabaw kapag may namatay na miyembro ng pamilya bilang pag-aalay sa mga ninunong lumisan na. Hindi rin kaiba ang kaugalian ng mga Ifugao kapag may namatay, halos bawat kainan ay nagkakatatay sila ng mga hayop para ially sa kanilang diyos at sa mga naninirahang ninuno sa kanilang lugar. Kailangan din nilang pakainin ang lahat ng taong nakikipaglamay sa araw at gabi.

DANDAN-AG

(dandan-ag – binibigkas ito nang malumay na may glottal na pasara sa pagitan ng ikalawang N at ikatlong A)

Kapag ang namatay ay isang matanda na at may mga apo, ang *dandan-ag* ang siyang isasagawa. Ito ay binubuo ng grupo ng kakabaihan at kalalakihan na magsasagutan, isa itong awit o *chant* na pumapaksa sa mga napagtagumpayan niya sa buhay at magagandang alaala noong siya ay buhay pa.

Halimbawa ng mga linya

Kababaihan: *Ak ina e ummoyon, pugsatom de ullatoy ta iyagay da matoy.* Inang lumisan, sirain ang tulay ng kamatayan nang wala nang kasunod pang mamamatay. (Ang ina ay maaaring palitan depende sa namatay)

Ito ay pagpapahayag ng kalungkutan sa yumao na tulungan sila upang wala na sanang kasunod pa, nang hindi na maulit ang ganitong nararamdamang kalungkutan.

Kalalakihan: *Nassuwoy de allagoy, natoy de amappagoy.* Panghihinayang at nalagot na ang taong masipag.

Ito ay pagpapahayag ng panghihinayang sa katangian ng taong yumao dahil sa kaniyang kasipagan noong nabubuhay pa.

SUSSULAY

(sussulay - binibigkas ito nang malumay)

Ito ay isang larong ligawan sa pamamagitan ng pangkatang pag-awit, may dalawang panig na magsasagutan nang paawit. Ang panig ng matatandang kakabaihan ang magsisimula ng isang pag-anyaya upang ipakilala ang isang dalaga, pakikingan naman ng kabilang panig ng mga matatandang kalalakihan upang sagutin naman ng pagpapakilala rin ng isang binata hanggang mabuo ang kuwento ng pagliligawan ng dalawa sa pamamagitan ng sagutan ng awit. Kung magkasundo ang usapan ng dalawang panig ay maaaring magkatuluyan ang dalawa.

Grupo ng kababaihan: *tuwak kad de balliga, idatong nu pammoma.* May dalaga dito, iparito ang *moma* (nganga)

Ito'y panimulang pagyaya sa kabilang panig upang sumagot, ang tinutukoy na dalaga rito ay ang nais nilang ipareha sa binata.

Grupo ng kalalakihan: *Tuwak kad de tunggayu, iddatong nu tubaku.* May binata dito, iparito ang *tubaku* (tabako).

Ito naman ang isasagot ng kabilang panig bilang pagtanggap sa hamon ng panig ng kababaihan, ipinarating nila sa kabila ang kagustuan sa dalaga mula sa binata sa kanilang panig.

ADANG

(adang - binibigkas ito nang mabilis)

Ito ay isang halimbawa ng bayanihan ng mga tribung Mangali sa pamamagitan ng pagtulong sa namatayan upang may gagamitin sa paglalamay upang hindi mahirapan ang pamilya ng namatayan sa mga gastusin o abuloy. Ang *adang* sa mga Imangali ay maaaring pera, aso, baboy, kalabaw, bigas, gulay, kape o anumang maaaring ibigay na kailangan sa panahon ng paglalamay. Ang mga abuloy na may buhay tulad ng mga hayop ay sapilitang papalitan kapag namatayan naman ang mga nagbigay ngunit sa mga ibang hindi buhay ay hindi naman sapilitang palitan. Ipinapakita rito ang halagahan ng pagtutulungan, pakikiisa, at pakikiramay ng komunidad sa panahon ng kagipitan at kalungkutan.

Ito ay isang obligasyong panlipunan sa mga Imangali, isang natatanging kaugaliang hinahangaan ng ibang baryo dahil sa laki ng *adang* o abuloy na nakokolekta sa panahon ng kalungkutan. Bawat pamilya ay magbibigay, anuman ang estado sa buhay, maliit o malaking tulong.

KADAMAL

(kadamal – binibigkas ito nang malumay, walang tunog ang K at may bar line sa itaas ng L)

Ito ay isang ritwal na isinasagawa sa hapon pagkatapos ng libing. Kung lalaki ang namatay, magluluto sila ng *niludag* (kakaning iluluto sa kawayan) na may kapares na *bangsulo* (maliliit na isdang ilog) at kung babae naman ay magluluto ng *pinantolok* (malagkit na nabayo, hahалан ng ginadgad na niyog at iluluto sa malaking kaldero) na may kapares din na bangsulo. Aanyayahan ang mga kaanak at mga kapitbahay na makikain.

SONGOT

(songot - binibigkas ito nang mabilis)

Kapag naluto ang kakanin ay maglalagay sila sa *panay* o *porcelain* at tatakluban din ng isa pang *panay* at ito ay itatali upang ibitin sa puntod ng namatay, magsisilbi itong baon ng namatay upang hindi siya magutom sa mahaba niyang biyahe. Sa gawaing ito, ipinapakita ang pagpapahalaga at pagtitiwala sa susunod na buhay pagkatapos ng buhay sa mundong ibabaw. Sa Apayao man ay may mga ritwal ding sinusunod katulad ng pagligo sa patay bago maiburo kung saan kailangang paliguan agad ang mga labi upang mawala lahat ng anumang itinuturing na *duma*, pagkatapos ay aayusan ng magandang damit upang sa ganoon ay kaaya-aya sa mga ninunong naunang namatay na. Isa ring ritwal nila ang pagkatay ng hayop upang pakainin ang mga taong

nakikipaglamay pagkatapos ipaalam ang pagkamatay sa buong komunidad. Pag nailibing na ay magpapaapoy sila sa may kuweba upang hindi makaramdam ng lamig ang namatay (Celino, S., 1990).

Base sa mga nakalap na datos, may tatlumpu't limang mga termino o salita na ginagamit sa ilang ritwal at paniniwala ng mga Imangali. Ang mga terminong ito ay magsisilbing talasalitaan at pagkakakilanlan ng mga Imangali na laging magpapaalala sa kanilang kultura, na siyang nagbubuklod at nagbibigkis sa kanila bilang isang pamilya at komunidad.

Magagamit ang resulta ng pananaliksik na ito sa pagtuturo ng mga araling may paksa tungkol sa kultura tulad ng asignaturang Cordillera 101 na kasama sa kurikulum ng mga nasa unang taon ng kolehiyo sa lahat ng kurso sa buong Cordillera. Ang naturang asignatura ay pumapaksa sa kultura ng iba't ibang probinsya ng Cordillera, ang kanilang mga paniniwala, ritwal, gawain, sining, literatura at iba pang katulad. Ang nagiisang unibersidad sa lalawigan ng Kalinga, ang Kalinga State University ay nagtayo ng Center for Language na may layuning mag-offer ng short courses sa sinumang nais mag-aral sa iba't ibang wika, maging lokal o internasyonal. Ang kalalabasan ng pananaliksik na ito ay magiging materyal, na gagamitin ng mga nais mag-aral sa wikang Kalinga, partikular ang Mangali sa naturang sentro.

Sa pagtuturo ng mga bata ay mainam na marunong ang guro sa kontekstuwalisasyon partikular ang *indigenization* ng mga aralin upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral kung ang pinag-uusapan ay tungkol sa kanilang sarili. Iminumungkahing magkaroon ng integrasyon ng mga katutubong wika at kultura sa pagtuturo para sa mas epektibong pag-aaral ng mga aralin.



MGA SANGGUNIAN

Celino, S. M. (1990). *Death and Burial Rituals and other Practices and Beliefs of the Cordillerans*.

Eberhard, David M., Gary F. Simons, and C. D. F. (eds.). (2023). *Ethnologue: Languages of the World, Twenty-sixth edition* (T. Dallas (ed.)). SIL International. Online version. <http://www.ethnologue.com>

Garcia, M. Y. (2009). *Ang relasyon ng wika at kultura*. 53, 0–2.

Global Citizen. (2023). *9 Unique Fruits from Around the World*. <https://www.healthline.com/health/food-nutrition/exotic-nutritious-fruits#1.-Durian>

Guzman, M. F. D. De, Eblacas, I. E. & Lasco, G. R. (2021). Open Access THE INTEGRATION OF INDIGENOUS PEOPLES (IPs) STUDIES / EDUCATIONIN THE HIGHER EDUCATION INSTITUTION (HEI) CURRICULA: A LITERATURE REVIEW. *American Journal of Humanities and Social Sciences Research*, 3, 113–120. <https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/03/L2153113120.pdf>

King, L. & Schielmann, S. (2004). *The Challenge of indigenous education: practice and perspectives*.

Leabres Jr., J., Jose, M., Nuqui, A., Nogoy, J., Pudadera, R. & Ramos, W. (2019). Maternal and Infant Care Beliefs and Practices of Aeta Mothers in Central Luzon, Philippines. *Journal of Health and Caring Sciences*, 1(1), 33–40. <https://doi.org/10.37719/jhcs.2019.v1i1.oa003>

Mangahis, J. C. (2010). Ang Pagkatuto ng Pangalawang Wika at Asimilasyon ng Kultura *. *Philippines Ejournals*, 1, 127–135. <https://ejournals.ph/article.php?id=7983>

Palacio, M. B. A., Palacio, C. S., Ebuenga, L. C. & Valladolid, E. S. (2014). *Maternal-Infant Health Beliefs and Practices of Mothers in Resettlement Sites in the Province of Albay*. 5(5), 38–42.

R., S. (2014). Cultural Practices and Beliefs on Newborn Care Among Mothers in a Selected Hospital of Mangalore Taluk. *Journal of Health and Allied Sciences NU*, 04(02), 021–026. <https://doi.org/10.1055/s-0040-1703759>

Rappler.com. (2023). Wikang Katutubo: Ang

- Pagkakakilanlan ni Juan. *PINULONGAN*. <https://pinulonganph.wordpress.com/about/>
- Reyes, A. (2014). The Socio – Cultural Life of the Ifugao of Chaja , Mayoyao , Ifugao , Philippines : It’s Educational Implication. *International Research Journal of Social Sciences*, 3(2), 44–50.
- Reyes, S. (2001). *Kalinga Social Life: Yesterday, Today, and Tomorrow*.
- Rudi Lewis. (2023). *The Ceremony of Hair*. <https://rudilewis.com/the-ceremony-of-hair/>
- Sappa, G. D., & Wangiwang, M. J. D. (2016). Language expressions in the selected rituals and practices of the Mangali sub-tribe. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences*, 5(6), 902-918.
- Southey, E. (2020). Fascinating Wedding Traditions From Around the World. In *Wedelf*. <https://wedelf.com/wedding-traditions-around-the-world/>
- Tuguic, A. L. (2016). Polyhedron and culutral value in the Kalinga heirloom beads. *International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences*, 5(6), 620–626.



Si **MARYJOYCE DUPALI-WANGIWANG** ay isang tubong Mangali, Tanudan, Kalinga, sa piling ng mahal na asawa na si Apolinario Dumalan-Wangiwang na isang *scout ranger* at K-9 ay nabiyayaan ng apat na masisiglang anghel na sina Ivan Dale, Shanaia, Jericho Lee, at Dwight Jeremy.

Sumubok makipagsapalaran sa larangan ng edukasyon kung saan nagsimula sa antas elementarya sa Tanudan *Central School*, taong 1979-1985 at nagpatuloy sa sekundarya sa Tanudan *Vocational High School* taong 1985-1989. Tumuntong sa kolehiyo sa *Saint Louis University Baguio City* at tinapos ang kursong *Bachelor of Secondary Education*, medyor sa Filipino sa ilalim ng *SEGEAP Scholarship* taong 1989-1993. Taong 2001 naman ay tinapos ang *Master of Arts in Education Filipino* sa *St. Louis College of Bulanao* at noong taong 2009 ay nagtapos ng kaniyang *Doctor of Philosophy major in Education Development* sa Kaling-Apayao *State College* na ngayon ay *Kalinga State University*.

Unang nagturo sa St. Paul’s Sayangan, Atok, Benguet noong 1993-1996, St. William’s Academy Bulanao taong 1996-1999, St. Louis College of Bulanao 1999-2006. Kasalukuyang nagtuturo sa *Kalinga State University* mula 2006 hanggang ngayon sa *College of Education*.

Sa larang ng pananaliksik ay pinagtuuan ang wika at panitikan, kultura at mga paksang may kaugnayan sa mga mag-aaral: Tema at Pagpapahalaga sa Ullalim (Ang Mahiwagang Pagkapanganak kay Banna) - Epiko ng Kalinga, Mga Paniyaw Hango sa Ilang Literatura ng Kalinga Pagsasatitik sa mga Pasalindilang Literatura ng Kalinga, Tasasyon sa Pagtuturo ng mga Akdang Pampanitikan Pilipino sa *Institute of Teacher Education*, Simbolismong Kultural sa Kuwento ng *Sleeping Beauty*, *Language Expressions in the Selected Rituals and Practices of the Mangali Subtribe*, at marami pang pananaliksik na may kaugnayan sa kultura, wika, at panitikan.



Internasyunal na Lupon ng mga Editor

Romulo P. Baquiran, Jr. PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Joi Barrios-LeBlanc, PhD

University of California Berkeley
USA

Rowena Cristina L. Guevara, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Ramon G. Guillermo, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Emmanuel M. Luna, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Fidel R. Nemenzo, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

So Obata, PhD

University of Shizuoka
Japan

Dina Joana Ocampo-Cristobal, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Masanao Oue, PhD

Osaka University
Osaka, Japan

Victor Paz, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rogelia Pe-Pua, PhD

University of New South Wales
Australia

Epifanio San Juan, Jr. PhD

Philippine Cultural Studies Center
Connecticut, USA

Sachi Takahata, PhD

University of Shizuoka
Japan

Nicanor G. Tiongson, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Rolando B. Tolentino, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

Tereso S. Tullao Jr. PhD

Pamantasang De La Salle
Pilipinas

Galileo S. Zafra, PhD

Unibersidad ng Pilipinas
Pilipinas

**Panimulang Pagsusuri sa Talipapa:
Antolohiya ng mga Tulang Pambata:
Isang Meta-Dokumentasyon**
R.B. Abiva

**Pagbuo at Balidasyon ng
Tala ng mga Pang-Unibersidad na Akademik at
Administratibong Termino at
Nomenklaturang Isinalin sa Filipino**
Ariel Ursolon Bosque
Ricardo H. Momongan Jr.

**Ang Wika ng Mag-asawang Laykong Lingkod ng
St. Clare of Assisi Parish, Malabon mula sa Iba't Ibang Konteksto
Gamit ang Pag-aaral ni Maggay**
Ramilito B. Correa

**Wika ng Lahi: Mga Natatanging Termino sa
Ilang Piling Ritwal at
Paniniwala ng mga Imangali**
Maryjoyce Dupali-Wangiwang

